# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa detalye ng ulat o balitang narinig.

**Pagpapahalaga** : Pagpapahalaga sa ating mga ninuno, Wastong Pakikinig

## II. Paksang Aralin:

Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Detalye ng Ulat o Balitang Narinig

**Sanggunian** : Diwang Makabansa- Wika V p.49 Pamana pp. 2-7
BEC, PELC Pakikinig: Blg.1 p.35
**Lunsaran** : "Ang Ating Mga Ninuno"
**Kagamitan** : tape recorder

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagganyak***

Sinu-sino sa inyo ang mahilig makinig ng radyo?
Anong impormasyon ang maririnig natin sa radyo?
Bukod sa mga bagong balita, anu-ano pa ang mga maririnig natin?"

### B. 1. *Paglalahad*

Iparinig sa mga bata ang nakateyp na ulat tungkol sa ating mga ninuno na hango sa Pamana pp 2-7.

Ipaalala sa mga bata ang mga pamantayan sa mabisang pakikinig at pagkuha ng mensaheng narinig.

**ANG ATING MGA NINUNO**

May tatlong pangkat ng tao ang dumating sa Pilipinas; ang mga Negrito, ang mga Indones at ang mga Malayo. Sila ang maituturing na mga naunang nanirahan sa Pilipinas.

Ang mga Negrito ang naunang pangkat ng tao na namalagi rito sa ating kapuluan. Nakarating sila dito sa pamamamagitan ng pagdaan sa mga lupang tulay. Sila ay maliliit, maiitim, sarat ang ilong, makapal ang labi, at kulot ang buhok. Nabuhay sila sa pangangaso, panghuhuli ng isda at pagsasaka.

Sumunod na dumating ang mga Indones na nahati sa dalawang pangkat. Ang unang pangkat ay nakarating mula sa Timog - Silangang Asya.

2. ***Pagtalakay***

Pag-usapan ang detalye ng ulat na narinig.

Pagsagot sa tanong.

a. Sinu-sino ang ating mga ninuno batay sa ulat na narinig?
b. Saan-saang lugar sila nanggaling?
c. Paano sila nakarating sa Pilipinas?
d. Ilarawan ang kanilang kaanyuan.
e. Paano natin mapahahalagahan ang ating mga ninuno?

3. ***Pagsasanay***

Pangkatin ang mga bata sa lima at ipasulat sa bawat pangkat ang mahahalagang detalye tungkol sa ulat na narinig at tinalakay gamit ang "mapping"

**C. Pangwakas na Gawain**

1. ***Paglalahat***

a. Anu-ano ang mahahalagang detalye ng ulat na narinig tungkol sa ating mga ninuno?
b. Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga detalye ng ulat o balitang napakinggan?

## IV. Pagtataya:

Magparinig ng nakateyp na maikling ulat tungkol sa panahanan ng ating mga ninuno hango sa Pamana pp. 8-9 at isusulat ng mga bata ang detalye ng balita sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan.

**Panahanan ng mga Unang Pilipino**

Ang mga unang Pilipino ay nanirahan sa mga kwebang malapit sa dalampasigan at mga gubat. Palipat-lipat sila sa iba't ibang pook na matitirhan. Sila ay tinatawag na nomads. May Ilan namang gumawa ng bahay sa itaas ng mga puno. Ang mga Badjao naman sa Sulu ay nakatira sa mga bangkang bahay.

a. Saan-saan nanirahan ang mga unang Pilipino?
b. Ilarawan ang kanilang mga bahay.
c. Ano ang tawag sa mga taong palipat-lipat ng tirahan?
d. Bakit itinayo ng ibang ninuno natin ang kanilang bahay sa itaas ng punongkahoy?

## V. Takdang-Aralin:

Makinig ng balita sa radyo mamayang alas 7 ng gabi at itala ang mahahalagang detalye ng ulo ng mga balita.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin

- ❖ Lohikal na napagsusunud-sunod ang mga ideya sa ulat o balitang napakinggan.

**Pagpapahalaga** : Paggalang sa Relihiyon ng Iba

## II. Paksang Aralin:

Pagsusunod-sunod ng mga Ideya sa Ulat o Balitang Napakinggan.

**Sanggunian** : BEC 2, PELC 35: Pakikinig Blg. 3 p.35; Pamana p. 37-38
**Lunsaran** : Ang Pagdating ng Islam sa Pilipinas

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral:
   Sinu-sino ang mga ninuno natin?
   Sino sa kanila ang unang dumating?
   Sino ang sumunod?

2. Pagganyak:
   Anu-ano ang inyong relihiyon?
   Dapat bang magkagalit ang dalawang taong magkaiba ang relihiyon? Bakit hindi?
   Paano natin maipapakita ang paggalang sa relihiyon ng iba?
   Ano ang relihiyon ng mg ninuno natin sa katimugan ng na siya ring relihiyon ng marami doon sa kasalukuyan?

### B. 1. *Paglalahad*

Paano lumalaganap ang Islam sa Pilipinas?

Iparinig sa mga bata ang isang ulat tungkol sa paglaganap ng Islam sa Pilipinas na hango mula sa Pamana p. 37-38.

**Ang Pagdating ng Islam sa Pilipinas**

Isang pandaigdigang kalakalan ang naganap pagpasok ng ika-10 siglo na naging daan sa pagpasok ng relihiyong Islam sa ating bansa. Sa paglalakbay ng mga Arabeng mandaragat patungong silangan ay narating nila ang Hang pulo sa Pilipinas.

Si Karim ul-Makhdum, isang Arabeng iskolar, ay ang unang misyonerong Muslim na dumating sa Pilipinas. Nagtungo siya sa Sulu matapos ang isang matagumpay na paglaganap ng Islam sa Malacca, Siya ay tinawag na tuan Sharif Auliya, isang titulong iniuukol sa banal na tao.

2. ***Pagtalakay***

Pag-usapan ang detalye ng ulat na narinig at kung paano aayusin ang mga pangyayari nang sunud-sunod.

a. Sinong dayuhan ang nagdala ng pananampalatayang Islam sa Pilipinas?
b. Isa-isahin ang mga misyunerong nagdala ng Islam sa Pilipinas sa tamang panunuran.
c. Anu-ano ang naging kontribusyon ng bawat isa sa paglaganap ng Islam?

3. ***Pagsasanay/Paglalapat***

Pangkatin ang mga mag-aaral at ipaayos sa bawat pangkat ang wastong pagkakasunudsunod ng mga pangyayari tungkol sa ulat. Ang mga ito ay nakasulat sa "strips of cartolinas" at ang bawat pangkat ay maguunahan sa pag-aayos.

a. Dumating si Raha Baginda na taglay ang kaisipang pulitikal.
b. Ipinalaganap ni Raha Siat Saen ang Islam sa Maynila.
c. Sinimulan ni Kabungsuan ang sultanato sa Maguindanao.
d. Dumating Si Syyid Abu Bakr at itinatag ang sultanato.
e. Galing ng Malacca, dumating si Karim ul-Makhdum.

### C. Pangwakas na Gawain

1. ***Paglalahat***

a. Ano ang dapat tandaan sa lohikal na pagsusunud-sunod ng mga ideya sa ulat o balitang napakinggan?
b. Ano ang Kahalagahan ng may kakayahang pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa mga ulat o balitang narinig?

## IV. Pagtataya:

Babasahin ng guro ang isang ulat at hayaang pagsunud-sunurin ng mga bata ang mga pangyayari.

**Ang Mamang Muslim**

Si Ali ay Tsang Muslim. Naniniwala. siya na walang ibang Diyos maliban kay Allah. Tuwing sasapit ang ika-9 na buwan sa kalendaryong Mohammedan, nag-aayuno siya sa kabuuan ng buwang ito. Hindi siya kumakain mula pagsikat ng araw hanggang paglubog ng araw. Nagdarasal rya ng limang ulit sa maghapon. Nagbibigay din sya ng ika-10 bahagi ng kanyang kita sa mga nangangailangan na isa sa mga kautusan ni Allah.

Ayusin ang mga sumusunod sa wastong panunuran.

a. Binibigyan ng ika-10 bahagi ng Inyang kita ang mga nangangailangan
b. Nag-aayuno siya sa buwan ng Ranadan.
c. Limang beses sa Tsang araw kung siya aVmagdasal.
d. Naniniwala si All kay Allah.
e. Hindi siya kumakain maghapon.

## V. Takdang-Aralin:

Manood ng balita alas 6 ng gabi at magtala ng limang pangyayari tungkol sa ulo ng balita at ayusin ang mga ito nang sunud-sunod.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

❖ Naibibigay nang malinaw ang ulat sa balitang napakinggan.

**Pagpapahalaga** : Wastong Pakikinig

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay ng Malinaw na Ulat sa Balitang Napakinggan

**Sanggunian** : Diwang Makabansa V p. 51; Manwal ng Guro p. 42-43 Pamana p. 39; BEC, PELC: Pakikinig 3 p. 35
**Lunsaran** : Ang Pananampalatayang Islam
**Kagamitan** : Tape recorder

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Ano ang dapat tandaan sa lohikal na pagsusunud-sunod ng mga ideya sa ulat o balitang napakinggan.

2. ***Pagsagot/Pagtsek sa Takdang-aralin***

3. ***Pagganyak***
   Kung ikaw ay nakikinig ng ulat o balita, ano ang ginagawa mo para maisalaysay mong muli ito nang malinaw?
   Bakit dapat maging malinaw sa pagsasalaysay ng mga balitang narinig?

**B.** 1. ***Paglalahad***

Ipaalala sa mga bata ang mga pamantayan sa mabisang pakikinig. Iparinig sa mga bata ang nakateyp na ulat tungkol sa Pananampalatayang Islam na hinango mula sa Pamana p. 39

**Ang Pananampalatayang Islam**

Ang salitang "Islam" ay nagmula sa salitang Arabe na ang kahulugan ay "kapayapaan" Ito ay isang relihiyong itinatag ni Mohammed, isang kilalang propeta. Ang mga kasapi sa relihiyong ito ay tinaguriang mga Muslim. Allah naman ang taguri sa kanilang Panginoon.

Para sa mga Muslim, walang ibang Panginoon kundi si Allah at si Mohammed ang sugo niya. Ang kanilang banal na aklat kung saan napapaloob ang mga batas at tuntunin na kanilang sinusunod ay ang Q'ran (Koran).

2. ***Pagtalakay***

   Ipasagot ang mga tanong tungkol sa balitang ipinarinig.

   a. Saan nagmula ang salitang Islam?
   b. Ano ang kahulugan nito?
   c. Sino ang nagtatag nito?
   d. Ano ang taguri sa mga kasapi ng relihiyong ito?

3. ***Pagsasanay***

   Ipabigay nang malinaw ang ulat na narinig nang pasalita sa ilang mga bata.
   Ipasulat sa papel ang mahahalagang detalye ng ulat na narinig.

### C. Pangwakas na Gawain

1. ***Paglalahat***

   Ano ang dapat gawin upang maisalaysay muli nang malinaw ang ulat/balitang narinig?
   Ano ang kahalagahan nito?

## IV. Pagtataya:

Babasahin ng guro ang maikling ulat tungkol sa pag-aayuno na hango sa p. 29 ng Ang Pilipinas sa Iba't Ibang Panahon at ipasusulat sa sariling pangungusap ang ulat na narinig.

**Ang Pag-aayuno ng mga Muslim**

Ang Pag-aayuno ay paraan ng pagsisisi ng kasalanan ng mga Muslim. Ginagawa ito sa buwan ng Ramadan mula ika- 4:00 ng umaga hanggang sa paglubog ng araw. Ito ay tumatagal nang 29 o 30 araw. Hindi lamang pagpigil sa pagkain ang pag-aayuno.Ito ay pag-iwas din sa pag-iisip, pagkilos at pagsasalita nang masama. Ang di pagtupad ng tungkuling ito nang walang sapat na dahilan ay isang rnabigat na kasalanan.

## V. Takdang-Aralin:

Manood ng Balita at isulat sa sariling pangungusap ang detalye ng unang " segment" na iuulat.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Nakikinig at nakikilahok sa mga kapulungang pampurok/pangsimbahan

**Pagpapahalaga** : Paggamit ng magagalang na salit sa pagpupulong

## II. Paksang Aralin:

Pakikinig sa Isang Kapulungan

**Sanggunian** : PELC -Pakikinig Blg 4,p.35
**Kagamitan** : Record ng isang pagpupulong "Cassette recorder"

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagganyak***

Magpakita ng larawan ng isang pagpupulong.
Ano ang nakikita nyo sa larawan?
Nakadalo na ba kayo sa isang pagpupulong?

### B. Paglalahad

Pakikinig sa cassette record ng isang pagpupulong.
Hal. Pasisimulan natin ang pulong.
Basahin ang katitikan ng nakaraang pulong. Kung walang tututol ay pagtitibayin natin ang katitikan……….

### C. Pangwakas na Gawain

1. ***Paglalahat***

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

- Anu-anong magagalang na ekspresyon /salita ang ginagamit sa pagpupulong?
- Bakit kailangang gumamit ng magagalang na pananalita sa pagpupulong?

D. **Pagsasanay**

**Panuto:** Ano ang ekspresyong ginamit.

Piliin sa mga sumusunod na salita ang tamang ekspresyon na ginamit.

| | | |
|---|---|---|
| Iminumungkahi | hapag | basahin |
| Pinapangalawahan | ipinapasok | |

E. **Paglalapat**

Pangkatang Gawain

Pangkat A:

Panuto: Sumulat ng isang diyalogo na ginagamit ang mga ekspresyon sa pagpupulong.

- Magpabasa ng 1 o 2 diyalogo.
- Itanong ang mga ekspresyong ginamit

Pangkat B:

Panuto: Magsadula ng isang pagpupulong. Amitin ng ga ekspresyong angkop sa pagpupulong. Ipasabi sa mga bata ang mga ekspresyong ginamit.

## IV. Pagtataya:

1. Pakinggang muling record ng pulong.
2. Sabihin/ Isulat ang mga ekspresyong narinig.

## V. Takdang-Aralin:

Maghanda ng isang dula-dulaan gamitin ang mga ekspresyon/salita sa pagpupulong.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Naipaliliwanag sa sariling pangungusap ang paksa ng tula/kwento/impormasyong narinig.

**Pagpapahalaga** : Pagmamahal/Pagpapahalaga s riling Kultura

## II. Paksang Aralin:

Pagpapaliwanag sa Sariling Pangungusap ng Paksa ng Tula/Kwento
Ang Munting Makata: " Sumbat ng Inang Wika"

**Sanggunian** : BEC,PELC-Pakikinig Big. 5, p. 35
Diwang Makabansa 5- Pagbasap.89-93 Wika p. 68
**Kagamitan** : tsart/aklat

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1 Balik-aral

Anu-ano ang mga ekspreyong ginagamit sa:

a. Pagbukas ng pulong
b. Pagbubukas ng hapag sa nominasyon
c. Pagpapasok ng pangalan o nominasyon
d. Pagmumungkahi ng pagsasara ng nominasyon, atbp.

**B.** 1. ***Paglalahad***

Paghahawan ng balakid

**Panuto**: Pagbibigay ng kahulugan sa mga sumusunod na salitang ginamit sa tula at paggamit sa bawat salita sa sariling pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| madalumat | sumbat | itinakwil |
| pahikbi | panginorin | nakahuma |
| natatanggap | naninimdim | naulinig |

2. Pagbasa ng guro sa tulang "Sumbat ng Inang Wika"

**SUMBAT NG INANG WIKA**

Malalim na yaong gabi, payapa ang panginorin. Samantalang nakatunghay ang mga talang nagniningning; Ako'y biglang nagulantang nang ang diwa ay gisingin Ng tinig na naulinig na wari ko'y dumaraing.

Tinungo ko ang bintana at hinagod ng pangmalas Ang maluwang na bakurang may bato't rehas; Di naglaon ay humantong ang mga mata kong naghahanap sa babaing nasa pinto, tila mandin tumatawag. "Nanghihingi lang ng limos nayayamot kong nasabi, "Bakit naman alanganin? Kung kelan pa gabing-gabi; Di ko sana papansinin ang tawag ng pulubi,Ngunit tinig n'ya'y balaning sa aki'y di magpakali.

3. ***Pag-unawa sa tula***

**Panuto**: Pangkatin ang mga bata. Ipasagot ang mga tanong. Ipaulat ang mga nagawang sagot sa sariling salita.

1. Paano binasa ang tulang ipinakopya ng guro?
2. Ano ang ibig sabihin kapag nababasa ang isang tula nang may damdamin?
3. Bakit naglalakad sa gitna ng dilim ang babaing binabanggit sa tula?
4. Tunay bang pangyayari o panaginip lamang ang babaing tumatawag sa pinto? Patunayan ang sagot.
5. Ano ang paksa ng tulang binasa?

## C. Paglalahat

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Madamdamin ba ang pagbigkas sa tula?
2. Tama ba ang bigkas o himig sa bawat salita?
3. Ano ang paksa ng tulang narinig?

## D. Pagsasanay

Panuto: Pakinggang mabuti ang wastong bigkas ng mga salita at ang tamang himig ng tinig ng tulang 'Pag-ibig sa Sariling Wika."

**PAG-IBIG SA SARILING**

Ako'y umiibig sa sariling. wika,
Pag-ibig na tapat, wagas at dakila;
Di ko ipapalit sa diwang banyaga
Pagkat aking mahal ang wikang pambansa.

## IV. Pagtataya:

Tumawag ng 2 o 3 bata at ipasagot ang tanong.

Paghambingin ang paksa ng tulang "Sumbat ng Inang Wika` at Pag-ibig sa Sariling Wika."

## V. Takdang-Aralin:

Ibigay ang paksa ng tulang “Manuel Luis Quezon” at “Mga Bayani ng Wika”

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

❖ Naibibigay ang paksa ng tulang narinig.

**Pagpapahalaga** : Pagmamahal sa Sariling Wika

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay sa Paksa ng Tulang Narinig

**Sanggunian** : BEC 6 pp. 36; Diwang Makabansa, Pagbasa ph.89
**Kagamitan** : tula- "Sumbat ng Inang Wika"

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Magpaligsahan sa pagbibigay ng pangunahing diwang nag-uugnay sa bawat pangkat ng mga bagay na babasahin ng guro tulad ng:

| | |
|---|---|
| a.) talampas<br>bundok<br>kapatagan<br>lambak | b.) Andres Bonifacio<br>Apoiinario Mabini<br>Jose Rizal<br>Emilio Jacinto |

   c.) Nangangasiwa sa paaralan;
   katuwang ng mga guro sa kanilang pagtuturo
   tumatanggap at nakikipag-ugnayan sa mga tao sa pamayanan

2. Ngayon ay isa namang tula ang babasahin ko. Sikaping alamin kung tungkol saan ito.
   Tula - " Sumbat ng Inang Wika", DM, Pagbasa ph. 89

**B.** 1. Paghanap sa gawing kanan ng tamang kahulugan ng mga salitang nasa gawing kaliwa.

| | |
|---|---|
| 1. sumbat | a. nabagabag |
| 2. natatap | b. sisi |
| 3 binalisa | c. nakakibo |
| 4. naninimdim | d. nagdaramdam |

2. Ano ba ang nais nyong malaman sa tula? Pagbasa ng guro sa tula.

3. ***Talakayan***

a. Tungkol saan ang tulang napakinggan?
   Ano ang ibig sabihin o kahulugan ng paksa?
b. Pagsagot sa mga iba pang tanong.
   Paano binasa ng guro ang tula?
   Ano ang ibig sabihin kapag nababasa ang isang tula nang may damdamin?
c. Pagtalakay sa impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng wikang pambansa.

### C. Pangwakas na Gawain

Pagbibigay ng paksa sa kwentong babasahin ng guro/bata.

Maliit na bansa lamang ang Pilipinas at ito ay binubuo ng maraming malalaki at maliliit na mga pulo. Ang iba't-ibang pook sa Pilipinas ay pinaghihiwalay ng matataas na bundok at malalawak na mga karagatan. Dahil dito, iba-iba ang wika ng mamamayan sa Pilipinas. Bunga nito, ang mga Pilipino noong unang panahon ay walang pagkakaisa dahil sa hindi sila magkaintindihan. Sa pamamagitan ng pangunguna at pagsisikap ni Pangulong Quezon, nagkaroon tayo ng wikang Pambansa.

## IV. Pagtataya:

Pagbibigay ng buod sa bawat talatang babasahin ng guro.

Maraming kaugaliang kapuri-puri ang mga Pilipino. Isa na rito ang mabuting pagtanggap sa mga panauhin. Kabilang din ang paggalang sa matatanda at sa kababaihan. Ang mahigpit na pagkakabuklod ng mag-aaral at ang pagtutulungan sa oras ng pangangailangan ay mga kapuri-puring kaugaliang dapat manatiling buhay.

## V. Takdang-Aralin:

a. Pakikinig ng balita sa radyo.
b. Pag-uulat sa paksa ng bawa't balitang narinig.

# FILIPINO V

**Date: _____________**

## I. Layunin:

- Naisasalaysay sa sariling pangungusap ang buod ng impormasyong napakinggan.

**Pagpapahalaga :** Pagpapahalaga sa Edukasyon

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay sa Sariling Pangungusap ng Buod ng Impormasyong Napakinggan.

**Sanggunian :** BEC- PELC Blg. 7 pp. 36;
Batayang Aklat V, Pamana, ph. 15
**Kagamitan :** Impormasyon - "Ang Paraan ng Edukasyon ng mga Unang Pilipino"

## III. Pamamaraan:

### A. Bago Makinig

1. Pag-usapan ang sistema ng edukasyon sa kasalukuyan.
2. Paghawan ng balakid
   Ano ang salitang maiuugnay sa salitang:
   a.) edukasyon b.) pananampalataya
   **Paksa:**
   Ang Paraan ng Edukasyon ng mga Unang Pilipino
   Di-pormal ang sistema ng pag-aaral ng ating mga ninuo. Wala silang mga gusali at ang kanilang mga guro ay ang kanilang mga magulang at iba pang mga nakatatanda. Ang kanilang pag-aaral ay walang nakatakdang oras. Ang pangkaraniwan na asignaturang pinag-aaralan nila ay ang pagsulat, pagbasa, at pagbilang. Ang pag-aaral patungkol sa kagandahang asal at pananampalataya ay binigyang halaga rin….p.8
   **Pagbasa at Pagsulat**
   Nabanggit natin sa Aralin 1, na nang dumating ang mga Malayo ay may dala na silang paraan ng pagbabaybay o alpabeto. Dito hinango ng mga Unang Pilipino ang kanilang sistema ng pagbasa at pagsulat. Ayon sa mga mananaliksik, ang ating unang alpabeto ay hango sa Sanskrit ng India.
3. Ganito rin ba ang sistema ng edukasyon noong unang panahon?

### B. Pagsasalaysay ng Impormasyon


Paraan ng Edukasyon ng mga Unang Pilipino, ph. 15

### C. Pagkatapos isalaysay ang impormasyong napakinggan,

1. Pangkatang gawain ng mga bata.

Hayaan silang ibigay ang mahahalagang impormasyong napakinggan at ayusin ito sa wastong pagkakasunud-sunod upang mabuo ang buod nito.

2. Ipakikita ng guro sa pisara - Semantic Webbing"




3. Talakayin kung paano nakukuha o nabubuo ang buod ng impormasyong napakinggan.

## D. Paglalapat

Pagsulat sa buod ng impormasyong napakinggan na sinusunod ang wastong pamantayan sa pagsulat

## IV. Pagtataya:

Iparinig ang isang balita sa "Tape Recorder" at hayaan silang isulat ang buod nito.

## V. Takdang-Aralin:

Basahin ang kwento at sikaping ibigay nang wasto ang buod nito.

Sina Marie at Ana bagamat magkasama ay magkaribal sa klase. Kapwa sila matalino kaya lagging nagpapataasan sila ng marka. Sa kabila ng Pagiging magkaribal nila sa klase, sa mata ng lahat, sila ay magkaibigang matalik at matamis ang kanilang pagsasama…..p.9

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Naisasagawa nang wasto ang tagubiling

**Pagpapahalaga** : Wastong paggamit sa likas na yaman

## II. Paksang Aralin:

Pagsasagawa nang Wasto sa Tagubiling Narinig

**Sanggunian** : BEC,PELC: Pakikinig Blg. 8, pah. 36
**Kagamitan** : Batayang Aklat sa HEKASI — Pamana 5, pah. 50-52

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Anu-ano ang mga pamantayan para sa mabisang pakikinig?




2. Kung kayo ay binigyan ng mga tagubilin, naisasagawa ba ninyo nang tama?

### B. Paglalahad:

1. Isulat sa ibaba ang iba't-ibang uri ng likas na yaman na matatagpuan sa ating bansa. Magbigay ng mga halimbawa ng bawat isa.
2. Basahin nang malakas ang mga pahina 50-52 habang nakikinig ang klase.
3. Obserbahan kung sinunod nila ang mga pamantayan sa wastong pakikinig.

### C. Paglalahat

Ang Pilipinas ay isang mayamang bansa. Hindi lamang sa mga mamamayan niyang malikhain, kundi pati sa mga yamang kalikasan. Unang-una, dahil siya ay isang arkipelago at napaliligiran ng tubig. Ang Pilipinas ay pinagpala ng mga masasaganang katubigan at tugmangtugma ang kanyang mga lupain sa pagsasaka. Binagayan pa ito ng klima na angkop din sa mga gawaing agrikultura. Dahil dito tinatagubilinan ang 'lahat na ingatan at alagaan ang mga ito. Tungkulin din nating panatilihing malinis ang kapaligiran.

### D. Pagsasanay

1. Basahin sa mga bata ang kwento
2. Ipasagot ang mga sumusunod:
   a. Sa anu-anong bagay mayaman ang bansang Pilipinas?
   b. Magbigay ng halimbawa ng likas na yaman.
   c. Magbigay ng mga paraan kung paano natin ito malilinang.
   d. Magbigay ng mga payo kung paano mapapangalagaan ang ating mga likas na yaman.

## IV. Pagtataya:

Dalhin ang mga bata sa bakuran ng paaralan. Hatiin sa apat na pangkat. Ibigay ang mga tagubilin sa ilalim nito sa lider ng bawat pangkat. Tingnan kung maisasagawa ng bawat pangkat ang tagubiling sinasabi ng lider nila.

## V. Takdang-Aralin:

Kung may naisip ang guro na mga tagubiling angkop sa kanilang kapaligiran, maaari niyang palitan ang nariritong tagubilin at ipagawa ang mga ito.

**Mga Pinagkukunang Yaman**

Sa naunang aralin, ating napag-aralan ang ibat'ibang paraan ng pangkabuhayan nag ating mag ninuno. sa ating pag-aaral ay ating napansin na napakamalikhain ng mga Unang Pilipino. Natuklasan nila ang mga pamamaraan ng paghahanagbuhay at ginamiy nila anang lubos ang kanilang kapaligiran nang hindi dumating sa kapinsalaan o pagkaubos ng mga yaman nito…….p 10-11

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

❖ Nauulit sa iba ng tagubiling napakinggan.

**Pagpapahalaga** : Pagpapahalaga sa mga yamang tubig.

## II. Paksang Aralin:

Pag-uulit sa Iba ang Tagubiling Narinig

**Sanggunian** : BEC, PELC: Pakikinig Blg. 9; pah. 36
**Kagamitan** : trart, record ng isang tagubilin, cassette player.

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Ano ang dapat gawin para makuha nang wasto ang tagubiling narinig?
2. Anu-anong sakit ang alam ninyong dala ng dumi at polusyon sa tubig? Ng hangin?
3. Anu-ano ang epekto ng dulot ng yamang tubig?

### B. Paglalahad

Ipabasa ang tagubilin na nakasulat sa tsart.

### C. Pagtalakay

1. Bakit ipinagbabawal na naman ang pagkain ng tahong, talaba at iba pang uri ng kabibe sa Bataan, Cavite at Manila Bay?
2. Bakit mabilis na kumalat ang red tide?
3. Paano nakaaapekto ang red tide?

### D. Pagsasanay

Punan ang puwang ng angkop na sagot.

1. ________ na naman ang pagkain sa tahong at iba pang uri ng kabibe.
2. Ayon sa _________, ang pagkuha, pagbebenta at pagkain ng lamang-dagat tulad ng tahong, talaba sa nasabing lugar ay mahigpit na ipinagbabawal.

## IV. Pagtataya:

1. Pakinggang muli ang record ng tagubilin.

2. Ipaulit nang malinaw sa iba ang tagubiling narinig.

## V. Takdang-Aralin:

Makining sa isang tagubilin sa balita sa telebisyon at ipaulit ang napakinggang tagubilin sa klase kinabukasan.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Naiuulat ang mga tagubiling napakinggan sa sariling pangungusap.

**Pagpapahalaga** : Pagpapahalaga sa Pangangailangan ng Pamilya

## II. Paksang Aralin:

Pag-ulat ng Tagubiling Napakinggan

**Sanggunian** : BEC, PELC: Pakikinig Blg. 10; pah. 36
**Kagamitan** : tsart (kahon 1) ng halimbawa ng tagubilin at (kahon 2) kung paano ito isinulat sa ibang pangungusap

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Pakikinig ng sagot sa takdang aralin
2. a. Iniwan ka na ba ng iyong nanay sa inyong bahay na nag-iisa?

   b. Anu-ano ang mga paala-ala sa iyo?

### B. Paglalahad

Pakikinig sa tagubiling ibibigay ng guro.
Makipag-ugnayan sa mga kamag-aral mo at makipagtanungan ng tungkol sa pangunahing pangangailangan ng pamilya. Suriin ang mga impormasyong nakalap. Bigyan ito ng kahulugan at gamiting sagot ukol sa pangangailangan ng pamilya.

Alamin ang pangunahing pangangailangan ninyo sa pamilya at suriin ang mga nakalap na impormsyon.

### C. Pagtalakay

1. Anu-ano ang mga gawaing ipinagagawa sa napakinggang tagubilin?
   Paghambingin ang tagubilin sa tsart 1 at sa mga pangungusap sa tsart 2.
2. Paano iniulat ang tagubiling napakinggan?

**D. Pagsasanay**

Pumili ng isang bata na aakto bilang guro at ipabasa ang mga tagubilin habang ang mga bata ay matamang nakikinig. Ipaulat ito sa sariling pangungusap.

a.) Dalhin ang mga sumusunod na kagamitang kinakailangan sa paggawa ng proyekto sa HEKASI tulad ng kartolinang puti, pentel pen at color pen.

b.) Magpangkat- pangkat ng tig-aapat. Magtanghal ng maikling dula-dulaan na nagpapakita ng magandang-asal at ugali sa paggawa.

**IV. Pagtataya:**

Gumawa ng isang ulat tungkol sa nagawa o ginagawa mo sa inyong pamilya na nagbibigay kahulugan sa moral sa paggawa. Basahin ito at humingi ng mga payo sa mga kamag-aral sa alin pang bagay na makapagpapatingkad ng inyong moral sa paggawa.

**V. Takdang-Aralin:**

Sumipi ng isang tagubilin sa isang aklat. Isulat ito sa sariling pangungusap.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

**I. Layunin:**

❖ Nagagamit sa pagpapahayag/ pagsasalaysay ang mga uri ng pangungusap ayon sa gamit.

**II. Paksang Aralin:**

Paggamit sa Pagsasalaysay/ Pagpapahayag ang mga Uri ng Pangungusap ayon sa Gamit

**Sanggunian** : BEC —PELC Blg. 1 pp 35
Diwang Makabansa p. 13
**Kagamitan** : plaskard

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***
   Sabihin kung anong uri ng pangunguasap ang mga sumusunod;
   a. Aba, tataasan pala ang ating pamasahe!

b. Magkano ba ang itataas?
c. Hindi ko alam kung magkano.

2. ***Pagganyak***
Tumawag ng dalawang batang gaganap sa dayalogo (nakasulat sa tsart)

**B. Paglalahat**
Hayaang magbigay ng salaysay ang mga bata na gagamitin ang mga uri ng pangungusap.

**C. Pagsasanay**
Pangkatang Gawain
Pagpangkatin ang mga bata sa apat na grupo. Hayaan silang magsalaysay ng sariling karanasan na ginagamit ang mga uri ng pangungusap.

**D. Paglalapat**
Gamitin uli ang apat na grupo. Bawat grupo ay magsasalaysay ng isang pangyayari na nasa ibaba na ginagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. _

1. Sumobra ang sukli sa iyo ng drayber.
2. Nakapulot ka ng walet sa inyong paaralan.
3. Hindi ka nakagawa ng takdang- aralin.
4. Nahuli ka ng grupo mong nangongopya.

## IV. Pagtataya:

Hayaang magsalaysay ang bawat pangkat sa ginawa nila ngayong bakasyon na ginagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.

## V. Takdang-Aralin:

Hatiin ang kaklase sa dalawang pangkat. Ipagawa ng usapan ang sitwasyon sa ibaba na ginagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Isulat ang usapan sa Manila Paper.
Nag-uusap ang magkaklaseng Minda at Rosa. Nagkita sila makalipas ang dalawang buwang bakasyon.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nagagamit sa pagpapahayag ng sariling kaisipan at damdamin ang iba't-bang uri ng pangungusap.

**Pagpapahalaga** : Paggalang

## II. Paksang Aralin:

Paggamit ng Iba't- Ibang Uri ng Pangungusap sa Pagpapahalaga ng Sariling Kaisipan at Damdamin

**Sanggunian** : BEC-PELC Blg. 2 pp. 35
**Kagamitan** : Mga larawan

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
Isulat sa patlang kung ang pangungusap ay pasalaysay, patanong, pautos, o padamdam.
_____ a. Mano po, Tiyang.
_____ b. Nakikilala po ba ninyo alto?
_____ c. Ay! Ikaw pala Lumen.

2. ***Pagganyak***
   - ❖ Mahilig ba kayong manood ng TV?
   - ❖ Anong palabas ang gustong-gusto ninyo?
   - ❖ Sino ang gusto mo sa mga gumaganap dito? Bakit?

**B.** 1. ***Paglalahad***

Tumawag ng dalawang bata. Ang isang bata ang gaganap na Mang Kulas at ang isa ay gaganap na Aling Celia.

Mang Kulas : Naku, madalang na talaga ang mga puno sa ating kabundukan! Bakit mahilig magputol ng mga puno ang mga nakapaligid diyan?
Aling Celia : May nagtrotroso kasi diyan sa malapit na bundok.
Mang Kulas : Bukas, sabihan mo ang mga anak rrlo na aakyat tayo sa bundok at magtanim tayo ng mga halaman.

**Itanong** **:** Aling pangungusap ang nagtatanong? Nag-uutos? Nagsasalaysay? Nagsasaad ng matinding damdamin?

### C. Pagsasanay

Pangkatin ang klase sa dalawang pangkat. Ang isang pangkat ay gagawa ng usapan tungkol sa pagbibigay ransom sa mga biktima ng kidnaping at ang isa ay salungat sa pagbibigay ransom sa rnga biktima ng kidnaping.

### D. Paglalapat

Punan ang usapan

Nakita mong malungkot ang kapatid mong si Sonia dahil malapit na ang kanyang kaarawan. Paano mo siya pasasayahin?

Sonia : Talaga Ate. Ipaghahanda mo ako?
Ate : ____________________________
Sonia : Anu-ano ang ihahanda natin?
Ate : ____________________________
Sonia : Yehey!

## IV. Pagtataya:

Hatiin uli sa dalawa ang klase. Ang isang grupo ay gagawa ng usapan tungkol sa paghahanda para sa darating na araw ng kalayaan at ang isang grupo ay para sa pagdiriwang sa araw ng kalayaan.

## V. Takdang-Aralin:

Gumawa ng usapan tungkol sa ginagawang paghahanda para sa pasukan.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Nagagamit sa pagsasalaysay ang mga uri ng pangungusap ayon sa kayarian tulad ng payak, tambalan o hugnayan.

## II. Paksang Aralin:

Paggamit sa Pagsasalaysay ng mga uri ng Pangungusap ayon sa kayarian tulad ng Payak, Tambalan at Hugnayan.

**Sanggunian** : BEC -PELC Blg. 3 pp. 35
**Kagamitan** : mga larawan

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Sabihin kung ang pangungusap ay payak o tambalan.
   a. Ang taas ng bayad ko sa kuryente ngayon.
   b. Ako ay magtitipid sa kuryente ngayon, at nang bumaba ang babayaran ko.
   c. Sabay-sabay sinisindihan ang mga ilaw kaya mataas ang ibinabayad ko.

2. ***Pagganyak***
   Sino sa inyo ang nasali na sa duladulaan? Nagustuhan mo ba ang papel mong ginampanan?

### B. Paglalahad

1. Tumawag ng dalawang bata para basahin ang dayalogo. Babasahin ng unang bata ang papel ng A at ikalawang bata ang papel ng B. (nakasulat sa tsart)
2. Tungkol saan ang dayalogo? Anu-anong uri ng mga pangungusap ang gamit sa dayalogo?
3. Pagpangkatin ang mga bata sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay magsasalaysay ng isang pangyayaring napapanahon.
   Ipasulat ang mga pangungusap na babanggitin at ipauri ang kayahan ng mga ito.

### C. Paglalahat

Pagpangkatin ngayon ang mga bata sa tatlo. Bawat pangkat ay magbibigay halimbawa ng mga pangungusap ayon sa kayarian at ibigay ang mga tuntuning dapat tandaan sa paggamit sa mga ito.

**D. Paglalapat**

Gumawa ng pagsasalaysay tungkol sa paksang " Ang ating Kapaligiran" na gagamitan ng payak, tambalan, at hugnayang pangungusap.

## IV. Pagtataya:

Gagawa ng kani-kanilang usapan ang bawat pangkat tungkol sa paksang "Ang Paggalang sa ating Watawat" na ginagamitan ng payak, tambalan at hugnayang pangungusap

## V. Takdang-Aralin:

Magsalaysay ng sariling karanasan tungkol sa mga nangyayari sa paaralan. Gumamit ng mga pangungusap na payak, tambalan at hugnayan.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nakapagpapalawak ng mga payak na pangungusap sa pagtalakay sa pagbabagong nagaganap sa mga namamahala sa pamahalaan

**Pagpapahalaga** **:** Pagtupad sa Tungkulin

## II. Paksang Aralin:

AralinPagpapalawak ng mga payak na pangungusap

**Sanggunian** **:** BEC PELC Blg. 4

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral sa kayarian ng pangungusap ayon sa gamit. Ipatukoy sa mga bata at pagbigayin sila ng mga halimbawa.

2. ***Pagganyak***
   Magbibigay ang mga bata ng pangungusap tungkol sa pagbabagong nagaganap sa mga namamahala sa pamahalaan.

### B. Paglalahad

Ipabasa ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Si Presidente Gloria Arroyo ay masipag sa kanyang panunungkulan.
2. Ang tanging layunin niya ay malutas ang problema sa ekonomiya at mapataas ang kalagayan ng mga mahihirap.
3. Ang edukasyon at kalusugan ang binigyan niya ng prayoridad.

### C. Pagtalakay

- ❖ Sino ang pinag-uusapan sa pangungusap?
- ❖ Ano ang sinasabi tungkol dito?
- ❖ Sa ikalawang pangungusap sino ang may layunin?
- ❖ Anu-ano ang kanyang mga layunin?
- ❖ Ano ang pagkakaiba ng pangungusap 1 sa pangungusap 2? Atbp.

**D. Paglalapat**

a. Hatiin ang klase sa apat na grupo at bigyan sila ng usapin na tatalakayin. Mag atas ng lider bawat grupo at kalihim para sa talakayan. Hayaang magbigay ng payak na pangungusap sa bawat usapan.

b. Kilalanin ang uri ng payak na pangungusap sa pamamagitan ng sumusunod na mga pananda sa puwang bago dumating ang bilang.

1S + 1P   2S + 1P
1S + 2P   2S + 2P

______ 1. Si Joseph Ejercito ang ika -13 pangulo ng Pilipinas at pangulo ng sentinaryo.

______ 2. Ang pangunahing nais na matupad ni Pangulong Estrada ay ang pagpapabuti ng kalagayan ng mga mahihirap.

**E. Pagpapahalaga**

Ano ang nais ninyo sa inyong paglaki.
Paano ninyo gagampanan ang inyong tungkulin?

## IV. Pagtataya:

Magsulat ng limang payak na pangungusap tungkol sa pamamahala ng inyong barangay Captain at mga kagawad sa inyong pook.

## V. Takdang-Aralin:

Magsulat ng isang talata tungkol sa nararapat gawin upang makatulong sa pamamahala sa bayan/bansa.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Nakikilala ang sugnay na nakapag-iisa at di- nakapag-iisa sa hugnayan.

**Pagpapahalaga** : Pagtulong sa kapwa

## II. Paksang Aralin:

Pagkilala sa Sugnay na Nakapag-iisa at Di-Nakapag-iisa

**Sanggunian** : BEC - PELC Blg. 5
**Kagamitan** : Tsart " Ang Liham ni Aminah"

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Sabihin kung payak o tambalan ang mga sumusunod na pangungusap.
   _____ 1. Maaliwalas ang mukha ng aking kaibigan.
   _____ 2. Naglalaro si Boy at nagtatanim naman si Rosy
   _____ 3. Iinda-indayog ang mga sanga ng punungkahoy

### B. Paglalahad

1. Ipabasa ang "Ang Liham ni Aminah" p. 17
2. Itanong:
   a. Sino Si Aminah?
   b. Bakit nagpunta ang pamilya ni Aminah sa Bongao, Tawi-tawi?
   c. Bakit sa kabila ng pagkainip ni Aminah ay natutuwa ang kanyang mga magulang? Anong katangian ang ipinakita ng kanyang mga magulang?
3. Basahin ang mga sumusunod na mga pangungusap na hango sa binasa.
   a. Inip na inip ako rito dahil malayo kami sa inyo.
   b. Pero sa kabila ng pagkainip, natutuwa ang nanay at tatay.
   c. Tulungan mo naman ako kahit marami kang ginagawa.

## C. Paglalahat

Sabihin ang sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa sa bawat pangungusap.

1. Sasama ako sa inyong maligo sa ilog kung papayag ang aking ina.
2. Makapag-aaral akong mabuti kapag nahusto na ang aking mga aklat.
3. Naghihirap sa pagtatanim ang mga magsasaka dahil sa ang lupa ay tigang.

## D. Paglalapat

Hayaang magbigay ang mga bata ng mga pangungusap at pagkatapos ay tumawag ng kaklase at ipasabi ang sugnay na makapag-iisa at sugnay na di makapag-iisa sa tulong ng mga sumusunod na pangatnig.

habang sapagkat subalit kapag nang upang

# IV. Pagtataya:

Salungguhitang minsan ang sugnay makapag-iisa at dalawang beses ang sugnay na dimakapag-iisa.

1. Nanganganib ang kalusugan ng mga mamamayan kung may polusyon sa dagat.
2. Lumubha ang kanyang karamdaman dahil hindi kaaagad siya pinatingnan sa doctor.
3. Mabilis siyang gumaling sapagkat sinunod niya ang payo ng doctor.

# V. Takdang-Aralin:

Bumuo ng mga pangungusap na ginagamitan ng mga sumusunod na pangatnig. Tukuyin ang mga sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa.

Dahil kapag kung nang

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nagagamit ang mga angkop na pangatnig sa sugnay na di- nakapagiisa.

**Pagpapahalaga** **:** Pagiging matapang

## II. Paksang Aralin:

Paggamit ng angkop na Pangatnig sa Sugnay na Di-Nakapag-iisa

**Sanggunian** **:** BEC-PELC Blg. 6
**Kagamitan** **:** Tsart ng mga pangatnig

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto sa takdang gawain ng nakaraang araIin.
2. Balik-aral sa sugnay na nakapag-iisa at sugnay na di- nakapag-iisa.

### B. Paglalahad

1. Basahin ang mga pangungusap at tukuyin ang mga pangatnig na ginamit sa bawat. pangungusap.
   a. Lumaya ang bansa nang mawala ang diktadorya.
   b. Kung hindi nag-alsa ang bayan nanatili itong alipin.
   c. Nasiil ang maraming karapatan ng tao kaya't nag-alsa ang mga ito laban sa pamahaiaan.

### C. Pagtalakay

a. Alin-alin ang mga sugnay na di- nakapagiisa sa pangungusap?
b. Anu-ano ang mga pangatnig na ginamit?
c. Pagbigayin pa ng pangatnig ang mga bata.
d. Magpakita ng mga listahan ng mga pangatnig. Hayaang basahin ng mga bata ang mga ito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kung | kahit | dahil sa | mangyari |
| Kasi | nang | gawa ng | samakatuwid |

### D. Paglalahat

- ❖ Ang sugnay na di nakapag-iisa ay nangangailangan pa ng isang sugnay upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

- ❖ Anong bahagi ng pananalita ang ginagamit sa sugnay na di -nakapag-iisa?

**E. Pagsasanay**

Buuin ang mga sumusunod na mga sugnay na di nakapag-iisa. Gamitin ang angkop na pangatnig.

1. Siya ay maganda _____ may pagkasuplada.
2, _____ mayaman sila ay simple lamang ang pamumuhay nila.
3. _____ nagsasaya si Lumen ay namimighati naman ang ina niya.

## IV. Pagtataya:

Piliin ang angkop na pangatnig sa kahon upang mabuo ang mga pangungusap.

1. Nabigyan ng karangalan si Joel _____ siya ay masipag sa pag-aaral.
2. Maaga siyang umalis _____ nahuli pa rin siya sa laro.
3. Naglaro si Tofi sa ulan _____ siya ay sinipon.

## V. Takdang-Aralin:

Pumili no 5 pangatnig at gamitin ang bawat isa sa pangungusap na may sugnay na di nakapagiisa.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Natutukoy ang mga payak na pangungusap na nakapag-iisa sa Hugnayang Pangungusap

**Pagpapahalaga** : Kahalagahan ng Edukasyon

## II. Paksang Aralin:

Pagtukoy sa Payak na Pangungusap na Nakapag-iisa sa Hugnayang Pangungusap

**Sanggunian** : Ang Pilipinas sa Iba't Ibang Panahcn 5 pp. 15 -16;
BEC- PELC Pagsasalita Blg. 7 p. 36; Wika 6 p. 201
**Kagamitan** : Masining at Mabisang Pakikipagtalastasan sa Filipino

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik- aral***
   Masasabi mo ba kung ano ang tawag sa bawat pangkat ng mga pangungusap? Ayusin ang mga titik upang matukoy ang tamang sagot.

   A
   | | | |
   |---|---|---|
   | y | p | k |
   | a | | a |

   1. Ang panalangin ay mahalaga.
   2. Tayo ay naniniwala sa Diyos.
   3. Gumawa ka ng Kabutihan.

2. ***Pagganyak***
   Magpakita ng larawan tungkol sa sistema ng edukasyon noon at ngayon. Ipasabi ang pagkakaiba at ang kahalagahan nito sa buhay ng tao.

### B. Paglalahad

1. Talakayin ang mga larawan sa aklat HEKASI 5 p. 15 tungkol sa sistema ng edukasyon noon.
2. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat na grupo. Ipasagot ang mga tanong sa bawat pangkat. Itatala nila ang kanilang rnga sagot sa isang tsart.

3. Pagkatapos ng pag-uulat itatala ng guro sa pisar ang mga sagot ng ganito:




**C. Paglalahat**

Paano matutukoy sa hugnayan ang sugnay na nakapag-iisa?

**D. Pagsasanay**

Dugtungan ang mga sumusunod na sugnay na nakapag-iisa.

1. Sapagkat masipag si Roman, __________________
2. Kung si Pepe ay matiyaga, __________________
3. Kung papayag ang aking ina, ________________

**E. Paglalapat**

Sabihin ang sugnay na makapag-iisa.

1. Habang naghihintay ka, magbalot ka na ng mga damit.
2. Mura lamang ang pamasahe kaya isama mo na ang Ate mo.
3. Maginhawang maglakbay ngayon dahil tagaraw.

## IV. Pagtataya:

Salungguhitan kung aling bahagi ng pangungusap ang sugnay na makapaglitsa.

1. Ang mga tao ay nagtatanim upang sila ay may makain.
2. Ako na ang magluluto kapag nagsibak ka ng kahoy.
3. Nanonood ako ng telebisyon nang siya ay biglang dumating.

## V. Takdang-Aralin:

Sagutin ang tanong na ginagamitan ng mga pangungusap na makapag-iisa sa hugnayang pangungusap.

1. Paano ipinakita ng mga unang Pilipino ang kanilang pagpapahalaga sa edukasyon?

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Natutukoy ang posisyon ng simuno at panaguri sa karaniwan at di-karaniwang ayos ng pangungusap.

**Pagpapahalaga :** Pagkilala sa ginawang katapangan ng mga bayani

## II. Paksang Aralin:

Pagtukoy sa Posisyon ng Simuno at Panaguri sa Karaniwan at di-karaniwang ayos ng pangungusap.

**Sanggunian :** Diwang Makabansa Wika 5 BEC-PELC Pagsasalita Blg. 8 p. 36

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagganyak***

    1. ***Balik-aral***
       Sabihin kung ang mga sumusunod na pangungusap ay payak, tambalan o hugnayan.
        1. Lahat tayo ay may talinong bigay ng Diyos.
        2. Nasa Diyos ang awa; nasa tao ang gawa.
    2. ***Pagganyak***
       Magbigay ng mga tanyag na bayaning Pilipino na kilala ninyo.

### B. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa karaniwang ayos ng pangungusap? Sa di-karaniwang ayos ng pangungusap?

### C. Pagsasanay

Tukuyin ang posisyon ng simuno at panaguri sa mga pangungusap at sabihin kung anong ayos ng pangungusap.

1. Maganda ang hugis ng Bulkang Mayon.
2. Nababalot ang lupa sa paligid nito.
3. Mataba ang lupa sa paligid nito.

### D. Paglalapat

Sabihin ang di-karaniwang ayos ng mga sumusunod na pangungusap.

1. Ipinagmamalaki ko ang bansang Pilipinas.

2. May parusa ang ayaw magbayad ng buwis.
3. Malaki ang kita ng bansa sa turismo.

## IV. Pagtataya:

Salungguhitan ang simuno at panaguri at isulat kung anong ayos ito ng pangungusap. -

1. Ang polusyon ay nakasasama sa kalusugan.
2. Ang maruming hangin ay nagdudulot ng sakit.
3. Itapon ang mga basura sa tamang lugar.

## V. Takdang-Aralin:

Sumulat ng dalawang pangungusap na nasa karaniwang ayos at dalawang pangungusap na nasa di- karaniwang ayos.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- Natutukoy ang mga bahagi ng pananalita na maaaring gawing panaguri/ simuno.

**Pagpapahalaga** : Naipagmamalaki ang mga magagandang tanawin sa bansa.

## II. Paksang Aralin:

Gamit ng Simuno at Panaguri sa Pangungusap

**Sanggunian** : Makabagong araLin sa Balarila 5 pp. 69 - 73
BEC-PELC Pagsasalita Blg. 9 p. 36
**Kagamitan** : Larawan ng Bulkang Mayon

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Sabihin kung simuno o panaguri ang mga sumusunod na pangkat ng mga salita.
   a. ang damit ni Lucy.
   b. bumibigkas ng tula.
   c. nagkarera ng bisikleta

2. ***Pagganyak***
   Anu-anong magagandang tanawin ang napuntahan na ninyo?
   Dapat bang ipagmalaki ang mga ito? Bakit?

**B.** Ipakita ang larawan ng Bulkan Mayon. Tumawag ng bata upang tukuyin ito.
- Pangkatin sa apat na grupo ang mga magaaral: Magpasulat ng mga pangungusap tungkol sa ipinakitang larawan. Magkaroon ng pag-uulat sa bawat pangkat.

Bulkang Mayon

1. Ang Albay ay isang bayan sa Bikol

2. Kahanga-hanga ang Bulkang Mayon

3. Nasira ang mga pananim ng ito'y sumabog

4. Nakakita ako ng taniman ng abaka.

**Tanong:**

a. Alin ang simuno sa bawat pangungusap?
b. Sa unang pangungusap, anong bahagi ng pananalita ang Albay?
c. Sa ikalawang pangungusap aim n ang panaguri? Anong bahagi ng pananalita ito?

### C. Paglalahat

Anu-anong dapat tandaan sa gamit ng simuno at panaguri sa pangungusap?

### D. Pagsasanay

Sabihin kung pangngalan, panghalip, pandiwa o pang-uri ng simuno o panaguri ng pangungusap ang may salungguhit.

1. Bantog ang <u>artistang</u> iyan.
2. <u>Gumuhit</u> ako sa buhangin.
3. Matutulog muna <u>ako</u>.

## IV. Pagtataya:

Isulat kung pangngalan, panghalip, pang-uri o pandiwa ang simuno o panaguri ng pangungusap na may salungguhit.

1. Umaapaw ang <u>palaisdaan.</u>
2. <u>Masarap</u> maligo.
3. <u>Sumagot</u> ka sa telepono.
4. <u>Payat na payat</u> ang baboy.
5. <u>Pinagpapala</u> ang mga banal.

## V. Takdang-Aralin:

Punan ng simuno o panaguring pangngalan, panghalip, pang-uri o pandiwa upang makabuo ng pangungusap.

1. Naglalaba si ______
2. Kumakain ba _____ ng gulay
3. ______ ang bulaklak.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Nakabubuo ng mga pangungusap na may iba't-ibang bahagi sa pagpapahayag sa sarili.

**Pagpapahalaga** : Paggalang sa mga dikristiyanong Pilipino.

## II. Paksang Aralin:

Pagbuo ng mga Pangungusap na may Iba't Ibang Bahagi sa Pagpapahayag sa Sarili

**Sanggunian** : Makabagong Aralin sa Balarila 5 pah. 52 Pamana 5 p. 28;
BEC-PEC pagsasaiita Blg. 10 p. 36

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   Sabihin ang buong simuno at buong panaguri sa mga sumusunod na pangungusap.

   1. Masarap magluto ang nanay.
   2. Ang tao ay nilikha ng Diyos.
   3. Malakas ang sipol ng tren,

2. ***Pagganyak***

   Anong tawag sa mga di-kristiyanong Pilipino?
   Saan karaniwang matatagpuan ang mga Muslim?
   Sila rin ba ay mga Pilipino?
   Dapat ba silang bigyan ng pantay na karapatan ng pamahalaan? Bakit?

### B. Paglalahad

1. Ipabasa ang talata:

**Ang Sultanato**

Sultanato ang tawag sa pamahalaan ng mga Muslim. Tinatawag na Sultan ang pinakapinuno. Ipinatutupad ng Sultan ang mga batas ng Islam. Naniniwala ang mga Muslim na siya ang kinatawan ng propeta. Pero sa mga kasapi, ang pagsunod sa Sultan ay pagsunod kay Allah.

2. Pagkatapos binasa ang talata, pangkatin ang mga bata sa apat na grupo. Magpagawa ng usapan na ang paksa ay ang pamahalaang Sultanato. Magkaroon ng munting dula-dulaan.

3. **Tanong:**
   Anong tawag sa pamahalaan ng mga Muslim sa Sulu?
   Sino ang pinakapinuno sa pamahalaang Sultanato?
   Sino ang nagpapatupad ng mga batas ng Islam?

4. Ipabasa ang mga sagot. Ipatukoy ang buong simuno at panaguri.

### C. Paglalahat

Paano nabubuo ang simuno? Ang panaguri?

## IV. Pagtataya:

Bumuo ng pangungusap na ginagamit ang mga sumusunod na simuno.

1. Ang mga taong bundok
2. Mga sasakyan sa kalye
3. Ang kura paroko

## V. Takdang-Aralin:

Bumuo ng pangungusap na ginagamitan ng iba't ibang bahagi ng pagpapahawag sa sarili.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

**I. Layunin:**

❖ Nababsa nang mabilis ang mga salitang kaugnay ng ibat't-ibang asignatura

**Pagpapahalaga** : Nakahihikayat sa iba na magtanim ng iba't-ibang uri ng halaman upang makadagdag sa kita mag-anak.

**II. Paksang Aralin:**

Pagbasa ng Mabilis sa mga salitang kaugnay ng Ibat-ibang Asignatura

**Sanggunian** : "Kayamanan sa Bakuran" Diwang Makabansa V, Pagbasa pah. 17
BEC –PELC Pagbasa Blg. 1, pah. 35

**Kagamitan** : Mga plaskard na may nakasulat na salita o pararilang kaugnay ng iba't-ibang asignatura

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Pagganyak***

❖ Nakakita na bakayo ng kayamanan sa bakuran?

❖ Ang kuwentong babasahin ninyo ngayon ay tungkol sa bakuran ni Aling Nelia na may kayamanan.

❖ Bakit kaya nagkaroon ng kayamanan sa bakuran niya? Saan kaya nanggaling?

**B. Panlinang na Gawain**

1. Paghahawan ng Sagabal

Linangin ang mga sumusunod na salita at ipagamit sa pangungusap.

Ligapalikasan ornamental

medisinal nursery

2. Pagganyak na Tanong

   Bakit may kayamanan sa bakuran ni Aling Nelia?

3. Ibigay ang pamantayan sa pagbasa ng tahimik.

4. Pagbasa ng tahimik sa kuwento

5. Pangkatin ang mga bata. Ipasagot ang mga sumusunod na tanong.

6. Pumili ng lider ang bawat pangkat upang iulat ang kanilang sagot.

   a. Sinu-sino ang nagging bisita nina Mang Reynaldo at Aling Nelia?

   b. Bakit hindi kasama sina Ronnie at Rodel?

   c. Bait mainam na magtanim ng halaman at gulay sa bakuran?

7. Magkaroon ng paligsahan.

   Pangkatin ang mga bata. Isulat sa pisara ang mga iba't-ibang asignatura. Pabilisan idikit sa pisara ang mga salita o pariralang nakasulat sa flash card ayon sa tamang kaugnay na asignatura.

8. Ipahanap sa kuwento ang mga pangungusap na ginamitan ng mga salitang nasa itaas. Basahing mabilis ang bawat pangungusap.

### C. Pangwakas na Gawain

Ipabasa ang mga sumusunod na salita at ipasabi kung anong asignaturang kaugnay ang bawat isa.

### D. Pagpapahalaga

Sa hirap ng buhay ngayon lahat ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at gamut ay lagging tumataas ang presyo nito. Bilang anak, paano ka makakatulong sa iyong magulang upang makatipid sa mga ito at sa kabilang dako naman makatutulong ka ring makadagdag ng kita sa iyong mag-anak.

## IV. Pagtataya:

Tatawag ang guro ng tigdalawang bata na mag-uunahan sa pagbigkas nang wasto at mabilis sa bawat salita. Mamarkahan ito ngayon ng kawastuhan at kabilisan ng kanilang pagkabasa.

## V. Takdang-Aralin:

Isulat sa tapat ng bawat isa kung saang asignatura kaugnay ito

1. Pangangasiwa ng Katawan ____________________
2. Gawaing lokomotor _________________________
3. Makaagham ________________________________

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- Natutukoy ang salitang-ugat at panlaping gamit sa salita

**Pagpapahalaga** : Tinatanggap nang magiliw ang pagkatalo sa mga paligsahan

## II. Paksang Aralin:

Pagkilala sa Panlapi at Salitang-Ugat

**Sanggunian** : BEC-PELC, Pagbasa Blg 2 pah. 35
**Lunsaran** : "Nabigong Pag-asa", Diwang Makabansa V, Pagbasa pah. 64
Manwal ng Guro, pah.40
**Kagamitan** : larawan ng mga batang nakikinig sa talumpati, aklat

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

Hatiin sa apat na pangkat ang mga bata upang makabuo ng mga salita sa pamamagitan ng mga sumusunod na pantig.

ma, ha, li, sa, go, ku, mu, ma, mag, wa, lu, to, tog

2. ***Pagganyak:***

Sinu-sino sa inyo ang sumali na sa isang paligsahan? Nanalo ka ba o natalo? Ano ang damdamin mo nang manalo ka?

## B. Paglalahad

1. Paghahawan ng Sagabal

    Magpalabunutan sa mga salita at ipagamit sa sariling pangungusap.

    Pagkamaramdamin　　　　　Kinabahan

    Lumalaganap　　　　　Isport

2. Pagganyak ng Tanong

    Paano tinanggap ni Mila ang kanyang pagkatalo?

    Ano ang pangaral ni Tiya Lorna kay Mila?

3. Pagbasa sa Kuwentong "Nabigong Pag-asa"
4. Pagsagot sa mga tanong.
5. Pagbubuo ng pangako sa pagiging isports.
6. Pag-usapan ang mga naitalang salita sa pisara.
7. Sa salitang nagwalis, aling ang pi8naikling salita?
8. sa salitang Nagpupukol, aling ang salitang-ugat? Panlapi?

## C. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa pagkilala ng salitang-ugat at panlaping ginamit.

## D. Pagsasanay

Pangkatin ang mga bata at ipasulat agn panlapi at salitang-ugat ng bawat salita sa ibaba

| Pandiwa | Panlapi | Salitang-Ugat |
|---|---|---|
| 1. Binigkas | | |
| 2. Hanapin | | |
| 3. Sumayaw | | |

## E. Paglalapat

Basahin ang mga pangungusap at sabihin ang panlapi at salitang-ugat ng bawat salitang may salungguhit.

1. Matuto kang tumanggap ng pagkatalo ng walang sama ng loob.
2. Nilapitan ni Mila Si Rowena, ang batang nanalo at kinamayan niya.
3. Huwag kang umiyak, sabi ni Tiya Lorna.

# IV. Pagtataya:

Sabihin ang panlapi at salitang-ugat sa bawat pandiwang may salungguhit sa talata.

Ang Aking Kapatid

Ang aking kapatid ay tunay na malikhain. Pitong taon pa lamang siya ay nakasulat na ng maikling tula na pinamagatang " Sa Likod Bahay'. Nang siya ay tumuntong sa mataas na paaralan, marami na siyang nalimbag na kathang isip. Kabilang dito ang "Hating Gabi ; "Takip-silim at Pag-asa". Siya rin ang may akda ng "Dapithapon". Sabi nga ng aming nanay at mga kapit-bahay, mabubuhay raw ang aking kapatid kahit hindi maghanap-buhay.

## V. Takdang-Aralin:

Magbigay pa ng ibang salita at kilalanin ang mga panlapi at mga salitang - ugat.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- Natutukoy ang mga pangyayaring bumubuo sa banghay o plot ng kuwento.

**Pagpapahalaga** : Nakahihikayat sa iba na maging matapat sa lahat ng uri ng paggawa.

## II. Paksang Aralin:

Pagtukoy sa mga Pangyayaring Bumubuo ng "Plot" ng Kuwento

**Sanggunian** : Masayang Mamamayan V, d. 57- 58
**Lunsaran** : Gumawa nang Bukal sa Kalooban
**Kagamitan** : Plaskard, tsart BEC-PELC, Pagbasa Big. 2 pah. 35

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagganyak***

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1) Masakit ang ulo ni Elmer. May pagsusulit sila at di niya nagustuhan ang resulta nito.
   a) Nagdaramdam siya at mababa ang kanyang nakuha
   b) Nasiyahan siya sa markang nakuha niya
   c) Naiinis siya sa kanyang kaldase
   d) Nagtatampo siya sa kanyang guro
2. Marumi ang damit na suot ni Marlon. Biglang may dumating na bisita sa paaralan.
   a) Nagtago siya sa palikuran
   b) Napahiya siya sa guro
   c) Naghubad ng baro si Marion
   d) Lumapit siya sa bisita

2. ***Pagganyak***

Sa mga gawain sa bahay, anu-ano ang mga ginagawa ninyo?
Paano ninyo sinasagawa ang mga gawain sa bahay na inuutos sa inyo?

### B. Paglalahad

1. ***Paghawan sa balakid***
   Basahin ang pangungusap. Bilugan ang titik ng kahulugan ng salitang may salungguhit.
   1. Dahil sa labis na pagkahapo sumandig si Ditas sa upuan.
      a. humilig          c. sumabog
      b. tumihaya          d. sumiksik
   2. Harangin mo si Teddy nang hindi makaalis sa bahay.
      a. takpan          c. dakpin
      b. pigilin          d. hampasin

2. Pagpapaala-ala sa pamatnubay na tanong
   Paano natauhan Si Cesar sa kanyang pagkakama!i?

3. Pagbasa nang tahimik sa kuwento.
   Gumawa ng Bukal sa Kalooban ….p. 27

4. Pagtalakay sa binasa
   a) Bakit masakit ang ulo ni Elmer? Ano ang inasal ni Cesar na di niya nagustuhan?
   b) Paano natauhan Si Cesar sa kanyang pagkakamali?
   c) Bakit hindi tamang manghingi ng pera tuwing may gagawin sa bahay?

5. Pag-usapan ang mga pangyayaring bumubuo sa plot ng kwento.
   a) Malungkot na umuwi sa bahay si Elmer matapos malaman ang resulta ng pagsusulit.
      1. Mababa ang nakuhang marka dahilan sa masakit ang ulo niya noong magbigay ng pagsusulit.
      2. Natutuwa siya sa resulta ng pagsusulit.
      3. Nagalit siya sa resulta ng pagsusulit.

### C. Pagsasanay/Paglalapat

Pangkatin ang mga bata at ipabasa ang maikling kuwento.
Isulat sa dulo ng bawat itinakdang talata ang maaring mangyari sa inilahad na sitwasyon
Mahirap lamang sina Ruding. Siya ang panganay sa pitong magkakapatid. Nang siya ay nagtapos sa mataas na paaralan, siya ay pinatigil sa pag-aaral. Hindi na raw siya kayang pag-aralin ayon sa kanyang amo.
1. ______________________________________________________________

## IV. Pagtataya:

Basahin at unawaing mabuti. Sabihin ang mga pangyayaring bumubuo ng " plot" ng kuwento.
1. Mapalad si Lando sa kabila ng karalitaan, siya'y nakapag-aral. Pinuhunan niya ang sipag at tiyaga at lakas ng loob. Naging yayo, labandero at manlililip. Paunti-unti ang ginawa niyang pag-aaral sa gabi. Ngayo'y isa ng manedyer si Lando. Pinatunayan niya na ang karalitaan ay hindi hadlang sa tagumpay ng isang tao.

## V. Takdang-Aralin:

Humanap ng isang kuwento sa anumang aklat o magasin. Isulat ang mga pangyayaring nabuo ng “plot” ng kuwentong binasa.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nakabubuo ng iba't-ibang mahahabang salita sa tulong ng panlapi

**Pagpapahalaga** : Mabilis ang pag-unlad ng isang tao kung alam niya ang kahalagahan ng paaralan.

## II. Paksang Aralin:

Pagbuo ng mahalagang salita buhat sa mga salitang-ugat

**Sanggunian** : PELC Blg. 2.3 d. 35
**Lunsaran** : Maikling kuwento – Ang Paaralan (Aklat sa Pilipino)
**Kagamitan** : Larawang ng Paaralan, plaskard

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   Alin ang panlapi at salitang-ugat sa mga sumusunod na salita:

| | | |
|---|---|---|
| Mag-aaral | Magwalis | Magtago |
| Maglaba | Magsuklay | Nagbigay |

2. ***Pagganyak***

   Ipakita ang larawan ng isang paaralan

   **Itanong:** Anu-ano an gating mga gawain sa paaralan

### B. Paglalahad

1. Pagpapaalala sa pamantayan sa pagbasa nang tahimik
2. Ipabasa: Ang Paaralan p. 29

   Itanong:

   a. Anu-ano an gating mga gawain sa paaralan?
   b. Anu-ano ang atign mga natutuhan sa paaralan?
   c. Ano ang napansin ninyo sa mga salitang nakasulat sa pisara?
3. Itanong:

   Paano ito naiiba? Ano ang ginamit?

   Alin ang salitang-ugat? Alin ang panlapi?
4. Magbigay pa ng ilang halimbawa . Ipabanggit ang panlapi at salitang-ugat.

### C. Paglalapat

Paano tayo nakakabuo ng iba't-ibang mahahalagang salita?

### D. Pagsasanay

Lagyan ng tamang mga panlapi ang mga sumusunod na salitang-ugat.

a. dilig b. awit c. linis

### E. Paglalapat

Lagyan ng tamang panlapi ang mga salitang may salungguhit sa pangungusap

1. Si Bb. Mendoza ang aming <u>sipag</u> na punongguro.
2. Doon sa amin ay <u>ulan</u> nang malakas.
3. <u>Sulat</u> kami ng aming aralin.

## IV. Pagtataya:

Bumuo ng tig-2 mahahabang salita batay sa mga sumusunod na salitang-ugat.

1. turo
2. guhit
3. ligo

## V. Takdang-Aralin:

Sumipi ng mahahabang salita hango sa iba pang kuwento at piliin ang mga panlapi at salitang-ugat.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- ❖ Naipaliliwanag ang tinutukoy ng mga salitang hiram

**Pagpapahalaga** : Pagmamahal sa Sariling Wika

## II. Paksang Aralin:

Pagpapaliwanag ng Tinutukoy ng mga Salitang Hiram

**Sanggunian** : Manwal ng Guro d. 1-14
**Lunsaran** : Ang Auntie Mina Ko
**Kagamitan** : PELC, BIg. 4 d. 35Plaskard ng mga salitang hiram

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

Piliin asa mga sumusunog ang mga salitang hiram:

| | | |
|---|---|---|
| kamay | stapler | hangin |
| telebisyon | cassette | video tape |

### B. Paglalahad

May kwento tayong babasahin. Ang pamagat ng kwento ay “Ang Auntie Ko”

1. Pag-aalis ng sagabal

Ibigay agn kahulugan ng mga salita ayon sa gamit;

a. Bumili si Auntie Mina ng “popcornP

b. ang “popsicle” ay paborito kon pagkain.

2. Pamantnubayan na tanong

   Anu-ano ang napamili ng pangunahing tauhan?

3. Pagbasa ng tahimik

4. Pagtalakay sa kwentong binasa

   a. Sino ang nagsimba sa Maynila?

   b. Bakit sila dumaan sa Carriedo?

5. Piliin ang mga salitang hiram na ginamit sa kwento.

6. Isulat ang mga pangungusap na ginamitan ng salitang hiram.

**C. Paglalahat**

Ipaliwanag ang tinutukoy ng mga salitang hiram.

**D. Pagsasanay**

Sumulat ng sampung salitang hiram at ipaliwanag ang kahulugan ng bawat isa.

**E. Paglalapat**

Pagtapat-tapatin: hanapin sa Hanay B ang kahulugan o paliwanag ng mga salitang hiram.

A

1. LRT
2. Manila Zoo
3. Department Stor

B

a. Dito matatagpuan ang lahat ng uri ng hayop
b. Dito makikita ang lahat ng naising bilhin
c. Ito ay isang uri ng daan na may sariling rilles

## IV. Pagtataya:

Piliin ang tamang salita sa talaang nasa ibaba upang mabuo an diwa ng pangungusap

1. Kailangan kong ipa__________ ang aklat na ito upang magkaroon ako ng kopya.
2. Bumili siya ng ________ upang mapawi ang kanyang gutom.
3. Hindi ko napanood sa sine ang pelikula si FPJ, kaya't sa ________ ko na lang pinanood.

## V. Takdang-Aralin:

Basahin ang talat sa ibaba. Piliin ang mga salitang hiram.

Si Angelo at mga kaklase niya ay may field trip bukas. Siya ang magdadala ng camera. Si Katrina ang magdadala ng spaghetti. Si Carlos naman ang mgadadala ng sandwiches. Sina mina at Willy ang naatasan sa juice. Sabik na sabik na nilang Makita ang mga hayop sa Manila Zoo.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- Naisasalaysay ang kuwento ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

**Pagpapahalaga** : Pagiging Matapat sa Anumang Bagay

## II. Paksang Aralin:

Pagsasalaysay ng Kuwento Ayon sa Wastong Pagkakasunud-sunod ng mga Pangyayari

**Sanggunian** : Diwang Makabansa (Pagbasa);PELC Big 4 d. 35
**Lunsaran** : Gantimpala ng Katapatan
**Kagamitan** : tsart na may nakasulat na kuwento

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Sulatan ng 1 hanggang 5 ang bawat patlang sa pagkakasunud-sunod ng pangyayari.
   _____ Kailangan kumpunihin ang mga sira sa paaralan upang magamit ng mga mag-aaral
   _____ Napagkaisahan sa pulong na ipagawa ang saga sira sa paaralan sa pamamagitan ng palusong.
   _____ Naayos ang paaralan sa kasiyahan ng gami.
   _____ Tumawag ng pulong ang mga magulang at gum para pag-usapan ang problems ng paaralan.
   _____ Maraming sira ang paaralan dahil sa lakas ng bagyo.

2 ***Pagganyak***
Pagpapakita ng larawan ng isang batang nakapulot ng isang pitaka sa daan
Isalaysay ang mga pangyayari.
**Tanong:**
Kalian sinasabing matapat ang isang bata?
Anu-ano ang katangian ng isang batang matapat?

### B. Paglalahad

1. **Paghawan ng balakid**
   Aling salita ang kasingkahulugan ng salitang nasa loob ng panaklong:

   | | |
   |---|---|
   | nakalingat | ibinigay |
   | ipagbigay-alam | kinuha |

   a. Ipinakiusap ng pulis sa mga bata na (sabihin) sa kanya kung saan nagpunta ang magnanakaw.
   b. (Ipinagkaloob) ni Aling Gracia sa mga bata ang pagkaing nagustuhan nila.

c. Hindi sana natamo ni Alex ang ganoong karangalan kung kanyang ( pinagnasaaan) ang salaping nakuha niya.

2. Pagpapaalala sa pamantayan sa pagbasa nang tahimik
3. Pamatnubay sa pagganyak na tanong

   Bakit pinararangalan si Alex ng kanyang guro at mga kamag-aral?
4. Pagbasa nang tahimik sa kuwento (Gantimpala ng Katapatan)
5. Pagsagot sa mga tanong:
   a. Anong uri ng bata si Alex?
   b. Paano ipinakita ni Aling Gracia ang kanyang pasasalamat kay Alex?
   c. Kung ikaw ang nakapulot ng pitaka, ano ang iyong gagawin?
6. Pagsasalaysay sa kuwento ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

### C. Pagsasanay

Bibigyan ang bawat grupo. Iulat ang natapos na gawain.

Basahin ang mga pangungusap. Iayos ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Lagyan ng 1 hanggang 4 ang patlang:

_____ Natuto sila ng paraan ng pagmimina ng iba't ibang uri ng metal tulad ng ginto, bakal, tanso, at pilak.

_____ Ang tanso ay ginagawang kagamitan s pagluluto tulad ng kawali at kaldero.

_____ Dumating ang panahon nang matuklasan ng ating mga ninuno ang metal at ang kahalagahan at gamit nito.

_____ Ang ginto ay ginagamit nila sa paggawa ng mga palamuti at alahas.

## IV. Pagtataya:

Iayos ang mga pangungusap ayon sa pagkakasunud-sunod ng pangyayari

_____ Araw-araw ay pinakakain at inaalagaan niya nang husto ang mga ito.

_____ Ilang taon lang ang lumipas at doble na ang bilang ng kanyang manok.

_____ Ilang buwan pa ang nakalipas ay nadagdagan na ang ipon nilang pera sa bangko.

_____ Naipaayos din niya ang kanilang bahay nang dahil sa isang pares ng manok.

## V. Takdang-Aralin:

Mag-isip ng 5 pangyayaring ginawa mo kahapon. Iayos ang mga ito nang sunud-sunod

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- ❖ Natutukoy ang mga salitang-ugat at kahulugan ng tambalang salita.

**Pagpapahalaga** : Pagpapahalaga saSariling Kakayahan

## II. Paksang Aralin:

Pagtukoy sa Salitang-Ugat at Kahulugan ng Tambalang Salita

**Sanggunian** : Diwang Makabansa Pagbasa, p. 48-52; PELC Blg. 5 d. 35
**Lunsaran** : Ang Nagwaging Awit

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   **Itanong:** Alin sa mga sumusunod na salita ang tambalang salita?

   a. alaala c. dalampasigan

   b. kapitbahay d. punongkahoy

2. ***Pagganyak***

   May sinalihan na ba kayong contest sa pag-awit?

   May napagwagian ka bang premyo sa sinalihan mong paligsahan?

### B. Paglalahad

1. Pagbasa sa kwentong “Ang Nagwaging Awit” p. 48-52 Pagbasa
2. Pagsagot sa mga sumusunod na mga tanong:
   a. Kanino nagpunta si Pablito isang hapon?
   b. Bakit nagpunta sa kubo ni Tiya Lorna si Pablito?

3. Ipapili ang mga salitang tambalan sa kwentong binasa. Ipaliwanag ang sagot.

4. Alin ang salitang-ugat sa mga salitang napili?

### C. Paglalahat

Ano ang dapt tandaan sa tambalang salita?

### D. Pagsasanay.

Piliin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita na bumubuo sa bawat tambalang salita.

1. Punung-guro
   a. puno at guro — c. puno ng guro
   b. guro at puno — d. puno-guro
2. Balikbayan
   a. balik-bayan — c. balik at bayan
   b. balik na bayan — d. balik, bayan

## IV. Pagtataya:

Piliin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.

1. Bukambibig

   a. walang imik — c. matalino

   b. sinabi-sabi — d. tahimik

2. Basag-ulo

   a. pala away — c. kaguluhan

   b. alitan — d. giyera

3. Hampaslupa

   a. hampas sa lupa — c. pulubi

   b. mahirap — d. alipin

## V. Takdang-Aralin:

Maghanap ng kuwento/ awit o tula. Isulat ang makikitang tambalang salita sa napiling kuwento, awit o tula. Isulat ang salitang-ugat at kahulugan nito.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

❖ Naibibigay sa sariling pangungusap ang pangunahing diwa ng binasa

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay sa Sariling Pangungusap ng Pangunahing Diwa ng Binasa

**Sanggunian** : Kasanayan sa Pagbasa (Filipino); PELC, Blg. 5 d. 35
**Kagamitan** : Mga larawan at plaskard

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Basahin at unawaing mabuti ang talata

**Sumabog ang Bulkang Mayon**

Muling sumabog ang Bulkang Mayon kamakailan. Maraming nasalantang pananim at ari-arian sa nangyaring pagsabog. Nagsilikas ang maraming mamamayan sa isang ligtas na pook. Nagpahiram ng mga sasakyan ang pamahalaan. Nagbigay din ng tulong ang mga negosyante. Nagdala sila ng mga pagkain at gamot. Ayon sa krasaysayan, ang .puling pinakarnalakas na pa sabog ng Bulkang Mayon ay noong maraming taon na ang nakakaraan. Marami diumanong rasawi noon.

Sagutin:

1. Ano ang nangyari sa Bulkang Mayon?
2. Ano ang ginawa ng mga mamamayan?
3. Paano tumulong ang pamahalaan?
4. Ano ang nangyari sa mga pananim at mga ari-arian nang muling sumabog ang Bulkang Mayon?

### B. Paglalahad

Anu-ano ang kinahihiligan ninyong gawin sa mga oras na libre kayo? Sino sa inyo ang palaging nagbabasa? Mayron ba kayong alam na alamat? May babasahin tayong alamat. Bakit kaya ito tinaguriang alamat? Ipaliwanag.

**Alamat ng Malabon**

Ayon sa matatanda may tatlong alamat na nababanggit tungkol sa pinagmulan ng pangalang Malabon. Ang una ay ang pagiging "Tambabong" nito dahil sa pagkakaroon dito noong araw ng mga puno ng tambo. Ang mga dahon ng tambo ay ginagawang walis…….p.33

Sagutin : Pangkatang Gawain

a. Tungkol saan ang alamat na ito?
b. Ano ang tinutukoy sa simula ng alamat? Sa ikalawang talata? Sa pangatlong dahilan kaya tinawag na malabon ang pook na ito?

c. Ibigay ang pangunahing diwa ng alamat. Ibigay sa sariling pangungusap.

**C. Paglalahat**

Ano ang dapat tandaan sa pagbibigay sa sariling pangungusap ng pangunahing diwa ng binasa?

**D. Pagsasanay**

Ipaliwanag sa pamamagitan ng ilustrasyon.

Basahin at unawain ang mga sumusunod na talata. Ibigay ang pangunahing diwa ng bawat isang talata sa sariling pangungusap.

1. Ang Pilipinas ay binubuo ng mahigit na 7,100 pulo na nahahati sa Luzon, Visayas at Mindanao. Sagana ito sa iba't ibang likas na kayamanan. Kay raming isda, kabibe at perlas ang matatagpuan sa karagatan; iba't ibang uri ng mga punong kahoy sa mga kabundukan at kay dating tubuan ng halamang makakain.

## V. Takdang-Aralin:

Maghanap ng iba pang kuwento. Pagkukuwento ng mga bata kinabukasan at pagbibigay sa pangunahing diwa ng mga kamag-aral.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

❖ Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan / kasalungat.

**Pagpapahalaga** : Pagbibigay ng Kahulugan ng Salita sa Pamamagitan ng Kasingkahulugan/ Kasalungat

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay ng Kahulugan ng Salita sa Pamamagitan ng Kasingkahulugan/ Kasalungat

**Sanggunian** : BEC-PELC Pagbasa, p 36
**Lunsaran** : Diyosa ng Urirat/ Ang Kambal (Nakasulat sa Manila Paper)

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral
   Ipabasa sa mga bata ang " Diyosa ng Urirat".
   **Tanong** : Ano ang pangunahing diwa ng binasa?

2. ***Pagganyak***
   Nakakita na ba kayo ng kambal?
   Magkamukha ba sila?
   Anu-ano ang kanilang pagkakaiba?

### B. Paglalahad

1. Pagbasa sa kuwento nang tahimik " Ang Kambal"
2. Pagtalakay sa kuwento
   1. Ibigay ang parehong katangian ng kambal
   2. Anu-ano naman ang hindi nila magkapareho?
   3. Basahing muli ang kuwento. Sa pamamagitan ng "Venn Diagram" isulat ang pareho at magkasalungat na katangian ng kambal.

### C. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa mga magkasingkahulugan/ magkasalungat ang kahulugan?

### D. Pagsasanay

Ibigay ang kahulugan at kasalungat ng mga salitang nakasalungguhit. Bilugan ang tamang sagot sa loob ng panaklong. Pangkatin sa apat ang mga bata. Ang pangkat na maraming nasagot ang siyang panalo.

a. **Kasingkahulugan**
   1. Alalayan mo ang matanda sa pagtawid sa kalsada. ( tulungan, akbayan, smahan)
   2. Nagkanlong ang magkapatid sa silong ng kubo para hindi mabasa ng ulan. (Natulog, sumilong, naghintay.)

b. **Kasalungat**
   1. Suwail ang anak nina Mang Jose (masunurin, mapitagan, mabait)
   2. Malungkot ang buhay ng taong walang kaibigan, (masaya, mabuti,kasiya-siya}

### E. Paglalapat

Bilugan ang bilang ng mga salitang magkasingkahulugan at ikahon naman ang magkasalungat.

1. Maalaga - pabaya
2. Huwaran - modelo
3. Kakaba-kaba - panatag
4. Nagniningning - nagdidilim

## IV. Pagtataya:

Pangkatin ang mga sumusunod na hanay ng mga salita ayon sa magkasingkahulugan at magkasalungat. Hanay A ( Magkasingkahulugan) Hanay B ( Magkasalungat).

| | |
|---|---|
| Busilak - malinis | sumisikat - lumulubog |
| Duwag - matapang | tag-ulan - tag-araw |
| Guwardiya - tanod | premyo - gantimpala |

## V. Takdang-Aralin:

Ibigay ang katuturan at kasalungat sa kahulugan ng mga salita.

| | Kahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. Matalino | | |
| 2. Mayaman | | |
| 3. Masipag | | |

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

❖ Nakikilala ang mga talatang tuwirang magsasaad ng paksang pangungusap.

## II. Paksang Aralin:

Pagpapakilala sa mga Talatang Tuwirang Nagsasaad ng Paksang Pangungusap

**Sanggunian** : BEC- PELC Pagbasa p. 36
**Lunsaran** : Ang Pamaksang Pangungusap
**Kagamitan** : Tsart ng iba't ibang talata

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

Salungguhitan ang pamaksang pangungusap sa talata.

Maituturing na mapapalad ang mga taong isinilang na mayaman. Lahat ng naising maaaring mabili ng pera ay nakukuha nang walang kahirap-hirap. Ano mang gustuhin ng pera, ang kapalit ay agad natatamo. Sa maikling pananalita, ang pera ang nagpapaligaya sa kanila.

### B. Paglalahad

1. Basahin ang Talata. Subuking hanapin ang pangunahing paksa nito. Ipapagamit ang "Semantic Mapping" sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong tungkol sa binasa.

   Si Dona Margarita Roxas ay isang babaeng Pilipinang nagbigay sigla sa buhay ng mahihirap noong panahon ng kastila. Ipinakita niya ang kanyang kadakilaan sa pamamagitan ng mabuting halimbawa.. ..….p.36

2. ***Pagtalakay sa talata***
   a. Sino si Dona Margarita Roxas?
   b. Anu-ano ang mga mabubuting halimbawa ang kanyang nagawa?

### C. Paglalahat

Ano ang pamaksang pangungusap?
Ano ang dapat tandaan sa isang pamaksang pangungusap?

### D. Pagsasanay / Paglalapat

Suriin ang talatang Ito. Alin ang paksang pangungusap?

Anuman ang iutos kay Dina ay kaagad na sinasalubong niya ng pagrereklamo. Sumisimangot siya at nagdadabog. Malimit siyang pinangangaralan ni Aling Leny, ang kanyang matulunging at masipag na nanay. Subalit ayaw talaga niyang magtrabaho. Ayaw din niyang tumulong kahit konti lamang. Talagang tamad si Dina.

## IV. Pagtataya:

Hanapin ang pangunahing paksa sa mga sumusunod na talata. Pangkatin sa dalawa ang mga bata. **Unang pangkat** — Unang talata; **Pangalawang pangkat**; pangalawang talata.

1. Sa mga kabundukan ng lalawigan namin, gumawa ang kalalakihan ng lawa-lawaan. Hinarangan nila ang isang maliit na sapa sa bundok. Walang madaluyan ang tubig kundi ang isang mababaw na lugar sa pagitan ng mga gulod. Unti-unting naporma roon ang lawa-lawaan. Nang patuloy na dumaloy roon ang tubig mula sa mga gulod, nang tag-ulan, lumaki na ang lawa-lawaan

## V. Takdang-Aralin:

Salungguhitan ang pamaksang pangungusap ng mg sumusunod na talata.

1. May dalawang anyo ang pakikisama. Iyong isa ay nakatutulong sa iba at sa sarili at iyong isa nama'y nakasasagabal sa pag-unlad hindi lamang sa sarili kundi pati na ng ibang tao. Ang pagsang-ayon sa isang gawain bagaman laban sa ating kalooban ay pakikisamang negatibo. Walang kalayaan ang uri ng pakikisamang ito. Ang pakikisama upang makatulong sa naaapi, nasalanta o naghihikahos ay nagdudulot ng kaligayahan sa ibang tao at sa sarili. Ito ang pakikisamang dapat pagkaabalahan ng mga Pilipino.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nakikilala ang mga talatang ang Paksang Diwa ay Di-tuwirang nagsasaad.

**Pagpapahalaga** : Pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga Likas- yaman ng Bansa

## II. Paksang Aralin:

Pagkilala sa mga talatang ang paksang diwa ay di-tuwirang nagsasaad

**Sanggunian** : BEC-PELC Pagbasa, p. 36
**Aralin** : Pagtiyak sa Paksa
**Kagamitan** : Tsart na may nakasulat na talata

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Ano ang paksang pangungusap sa talatang ito?
   Isang matapang na aso si Scout. Marami na itong natutulungang mga taong naliligaw sa kabundukan. Minsan may natagpuan itong isang batang halos hindi na makalakad dahil sa panghihina. Dinilaan ng malaking aso ang mukha ng bata at pinabayaang sumakay sa kanya. Dinala siya ng matapang na aso sa isang ligtas na pgook.

2. ***Pagganyak***
   a. Anu-ano ang mga likas na yaman na matatagpuan dito sa Pilipinas?
   Paano ninyo ito pangangalagaan? Pinahahalagahan ninyo ba ang mga ito?
   Sa papaanong paraan? Ipasagot ito sa pamamagitan ng "Chart" sa ibaba.
   Pangkatin sa dalawa ang mga bata. Isa para sa Yamang-Tubig at ang isa ay para sa Yamang- Lupa.

**Pangangalaga sa mga Likas -Yaman**

| Yamang-Tubig | Yamang-Lupa |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

### B. Paglalahad

Suriin ang talatang ito.

Sa paanan ng bundok na iyon ako lumaki. Sa loob ng isang dampa sa nayong iyon ako ipinanganak. Sa tabi ng kubo ay may umaagos na isang batis-batisan. Sa isang malapad na bato ako nakaupo.

**Tanong:**

- Ano ang masasabi ninyo sa talata?
- Nasasaad ba sa talata ang diwang ipinahahayag nito?
- Paano ma matutukoy ang paksa ng diwa ng isang talatang hindi naman tuwirang binabanggit dito?

### C. Pagsasanay

Basahin ang talatang sumusunod. Ibigay ang pangunahing diwa nito.

Ang damo ay peste at kaaway ng halaman, kaya dapat patayin. Ito'y nagpapallit sa inaani ng isang bukirin at nagsisilbi pang tirahan ng mga insekto at pesteng namiminsala ng mga halaman. Pinababababa rin nito ang uri ng produktong inaani. Ang damo ay bumabara, nakasasagabal sa takbo ng tubig sa mga kanal at padaluyan..

### D. Paglalapat

Ano ang pangunahing diwa ng talata batay sa sumusunod na pahayag?

Pangkatin sa dalawa ang mga bata.

Unang pangkat- para sa unang bilang; Pangalawang Pangkat - para sa ikalawang bilang.

1. a. Ang Pilipinas ay lupang paraiso.
   b. Ito ay sagana sa mga biyaya ng kalikasan
   c. Ang mga tanawin sa kapuluan ay magaganda.
   d. Maraming malilinang na mga kayamanang likas.
2. a. Itanim ang mga buto paghanda na ang lupa.
   b. Araruhin at ayusing mabuti ang lupa.,
   c. Minsang gumamit ng traktora at makalawang gumamit ng hayop sa paglilinang ng lupa.

## IV. Pagtataya:

Punan ang talata ng diwang kinakailangan nito. Pangkatin sila sa tatlo. Ang unang makasagot ang siyang panalo.

1. Ang tuba ay isang uri ng halamang tumutubo sa tropiko. Ito ay pangunahing pananim sa maraming lalawigan sa ating bansa.
2. Ang sampaguita ay ating pambansang bulaklak. Ito ay bulaklak na maliit, maputi at mahinhin ang bango.

## V. Takdang-Aralin:

Piliin ang pangungusap na di nagsasabi ng tungkol sa paksang tinatalakay sa talata.

1. Ang elepante ang pinakamalaki sa mga hayop-katihan. Ngunit pinakamalaki man ito'y maamo at matiyaga. Bilang alaga'y mas madaling sanayin ang elepante kaysa sa ibang hayop. Ang aso ang itinuturing na pinakamatapat na kaibigan ng tao. Kapag nasanay nang husto ang elepante, ito'y maraming serbisyong magagawa sa tao.
2. Ang mga natural na kalamidad ay hindi maiiwasan. Ito'y dumarating sa gusto o ayaw natin. Ang baha, sunog, lindol, salot at digmaan ay mga hampas ng langit sa sangkatauhan. Maraming paraan ang pagpapaunlad ng bansa at ng mga mamamayan. Ang kailangang malaman ng tao ay kung paano haharapin ang mga kalamidad na ito.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng katuturan/ gamit sa pangungusap.

**Pagpapahalaga** **:** Pagiging Malikhain

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay ng Kahulugan ng Salita sa Pamamagitan ng Katuturan/ Gamit sa Pangungusap

**Sanggunian** **:** Pilipinas, Ang Bayan Ko pp. 42 - 43;BEC-PELC Pagbasa Blg. 8 P. 36
**Kagamitan** **:** Tsart

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagbabalik-aral***
   Pagwawasto ng sagot sa takdang aralin

### B. Panlinang na Gawain

1. ***Pagganyak na tanong:***
   Paano nagkaroon ng organong kawayan?

2. ***Paglalahad:***
   a. Paghahawan ng balakid:
      Ipagamit sa pangungusap ang mga sumusunod na salita.
      Misyonero pagkumpuni
      Tumagos pananggalang Kaluwalhatian
   b. Pagbasa ng kuwento, " Ang Organong Kawayan'
   c. Pag-unawa sa kuwento:
      1. Ang organo ay binubuo ng 800 <u>tubong</u> kawayan at 121 tubong metal.
      2. Si Padre Diego Gerra ay <u>tubong</u> Espanya.
      3. Sinakop ng mga <u>Hapon</u> ang Pilipinas sa loob ng 3 taon.
      4. <u>Hapon</u> na nang dumating ang mga bisitang Hapon.

3. ***Pagtalakay:***
   Anong mga salita ang may salungguhit sa bawat pangungusap?
   Ano ang kahulugan ng tubo ayon sa gamit sa pangungusap 1 at 2?
   Ano naman ang kahulugan ng Hapon sa pangungusap 3 at 4?

4. ***Pagsasanay:***
    a. Magpabigay sa mga bata ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang diin at kahulugan. (Isulat ang mga ito sa pisara)
    b. Ipabigay ang kahulugan ng mga ibinigay na salita at ipagamit sa pangungusap.
    c. Pangkatin ang klase.
    Magpabuo ng dayalogo na gamit ang mga pares ng salitang naibigay (Maaring gumamit ng pares ng salitang di pa naibibigay)

## IV. Pagtataya:

Tukuyin kung ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit ayon sa gamit sa pangungusap.

1. Sa <u>tapat</u> ng bahay nina Nardo ay may poso.
2. <u>Tapat</u> si Pablo sa kanyang amo.
3. <u>Handa</u> nang magpakita ng talino ang mga kalahok.
4. Masarap ang <u>handa</u> ni Aling Mameng para sa bertdey ni Pablito.

## V. Takdang-Aralin:

Pumili ng 5 sa mga salitang napag-aralan. Mag-isip ng iba pang salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang diin at kahulugan. Gamitin ang mga ito sa pangungusap. Ipasulat sa Kuwaderno.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Natutukoy nang may pagkakasunud-sunod ang mga pangunahing diwang binubuo sa kuwento/seleksiyon.

**Pagpapahalaga** : Pagpapahalaga sa mga Natatanging Pilipino

## II. Paksang Aralin:

Pagtukoy nang may Pagkakasunud-sunod sa mga Pangunahing Diwang Bunubuo sa Kuwento

**Sanggunian** : Pilipinas, Ang Bayan Ko pp.100 - 102; BEC-PELC Pagbasa Blg. p. 36
**Kagamitan** : Tsart

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Pagwawasto sa mga sagot sa takdang aralin.

2. ***Pagganyak*** na tanong
   Maliban sa pagiging bayani, ano pa ang pagkakakilala ninyo kay Dr. Jose Rizal.?

### B. Paglalahad:

a. ***Paghahawan ng balakid.***
   Pagbibigay sa kahulugan ng sumusunod na salita at paggamit sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| Kooperatiba | itinatag | Matalik |
| Layunin | paglalakbay | magbungkal |

b. ***Pagbasa sa kuwentong*** " Jose Rizal, Ang Ulirang Magsasaka".

c. ***Pag-unawa sa kuwento.***
   Ano ang isinulat ni Rizal sa kanyang kapatid na si Lucia?
   Sino sa kanilang pamilya ang may dugong magsasaka?
   Anu-ano ang mga pangunahing diwang bumubuo sa kuwento?

### C. Pagsasanay

Basahin nang pahapyaw ang kuwentong Napahiya si Edmon" sa pah. 13- 14 ng Diwang Makabansa, Pagbasa. Ipaayos nang sunud-sunod ang mga pangunahing diwang bumubuo sa kuwento. Isulat ang 1 — 5 sa patiang.

______ Dumating ang takdang oras ng paligsahan.
______ Nagkita-kita sina Edwin, Pablito at Divina sa bakuran ng paaaralan.

______ Nagsanay ang tatlo ng kanilang duladuiaan.
______ Ang lahat ng kalahok ay nagbasa kanikanilang kathang dula-dulaan.
______ Nagwagi si Pablito bilang pinakamahusay na manunulat ng dula-dulaan at ang kanilang pangkat bilang pinakamahusay bumasa ng duladulaan.

**D. Paglalahat**

Anu-anong tuntunin ang dapat tandaan upang matukoy nang sunud-sunod ang mga pangunahing diwang bumubuo sa kuwento/ seleksiyon?

**E. Paglalapat**

Pangkatin ang klase.

Magpaisip ng paboritong laro ang bawat grupo at pag-usapan kung paaano ito nilalaro. Ipasulat ang mga paraan nang sunud-sunod. Ang bawat lider ay mag-uulat sa klase.

## IV. Pagtataya:

Ipabasa nang pahapyaw ang kuwentong Ang Bantayog ni Rizal sa Dapitan" Ipatukoy nang sunud-sunod ang mga pangunahing diwang bumubuo sa kuwento.

______ Kumilos agad si Rizal at tumuklas ng makina na nakagagawa ng 6,000 largo sa isang araw.
______ Nang itapon ng pamahalaan si Dr. Jose Rizal sa Dapitan, napansin niyang pinakukuluan pa ng taong- bayan ang tubig na iinumin.
______ Nagsiyasat siya at napag-alaman na may isang bukal sa may kalapit bundok.
______ Nakatulong nya sa paggawa ang mga taong bayan at nang matapos, ang daluyan ng tubig ay binubo ng mga tisa o laryo na nilagyan ng takip sa ibabaw.
______ Dahil sa sikap at talino ni Rizal, nakagawa siya ng mapagkukunan ng malinis na tubig na hindi na kailangang pakuluan.
______ Nagpatayo si Rizal ng fountain na may ulo at tinawag itong " Fuente de Nuestra Senora del Carmen".

## V. Takdang-Aralin:

Bumasa ng isang kuwento/seleksyon. Isulat ang mga pangunahing diwa sa limang pangungusap nang sunud-sunod.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Naibibigay ang iba't ibang bahagi ng aklat at mga impormasyong nakapaloob sa bawat bahagi.

**Pagpapahalaga** : Kasipagan

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay sa Iba't ibang Bahagi ng Aklat at ang mga Impormasyong Nakapaloob sa Bawat Bahagi

**Sanggunian** : Diwang Makabansa, Pagbasa p. 177
BEC- PELC: Pagbasa Big. p. 36
**Kagamitan** : Mga Aklat

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:*** Anu-ano ang mga bahagi ng isang pahayagan?
2. ***Pagganyak:*** Bakit mahalaga ang mga aklat?

### B. Paglalahad

a. ***Paghahawan ng balakid***
Ipabigay ang kahulugan ng sumusunod at ipagamit sa pangungusap.
   a. nakapustura
   b. lathalain
   c. agpapalimbag

b. Pagbasa sa kuwentong " Kapag Masipag, May Pag-unlad"

c. Pag-unawa sa kuwento
Ipasagot ang unang tanong sa "Magtalakayan Tayo"

### C. Pagtalakay

Anong bahagi ng aklat ang kakikitaaan ng pamagat?
Saang bahagi makikita ang tungkol sinasabi ng may-akda para sa mga mag-aaral?
Anong impormasyon ang mababasa sa bahaging Talaan ng Nilalaman?

### D. Pagsasanay

Pangkatin ang klase at papiliin ng lider. Sa tulong ng lider ay kailangang lubusang matutuhan ng bawat grupo ang mga bahagi ng aklat at ang impormasyong nakapaloob sa bawat bahagi. Lahat ng bata sa pangkat ay magpapakilala ng isang bahagi ng aklat at sasabihin ang impormasyong mababasa rito. Ang bawat grupo ay mag-uulat sa harapan ng klase.

**E. Paglalahat**

Anu-ano ang mga bahagi ng isang aklat?
Anu-ano ang mga impormasyong mababasa sa bawat bahagi?

**F. Paglalapat**

Isulat sa hustong pangungusap kung ano ang nilalaman ng sumusunod na bahagi ng aklat.

a. Talaan ng Nilalaman
b. Talatuntunan
c. Talahuluganan

## IV. Pagtataya:

Making sa mga impormasyong ibibigay ng guro. Ipasulat kung saang bahagi ng aklat ito mababasa.

## V. Takdang-Aralin:

Ipasulat ang mga bahagi ng aklat at ang mga impormasyong mababasa sa bawat bahagi.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pahiwatig na salita.

**Pagpapahalaga** : Pagkamakabayan

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay ng Kahulugan ng Salita sa Pamamagitan ng Pahiwatig na Salita

**Sanggunian** : Pamana 5 p. 61-63 BEC- PELC Pagbasa Big.
**Kagamitan** : Tsart

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagbabalik-aral***
   Magbigay ng mga salitang iisa ang baybay pero magkaiba ang diin at kahulugan. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

### B. Paglalahad

a. ***Paghawan ng balakid***
   Ipabigay ang kahulugan ng mga sumusunod:
   1. ekspedisyon
   2. arkipelago
   3. imahen

b. Pagbasa sa kuwentong " Ang Pagdating ng mga Espanol"

c. Pag-unawa sa kuwento
   Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento.
   1. Kailan sinimulan ng isang sundalong mandaragat mula sa Portugal ang paglalayag patungong Silangan?
   2. Ano ang layunin ng pagpunta nya sa Silangan?
   3. Dapat ba nating mahalin ang sariling bayan? Paano natin ito maipapakita?

### C. Pagtatalakay

Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?
Ano ang salitang nagpapahiwatig sa kahulugan ng naligaw? Naglayag?

### D. Pagsasanay

a. Ipabigay ang salita o mga salitang nagpapahiwatig sa kahulugan ng mga salitang may salungguhit at ang kahulugan ng mga ito (Diwang Makabansa, Pagbasa, p.29)
b. Pangkatin ang klase. Magtutulungan ang bawat pangkat sa pagbuo ng mga pangungusap na ginagamitan ng mga salitang nais ipahula ang kahulugan sa ibang pangkat. Magpapaligsahan ang bawat pangkat sa pagbibigay ng pangungusap, pahiwatig na salita at kahulugan ng salita.

**E. Paglalahat**

Maaari bang malaman ang kahulugan ng isang salita nang hindi na sumasangguni sa diksyunaryo? Paano?

## IV. Pagtataya:

Pag-aralan ang mga pangungusap. Ipabigay ang salitang nagpapahiwatig ng kahulugan ng salitang may salungguhit at ang kahulugan ng mga ito.

1. Ang Pilipinas ay naging kolonya ng Espanya dahil sumailalim ito sa kanyang kapangyarihan sa loob ng 333 taon.
2. Sa pagdaong ng pangkat ni Legazpi sa Leyte, hindi sila nakatanggap ng mainit na pagsalubong mula sa mga Pilipino.
3. Kaya napilitan ang pangkat niya na tumawid, patungong Bohol.

## V. Takdang-Aralin:

Gumupit ng isang artikulo sa pahayagan o magazine na mayroong salitang di-maintindihan. Idikit ito sa bond paper at isulat sa ilalim ang mga salitang di-maintindihan, mga salitang nagpapahiwatig ng kahulugan nito at ang kanilang kahulugan.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nabibigyang kahulugan ang mga impormasyong nasa iba't ibang bahagi ng pahayagan.

**Pagpapahalaga** **:** Pagiging responsableng mamamayan

## II. Paksang Aralin:

Pagbibigay kahulugan sa mga Impormasyong nasa iba't ibang bahagi ng pahayagan

**Sanggunian** **:** BEC- PELC, Pagbasa p. 36
**Kagamitan** **:** mga pahayagan

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1 Pagwawasto sa mga sagot sa takdang aralin

2. ***Pagganyak***
Nagbabasa ba kayo ng pahayagan?
Anu-anong pahina nito ang ibig ninyong basahin? Bakit?

### B. Paglalahad

Ipasuri sa mga mag-aaral ang pahayagang dala.

### C. Pagtalakay

Gumamit ng dyaryo at ipakita ang bawat bahagi nito. Anu-ano ang mga bahaging isang pahayagan?
Anong impormasyon ang matatagpuan sa pangulong tudling o pahinang editoryal?
Anong impormasyon ang mababasa sa obituaryo?
Ano ang kahalagahan ng pagbabasa ng dyaryo?

### D. Pagsasanay

Pangkatin ang klase at papiliin ng lider ang bawat grupo. Pag-aralan ang bahagi ng pahayagan at ang impormasyong mababasa rito. Bawat isang bata sa pangkat ay magpapakilala ng isang bahagi ng dyaryo at sasabihin ang impormasyong matatagpuan dito. Ang bawat pangkat ay pupunta sa harapan ng klase.

### E. Paglalahat

Anu-ano ang mga bahagi ng pahayagan?
Anu-anong impormasyon ang mababasa sa bawat bahagi?

## IV. Pagtataya:

Makinig sa mga impormasyong babasahin o ipapakita ng guro. Isulat ang pangalan ng bahagi ng pahayagan kung saan mababasa ang bawat impormasyong babasahin ng guro. Piliin ang sagot sa kahon. (Maghahanda ang guro ng iba't ibang impormasyon)

## V. Takdang-Aralin:

Magpakalap ng mga artikulo sa iba't ibang bahagi ng pahayagan.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nagagamit nang wasto ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pangungusap at mga katawagang nauukol sa Maykapal.

**Pagpapahalaga** : Napahahalagahan ang mg biyayang bigay ng Maykapal.

## II. Paksang Aralin

Paggamit ng Malaking Titik sa Simula ng mga Salitang Tumutukoy sa Maykapal at Mahahalagang Salita sa Pangungusap

**Sanggunian** : BEC, PELC: Pagsulat Blg. 1 pah.35
**Kagamitan** : Mgalarawanng tubig, punongkahoy, kalupaan, bundok at iba pa

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   Piliin sa mga lipon o pangkat ang hindi dapat mapabilang sa pangkat ng mga salita.

   a. Lorna, bata, Rita, Pamfilo
   b. Bulacan, Balivag, bayan, Plaridel
   c. Bb. Canlas, Gng. Reyes, G. Santos, guro

2. ***Pagganyak***

   Ipaawit ang "Hiram sa Diyos"
   Itanong**:** Ano ang iyong naaalala habang inaawit ito?

### B. Paglalahad

1. Pag-uasapan ang awit na "Hiram sa Diyos"
2. Itanong: Alin sa mga salita sa awit ang patungkol sa Panginoon?
   Paano ito nasusulat?
   1. Pagbigayin pa ng ibang halimbawa ng mga mahahalagang salita o mga salitang tungkol sa Panginoon.
   2. Gumawa ng talaan ng mga salitang babanggitin.
      a. Diyos
      b. Lumikha
      c. Panginoon

### C. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa pagsulat ng mga salitang tungkol sa Panginoon?

### D. Pagsasanay

Alin sa mga salita o lipon ng mga salita sa pangungusap ang kailangang isulat sa malaking titik? Magkakaroon ng palaro (Group game). Kung sino sa. grupo ang unang makakatapos ng pagsasanay ay mabibigyan ng karagdagang puntos.

1. Ang diyos ang nagbibigay sa atin ng biyaya.
2. Dapat tayong makinig sa mga aral ng panginoon.
3. Dapat tayong magdasal at magpasalamat sa maykapal.

### E. Paglalapat

Ipasulat ang talatang ididikta.

Maraming biyaya ang ipinagkakaloob sa atin ng Diyos. Dapat natin Siyang pasalamatan. Siya ang Ama nating lahat. Siya rin ang ating Panginoon at Maykapal.

## IV. Pagtataya:

Bilugan ang mga salitang dapat isulat sa malaking titik sa mga sumusunod na pangungusap: Hanapin ang karugtong ng pangungusap upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap.

1. Ang patnubay natin sa araw-araw ay ang espiritu Santo.
2. Tuwing Linggo ay nagsisimba tayo upang sumamba sa Diyos.
3. Ang tinatamasa nating biyaya ay bigay ng Panginoon.

## V. Takdang-Aralin:

Sumipi ng iba pang salita ukol sa Diyos na ginagamitan ng malaking titik.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nagagamit ang malaking titik sa simula ng bawat taludtod ng tugma o tula.

**Pagpapahalaga** : Naipakikita ang malinis na paggawa

## II. Paksang Aralin

Paggamit ng Malaking Titik sa Simula ng Tugma o Tula

**Sanggunian** : BEC, PELC: Pagsulat Blg. 2 pp. 35
**Kagamitan** : aklat ( Diwang Makabansa p. 68)

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   Piliin ang pamagat na wasto ang pagkakasulat at magbigay ng mga makabuluhang pangungusap ukol sa wastong pamagat. Isulat sa manila paper at idikit sa pisara ang natapos na gawain

   a. Ang Bansang Pilipinas
   b. Ako ay Pilipino
   c. Pilipinas ang Aking Bayan
   d. Pilipinas Perlas ng Silangan

2. ***Pagganyak***

   Ipakita ang larawan ng iba'tibang bahagi ng Pilipinas. Bakit sinabing ang Pilipinas ay Perlas ng Silangan?

### B. Paglalahad

1. ***Paghahawan ng balakid***

   Panuto**:** Piliin ang kahulugan sa

   a. Kaygandang malasin ng kabukiran, (tingnan, damhin )
   b. Ang minimithi natin ay kalayaan. (ginagamit, inaasam )
   c. Pinagpala ang mga taong may mabuting ugali. ( biniyayaan, inutusan )

2. ***Ipabasa ang tula.***

   Pilipinas, Perlas ng Silangan

   Kay gandang malasin, bansang Pilipinas
   Bayang minimithi ng mga dayuhan,
   Ito'y pinagpala ng Poong Maykapal
   Sa mga biyaya't mga kayamanan.

Itanong: Ano ang simula ng bawat tugma o taludtod?
Alin-aling mga salita ang may malaking titik? Bakit?

**C. Paglalahat**

Ano ang ginagamit sa simula ng bawat tugma o taludtod?

**D. Pagsasanay**

Isulat muli ang tugma sa pisara at gamitin ang malaking titik. Hanapin ang nawawalang salita at isulat itong muli sa pisara.

paaralan nami'y maganda't malinis
maraming halamang dito'y nakaligid
may mga puno ring malalaki't maliliit

**E. Paglalapat**

Bumuo ng isang saknong mula sa mga tugmang nakasulat sa "flash cards" Pagsunud-sunurin at gamitan ng malaking titik.

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Gaya ng pag-ibig sa sariling lupa
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

## IV. Pagtataya:

Isulat nang wasto ang sumusunod na tugma. Gumawa ng isang tugma ukol sa mga bagay na nakikita sa loob ng silid-aralan

Walis na Tingting

Ang tingting na walis kapag nag-iisa
Kaydaling mabali, di ba napupuna?
Ngunit pag marami at nagkasama-sama
Hindi mababali nang karakaraka.

## V. Takdang-Aralin:

Pumili ng isang tula o tugma sa alin mang aklat. Isulat ito nang wasto na gagamitan ng malaking titik.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

**I. Layunin:**

- ❖ Nagagamit nang wasto ang malaking titik sa tiyak na pangalan ng tao.

**Pagpapahalaga** : Nakikilala ang Kahalagahan ng natapos na gawain.

**II. Paksang Aralin**

Paggamit ng malaking Titik sa Tiyak na Pangalan ng Tao

**Sanggunian** : BEC, PELC : Pagsulat Blg. 3 pp.35
**Kagamitan** : Mga larawan ng iba't ibang tao sa buong mundo

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***

   Piliin ang tiyak na ngalan ng tao.

   a. Si Rosa ang gumawa ng mga bulaklak.
   b. Nagtungo si Pedro sa bukid.
   c. Ang kuya ko ay nag-aaral sa bayan.

2. ***Pagganyak***

   Sino ang may kamag-anak na balikbayan? Taga-saan sila?

**B. Paglalahad**

Nakasulat sa tsart ang kwento

1. Basahin

   **Mga Dayuhan**

   Sa ating bansa ay maraming tao ang nanggaling sa ibang bansa o mga dayuhan. Mayroon ditong mga Hapones, Intsik, Amerikano, Australyano, Koreano, Ruso at iba pa. nagustuhan nilang manirahan dito sa ating bansa dahil dito ay tahimik. Lagi mong maririnig ang mga papuri sa Pilipinas buhat sa mga dauyhang ito.

2. Itanong

   a. Aling mga salita buhat sa talata ang tumutukoy sa tiyak na pangkat ng tao?
   b. Isulat at pag-usapan ito

**C. Paglalahat**

Paano nasusulat ang mga ngalan ng mga tiyak na pangkat ng tao?

**D. Pagsasanay**

Piliin ang mga tiyak na ngalan ng pangkat ng tao na nasusulat sa malaking titik. Magbigay pa ng tiyak na ngalan ng pangkat ng tao. Isulat sa "cartolina strips". Idikit sa pisara.

1. Si Erlinda ay may kamag-anak na Amerikano.
2. Ang mga Hapones ay maraming kaugalian.
3. Ang mga Pilipino ay nakatira sa Pilipinas.

**E. Paglalapat**

Sipiin buhat sa mga pangungusap ang mga tiyak na pangkat ng tao at isulat sa pisara ang sagot. Kapwa bata ang magsasabi kung tama ang sagot.

1. Marami akong nakitang Amerikano noong inagurasyon ni Pangulong Gloria Arroyo.
2. Masikap sa gawain ang mga Intsik.
3. Ang mga tao sa Hapon ay kabilang sa mga Asyano.

## IV. Pagtataya:

Gamitin ang malaking titik sa pagsulat ng tiyak na pangkat ng tao. Pahulaan kung anong pangkat ng tao ang tutukuyin ng guro.

1. Kilala ang mga Hapones sa pagiging makabayan.
2. Tuwang-tuwa ang mga Pilipino sa pagsapit ng sentenaryo.
3. Ang mga Australyano ay buhat sa bansang Australia.

## V. Takdang-Aralin:

Magbigay ng iba pang halimbawa ng mga tiyak na pangkat ng tao lokal at sa ibang bansa

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin:

- ❖ Nagagamit ang angkop na bantas para sa iba't ibang uri ng pangungusap.

**Pagpapahalaga** : Nakapagmamalaki tungkol s ayang tinubuan.

## II. Paksang Aralin

Paggamit ng Wastong Bantas sa Iba't ibang Uri ng Pangungusap.

**Sanggunian** : BEC, PELC : Pagsulat Blg. 4
**Kagamitan** : "cartolina strips" (mga pangungusap), aklat ( Diwang Makabansa - Wika)

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***
   Panuto: Sabihin kung pangungusap o parirala ang mga sumusunod:
   a. Minamahal ko ang Pilipinas.
   b. Maraming magagandang tanawin
   c. Mahal mo ba ang Pilipinas?

2. ***Pagganyak***
   Sino ang may telepono sa bahay?
   Paano kayo sumagot sa telepono? Ipakita at iparinig sa harap

### B. Paglalahad

Basahin: Sa Telepono..pp.49

Tanong:

a. Anu-anong mga pangungusap ang ginamit sa pag-uusap sa telepono?
b. Alin ang pangungusap na pasalaysay sa dayalogo? Anong bantas ang ginamit rito?
c. Alin ang pangungusap na patanong? Ano ang bantas nito?
d. Alin ang pangungusap na pautos? Ano ang bantas nito?

### C. Paglalahat

Anu-anong bantas ang ginamit sa pangungusap na pasalaysay? Patanong? Pautos? Padamdam?

### D. Pagsasanay

Sabihin kung anong uri ng pangungusap at lagyan ng wastong bantas ang mga sumusunod:

1. Si Ellen ay matalik kong kaibigan
2. Tumahimik kayo mga bata
3. Ilan ang kasama mo sa piknik

**E. Paglalapat**

Lagyan ng angkop na bantas ang bawat pangungusap.

1. Si Bonito, ang bunso namin ay iyakin
2. Arman kunin mo nga ang payong ko
3. Kailan kayo luluwas sa Maynila

## IV. Pagtataya:

Isulat na muli ang mga pangungusap at gamitan ng wastong bantas. Ipabigkas nang tama ang mga pangungusap.

1. Kaygandang pagmasdan ng mga bulaklak sa parang
2. Naku nahulog sa tulay ang bata
3. Jose huwag kang maingay riyan

## V. Takdang-Aralin:

Mula sa isang kwento/pangyayari na nabasa o narinig na ninyo, sumipi/magtala ng limang pangungusap na may iba't ibang uri.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. Layunin

- Nagagamit ang kuwit at panipi sa pagtukoy sa tuwirang sinabi ng tao.

**Pagpapahalaga** : Nakapagpapakita ng paggalang sa katangian ng iba.

## II. Paksang Aralin

Paggamit ng Kuwit at Panipi sa Tuwirang Sinabi ng Tao

**Sanggunian** : BEC, PELC: Pagsulat B1g. 5 pp. 35
**Kagamitan** : Mga pangungusap sa " cartolina strips"

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   Lagyan ng angkop na bantas ang mga sumusunod na pangungusap. Unahan sa pagdidikit ng mga bantas.

   a. Ako ay bumili ng saging papaya at atis
   b. Sina Rose Linda at Tess ay magkakaibigan
   c. Namimitas ako ng santol bayabas at duhat sa bukid

2. ***Pagganyak***

   Nagbibilin ba sa inyo ang Nanay bago kayo pumasok sa paaralan?
   Anu-ano ang kanyang tuwirang sinasabi?

### B. Paglalahad

Mga pangungusap sa cartolina strips.

1. ***Basahin nang may wastong tono.***

   "Magsasaing na ako," ang sabi ni Beng.
   "Maaari po bang magtanong sa inyo?"
   " Itatapon ko ito sa basurahan," ang bulong ni Carlos.

2. ***Talakayin:***

   Ano ang kapansin-pansin sa mga pangungusap?
   Sinu-sino ang mga nagsasalita?
   Ano ang ginawa sa mga pangungusap/lipon ng mga salita na sinasabi ng taong nagsasalita?

**C. Paglalahat**

Paano ginagamit ang kuwit at panipi?

**D. Pagsasanay/Paglalapat**

Sipiin ang mga pangungusap at lagyan ng wastong bantas.

1. Ang sabi ni Luisa huwag kayong basta tatawid
2. Tayo nang maglaro ang kayag ni Aldo
3. Maglinis na tayo ng silid-aralan ang sabi ni Ruben

## IV. Pagtataya:

Panuto: Lagyan ng angkop na bantas ang mga pangungusap na bumubuo sa talata. Bibigyan ng kopya ang bawat grupo. Unahan sa pagsumite.

Noon ay araw ng Lunes kaya't may palatuntunan sa paaralan Tayo nang pumila ang yaya ni Melchor Oo nga naman sagot ni Jose At ang mga bata ay isa-isa nang pumunta sa pilahan

Pamaya-maya ay dumating ang guro at sinabing tumuwid kayo Tahimik na sumunod ang mga bata kaya't nasisiyahang sinabi ng guro Salamat sa pakikiisa ninyo mga bata

## V. Takdang-Aralin:

Buhat sa isang kwento, sumipi ng limang pangungusap na may tuwirang sinabi at lagyan ng mga wastong bantas.

2nd

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa detalye ng ulat/patalastas/kwentong napakinggan.

*Pagpapahalaga: Pagpapaha/aga sa Ekonomiya ng Bansa*

II. PAKSA: Pagsagot sa mga tanong tungkol sa detalye ng ulat/patalastas/kwentong napakinggan

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 11 pah. 37

Kagamitan: balita, cassette, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng sagot sa takdang gawain ng nakaraang aralin.
1. Pag-usapan ang mga suliranin ng bansa hinggil'sa ekonomiya. Linangin ang mga kasunod na mga salita/parirala.
a. Mabigyang prayoridad
b. Suplay ng bigas
c. Mapunan ang demand.

B. Paglalahad

Iparinig ang kasunod na ulat/patalastas o kwento.

C. Pagtalakay

1. Anong kasunduan ang nilagdaan ng Kagawaran ng Pagsasaka at ng mga gobernardor ng bansa?
2. Ibigay ang layunin ng nabanggit na kasunduan.
3. Bilang pagsuporta sa kasunduan, ana ang inilabas ni Pangulong Joseph E. Estrada? Nagtagumpay ba ita? Patunayan

D. Paglalahat

Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng paglalahat.

A. Pagsasanay

Ipabasa sa isang napiling bata ang ibinigay na ulat/patalastas/kwento. Pagkatapos ipasagot ang mga kasunod na tanong.

IV. PAGTATAYA:

Sa tulong ng cassette, kung mayroon, magparinig ng isang maikling ulat/kwento o patalastas. Ipasasagot ang mga tanong pagkatapos ng napakinggang kwento.

V. TAKDANG-ARALIN:

May mga patalastas na nakasulat sa tsart.
Basahin ang mga ito sagutin ang mga tanong kasunod nito.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Makabua ng banghay a balangkas tungkol sa napakinggang teksta.

*Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa mga likas na yaman*

II. PAKSA: Pagbuo ng Banghay a Balangkas tungkol sa napakinggang teksto.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 12
Kagamitan: tsart, halimbawang seleksyan, globo

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Napag-aralan na natin ang paggawa ng banghay a balangkas. Ano ang ibig sabihin ng balangkas?
2. Bakit mahalaga ang balangkas? Saan ginagamit ito?
3. Anu-ano ang dapat tandaan sa paggawa ng balangkas?

B. Paglalahad

Iparinig sa mga bata ang kasunod na teksto.

C. Pagtalakay

1. Tungkol saan ang seleksyong binasa?
   Hanapin sa globo ang bansang Nauru.
2. Ano ang pangunahing ideya sa unang talata? Ikalawang talata? Ikatlo?
3. Anu-anong detalye ang sumusuporta sa unang pangunahing ideya? ikalawa? ikatlo?
4. Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng banghay o balangkas.
   5. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pangangalaga sa ating mga likas na yaman?

D. Paglalahat

Ano ang dapat isaalang-alang sa pagbuo ng balangkas?

B. Pagsasanay

1. Hatiin sa maliit na grupo ang mga bata.

2. Bigyan ng sapat na bilang ng gawaing dahon ang bawat grupo.
3. Subaybayan ang mga bata sa kanilang pagpapangkatang gawain .
4. Ipaulat ang nabuong balangkas.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Gawan ng banghay o balangkas ang huling talata ng teksto ukol sa bansang Nauru.

V. TAKDANG-ARALIN:

Gawan ng banghay o balangkas - Ang Edukasyon sa Panahon ng Amerikano (Pamana ph. 152)

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nakbubuo ng banghay o balngkas tungkol sa napakinggang teksto

*Pagpapahalaga:  Pagpapahalaga sa ating mga bayani at panqulo*

II. PAKSA: Pagbuo ng Banghay a Balangkas tungkol sa napakinggang teksto.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 12, Diwang Makabansa Wika pp. 134-137
Pamana pp. 118-119, 260-261
Kagamitan: tsart/aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

   Bakit mahalaga ang balangkas? Saan ito ginagamit? Alam ba ninyo ang bahagi ng isang balangkas?

2. Pagganyak

   Sinu-sino ang mga bayaning kilala ninyo? Anu-ano ang kanilang mga nagawa para sa ating bayan?

B. Paglalahad

Ipakita - nakatsart na halimbawa ng balangkas "Talambuhay ni Apolinario Mabini."

*Talambuhay ni Apolinario Mabini*

I. Kapanganakan at mga Magulang

A. Kapanganakan

1. Pook na Sinilangan

1. Petsa ng Pagsilang

B. Mga Magulang

II. Mga Nagawa sa Bayan

A. Katungkulan sa Katipunan

1. Tagapayo ni Aguinaldo
2. Naging Tagasuri

B. Mga Isinulat

1. Sa Aking mga Kababayan
2. Tunay na Dekalogo

C. Mga Kaisipang Nagbubuklod sa mga Pilipino

III. Pagkabilanggo at Pagkatapon sa Guam

A. Dahilan

B. Petsa

IV. Kamatayan

A. Dahilan

B. Petsa at Pook

C. Pagtalakay

Itanong:

Pagpapahalaga: Paano natin mapapahalagahan ang ating mga bayani?

a. Anong uri ng bilang ang ginagamit sa pagsulat ng mga pangunahing paksa?

a. Anong uri ng titik ang ginagamit sa kasangay na paksa ng pangunahing paksa?

b. Anong bantas ang ginagamit pagkatapos ng mga bilang Romano?

   Anong bantas ang ginagamit pagkatapos ng mga bilang Arabiko?

d. Paano isinusulat ang mahahalagang salita sa mga paksa sa mga bilang Romano?

Itatala ng guro sa pisara ang mga sagot na gamit ang "Semantic Webbing".

D. Paglalahat

Anu-ano ang mga dapat tandaan sa paggawa ng balangkas?

E. Pagsasanay

Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat at ipagawa ang balangkas ng pang-araw-araw na gawain. Ipasulat sa bawat pangkat ang karagdagan sa bawat pangunahing paksa. Ipatala ang kabuuang balangkas sa pisara.

F. Paglalapat

Iparinig sa mga bata ang tungkol sa "Bayaning si Jose Rizal" na hango sa Pamana pp. 118-119. Bumuo ng balangkas tungkol dito.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Bumuo ng balangkas tungkol sa buhay ni Pangulong Fidel V. Ramos na hango sa Pamana 5 pp. 260-261.

V. TAKDANG-ARALIN:

Humanap ng isang aklat o babasahin ng talambuhay ng isang bayani. Sumulat ng isang balangkas batay sa kanyang talambuhay.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Napagsusunud-sunod ang mga ideya sa napakinggang teksto kaugnay ng pagbabago sa edukasyon.

*Pagpapahalaga: Pagsunod sa batas o patakaran*

II. PAKSA: Pagsunud-sunod sa mga Ideya sa napakinggang teksto kaugnay ng pagbabago sa Edukayson.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 13 pah. 37

Kagamitan: Pagbasa, Gintong Pamana 5, p.195-196, kwento

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto at pagpapahalaga sa mga gawain napagkasunduang gawin ng mga batao
2. Pagganyak

   Ipasagot:

   a. Kailan nagiging magulo ang lipunan? Anu-anong dahilan bakit nagkakaroon ng kaguluhan sa lipunan?
   b. Saan higit na mainam manirahan, sa magulo o sa mapayapang lipunan? Bakit?]

B. Paglalahad

Bumasa ng isang kwento "Ang Batas ni Kalantiaw."

C. Pagtalakay

1. Kailan isinilang si Kalantiaw? Ano ang tunay nyang pangalan?
2. Kailan naging puno ng Aklan si Kalantiaw?
3. Kailan isinulat ni Datu Kalantiaw ang "Batas ni Kalantiaw?"
4. Saan n'ya pinairal ang batas ni Kalantiaw?
1. Paano pinarusahan sa Batas ni Kalantiaw ang pakikiapid sa asawa? di pagbayad ng utang? panggagahasa?
6. Ano ang mensaheng hatid ng kwento?

   Pag-usapan:

   - Pagsusunod-sunod ng mga ideya
   - Pagpapahalaga

D. Pagsasanay

Pumili ng unang batang magaling bumasa ng kwento at ipaulit basahin ang kwento.

IV. PAGTATAYA:

Basahin sa mga bata ang seleksyong nakakahon.

Ipasagot:

1. Kailan ipinanganak si Francisco Balagtas?
1. Kailan siya namasukan bilang katulong?
2. Kailan siya natapos na pag-aaral sa kolehiyo?
3. Kailan siya nabilanggo?

V. TAKDANG-ARALIN:

Batay sa tekstong binasa, pagsunud-sunurin ang bilang ng mga pangyayari mula sa 1 hanggang 8 ayon sa pagkakaganap sa kwento. Isulat ang bilang sa puwang.

_________ Natagpuan ng mga alagad ng Diyos sa Kastila ang manuskrito ng batas na ito na nilikha sa matandang alpabeto ng Pilipinas na kung tawagin ay Alibata.

_________ Siva ay matalino at makatarungang pinuno.

_________ May labing walong tagubilin ang "Batas ni Kalantiaw"

_________ Ang Kalantiaw ay kumuha sa mga salitang "akan" na ang kahulugan ay namumuno at "tiaw" ang ibig sabihin ay taong tahimik ngunit palaisip.

_________ Iba't ibang parusa ang iginagawad sa mga nagkasala

_________ Noong 1410, isang dugong bughaw ang isinilang sa Aklan.

_________ Sa bisa ng mga batas na nilikha· niya, maihahanay si Raha Kalantiaw sa mga mambabatas sa buong daigdig.

_________ Sinasabing sinulat ni Datu Kalantiaw ang "Batas ni Kalantiaw" noong 1433 nang siya'y dalawamput tatlong taong gulang lang.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nakagagawa ng lagom o buod ng mga detalye/ideyang napakinggan

*Pagpapahalaga: Paggalang sa karapatan ng iba.*

II. PAKSA: Paggawa ng Buod o Lagom ng Detalyeng Napakinggan.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 14,
Ang Pilipinas sa Bagong Siglo V pp. 68-69; 101109

Lunsaran: "Ang Polo y Servicio"

Kagamitan: tsart, tape recorder

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

Ipakita: Larawan ng mga manggagawa
Itanong: Ano ang masasabi tungkol sa larawan? atbp.

B. Paglalahad

Iparinig sa mga bata ang sumusunod na teksto na hango sa "Pilipinas sa Bagong Siglo V," p. 69

C. Pagtalakay

Pag-usapan ang detalye ng tekstong napakinggan.

1. Ano ang Polo? Sinu-sino ang gumagawa nito? Anu-ano ang ipinagagawa sa kanila? Bakit nagpahirap ita sa maraming Pilipino? Makatarungan ba ito? Bakit? Anong karapatan ng tao ang nilabag sa programang ita ng mga Kastila?
2. Ipabasa ang isang paglalagom tungkol dito na nakasulat sa isang tsart.
3. Itanong: Ano ang kaibahan ng kanilang narinig na teksto sa binasa nilang detalye sa tsart.
4. Talakayin ang paglalagom, paano ito ginagawa at kung bakit ito ginagawa.

D. Pagsasanay

Pangkatin ang mga bata sa limang grupo. Iparinig sa kanila ang sumusunod na teksto at ipagawa ang buod nito. Isusulat ng kalihim ng pangkat ang nayaring buod sa manila paper at tatalakayin naman nito ng lider.

E. Paglalapat

Ano ang paglalagom? Ano ang dapat tandaan sa paggawa nito? Ano ang kahalagahan ng paggawa nito?

IV. PAGTATAYA:

Iparinig sa mga bata ang sumusunod na teksto at bawat isa ay gagawa ng paglalagom sa kalahating papel

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumawa ng isang paglalagom batay sa isang ulat ng "Magandang Gabi Bayan" sa Sabado, 5:30 ng hapon sa Channel 2. Isulat ang buod sa isang buong papel.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nabibigyang hinuha ang mga pangyayari sa balitang napakinggan.

*Pagpapahalaga: Matamang Pakikinig*

II. PAKSA: Pagbibigay ng Hinuha sa Balitang Napakinggan.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 15, RP Daily Expose p. 2
Lunsaran: Hunger Strike vs PPA
Kagamitan: tape recorder

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak
   Tanungin ang mga bata tungkol sa pinakahuling balitang narinig nila. Hingin ang reaksyon nila tungkol dito.

B. Paglalahad

1. Itanong kung kailan tayo nagbibigay ng hinuha.
2. Iparinig sa mga bata ang isang balita tungkol sa PPA. Ipaalala sa kanila ang mga pamantayan sa mabisang pakikinig.

C. Pagtalakay

Pag-usapan ang detalye ng balitang narinig.

1. Sino ang naghunger strike laban sa PPA? Ano ang layunin niya sa pagha-hunger strike? Sino ang sinisisi niya sa mataas na singil ng kuryente? Ano ang magiging resulta kung patuloy na ipapataw ang PPA sa singH sa kuryente? Ano ang mahihinuha ninyo sa patuloy na pagdami ng mga nagiistrike laban sa PPA?
2. Talakayin na kapag sila ay nagbibigay ng sariling kuru-kuro at palagay, sila ay naghihinuha.

D. Pagsasanay

Pangkatin ang mga bata at iparinig sa kanila ang isang balita at hayaang maghinuha sila tungkol dito. Ang lider ng bawat pangkat ang magpapaliwanag tungkol dito.

- Ibigay ang sumusunod na mga tanong bHang gabay sa kanilang paghihinuha: Ano ang maaring mangyari kung totoo ngang patay na si Sabaya? Ano kava ang magiging epekto

nito sa mga tao sa Basilan? Kung buhay pa siva, paano kava siva mapapasuko?

E. Paglalapat

Paano isinasagawa ang paghihinuha? Bakit mahalaga ang may kasanayan sa pagsasagawa nito?

IV. PAGTATAYA:

Iparinig sa mga bata ang sumusunod na balita at ipasulat ang kanilang hinuha tungkol dito. Ibigay ang sumusunod na mga tanong bilang patnubay sa mga bata sa paghihinuha.

1. Ano ang maaring mangyari kung patuloy na mananalakay ang mga NPA sa mga transmitter ste ng alinmang Telecom?
2. Ano kava ang tunay na dahilan ng mga NPA sa kanilang ginawang panununog?
3. Paano kava masusugpo ang mga NPA sa ginagawa nilang panununog?

V. TAKDANG-ARALIN:

Manood ng Saksi mamayang alas sais ng gabi sa Channel 7 at isulat ang hinuha ninyo tungkol sa ulo ng mga balita.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nakukuha ang detalye at paksang diwa ng liham o balitang napakinggan

*Pagpapahalaga: Pagmamalasakit*

II. PAKSA: Pagkuha ng Detalye at Paksang Diwa ng Liham o Balitang Napakinggan.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 16, Filipino sa Bagong Siglo V pp. 388-389, Diwang Makabansa Wika V pp. 126-127, 121
Lunsaran: Isang bukas na liham
Kagamitan: tape recorder

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak
Sino sa inyo ang madalas sumulat o makatanggap ng Iiham? Sino ang madalas ninyong sulatan? Ano ang lagi ninyong paksa sa pagsulat?

B. Paglalahad

Iparinig sa mga bata ang isang bukas na liham.

C. Pagtalakay

1. Pag-usapan ang detalye ng Iiham at kung paano kukunin ang paksang diwa nito.
2. Ano ang paksa ng liham? Sino ang sumulat nito? Para kanino ito?
3. Bakit sinulatan ang mga mag-aaral? Paano natin mapapanatili ang kaayusan at kalinisan sa ating paaralan ayon sa Iiham? Paano tayo nagiging magandang halimbawa sa mag-aaral na walang malasakit sa paaralan?

D. Pagsasanay

Pangkatin ang mga bata at iparinig sa kanila ang sumusunod na Iiham. Matapos pakinggan ita bigyan ng i1ang minuto ang bawat pangkat na pag-usapan ang detalye at paksang diwa nito at ita ay kanilang iuulat.

B. Paglalahat

Paano makukuha ang detalye at paksang diwa ng isang Iiham? Bakit mahalagang malaman natin ang paksang diwa at detalye ng mga liham?

IV. PAGTATAYA:

Iparinig sa mga bata ang sumusunod na liham at ipasagot ang .mga tanong tungkol dito at ipasulat ang paksang diwa nito.

Itanong:

1. Sino ang sumulat ng liham? Para kanino ito?
2. Anong uri ng Iiham ito?
3. Bakit masaya ang mag-anak ni Aminah sa kabila ng kanilang pagka-inip?
4. Ano ang trabaho ng mga magulang ni Aminah?
5. Sino ang bago niyang kaibigan?
6. Ano ang paksang diwa ng liham ni Aminah?

V. TAKDANG-ARALIN:

Panoorin ang Maalaala Mo Kaya sa Huwebes alas nuwebe ng gabi sa Channel 2. Isulat kung sino ang nagpadala ng liham na tampok at kung ana ang paksang diwa nito. Isulat din ang mahahalagang detalye nito.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Napagsunud-sunod ang mga ideya sa napakinggang teksto

*Pagpapahalaga: Pagkilala sa Tunay na Lahing Pilipino*

II. PAKSA: Pagsunud-sunod ng mga Ideya sa Napakinggang Teksto.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 18
Kagamitan: "Ang Pinagmulan ng Lahing Pilipino", Batayang Aklat, Pamana V ph. 2

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Paghahambingin ang mga mag-aaral at ipasusuri sa kanila ang anyo ng bawa't isa. Pumili ng ilan at patayuin sa harap ng klase. Paano sila nagkakaiba?
   *Mga halimbawang sagot:*
   Matangkad si Nila. Maliit si Mario.
   Pango ang i1ong ni Aries.
   Matangos ang ilong ni Andy.
   Kayumanggi si Arlene.
   Maputi si Janet.
   Kulot ang buhok .ni Liza.
   Tuwid ang buhok ni Mila.
2. Itanong kung saang lalawigan nagmula ang kani-kanilang pamilya o kung napapabilang sila sa anumang minority tribe. Saan ba talaga nagmula ang mga Pilipino?

B. Paglalahad

1. Ipabigay ang mga pamantayan sa wastong pakikinig.
2. Ipasabi ang nais malaman sa pakikinggang salaysay.
3. Pagbasa sa guro sa salaysay habang sila ay nakikinig.
4. Talakayan-
   a. Pagsagot sa tanong pagganyak.
   b. Pagsagot sa mga iba pang tiyak na tanong.
   k. Pagbibigay ng mga pangyayari ayon sa wastong pagkakasunud-sunod. Pagdudugtungan ng mga pangyayari sa napakinggang salaysay. Gumamit ng "Flow Chart".

C. Paglalahat

Paano isinaayos ang mga ideya sa isang salaysay?

D. Pagsasanay

Isaayos ayon sa wastong pagkakasunudsunod ang mga pangungusap sa ibaba.

a. Inalisan nila ng karapatan ang mga Pilipino sa sariling bansa.
b. Nabulabog ang katahimian sa bawat barangay sa bansa.
c. Dumating ang mga Espanyol.
d. Isinilang ang mga magigiting na bayaning nakipaglaban para sa kalayaan ng bansa.
e. Nakamit ang Kalayaan ng Pilipinas sa kamay ng mga Espanyol noong Hunyo 12, 1898.

IV. PAGTATAYA:

Pagbasa ng isa pang teksto habang nakikinig ang mga bata. Ayon sa wastong pagkakasunod ng mga ito.

V. TAKDANG-ARALIN:

Alamin kung sinu-sino pang mga dayuhan ang nakarating at nanirahan sa ating bansa. Itala nang nakaayos ayon sa panahon ng kanilang pagdating sa Pilipinas.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nabibigyang reaksiyon ang napakinggang editoryal, artikulo at iba pa.

*Pagpapahalaga: Pagpapanatili sa mga Katutubong Kaugalian.*

II. PAKSA: Pagbibigay Reaksiyon sa Napakinggang Editoryal, Artikulo, at Iba pa.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 18, "Paglinang sa mga Katutubong Kultura at Kaugalian", Batayang Aklat, Pamana V, ph. 203

Kagamitan: clippings ng mga artikulo mula sa mga pahayagan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

   Alamin sa mga bata kung sinu-sino ang mahilig makinig sa balita, sa radyo man o sa telebisyon.

   Itanong: Ano ang balitang narinig ninyo bago pumasok sa paaralan? Makabuluhan ba ang narinig mong balita? ,·Paano ito nakatulong sa iyo?

B. Paglalahad

Pagbasa ng guro sa isang talata na hango sa kanilang mga aklat o sa isang babasahin o pahayagan.

"Paglinang sa mga Katutubong Kultura at Kaugalian" Batayang Aklat, Pamaha V ph. 203

C. Pagtalakay

Pangkatin sa apat ang mga bata at hayaang pumili ng isang artikulo na kanilang bibigkasin at pabibigyang reaksiyon sa klase. Maari ring ipaguhit ang i1an sa kanilang mga reaksiyon.

IV. PAGTATAYA:

Pumili ng isa pang babasahing artikulo at ipasabi ang reaksiyon ng mga bata.

V. TAKDANG-ARALIN:

Muli silang pangkatin sa apat at papiliin ng isang artikulo na kanilang irerekord sa casette tape

at iparirinig sa klase.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Napipili ang katotohanan at opinyon lamang sa pinakinggang seleksiyon.

*Pagpapahalaga: Kahalagahan ng Pagkakaroon ng Malayang Pamamahayag*

II. PAKSA: Pagpili ng Katotohanan o Opinyon Lamang sa Pinakinggang Seleksiyon.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 19, "Ang Kabuhayan sa Pagdating ng mga Hapones", Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon, ph. 178-181

Kagamitan:

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-Aral
   Magkaroon ng balik-aral tungkol sa pagkilala sa katotohanan o opinyon.

B. Paglalahad

1. Pagbasa ng guro sa aralin tungkol sa kabuhayan ng mga Pilipino sa panahon ng mga Hapones. (Batayang Aklat, ph. 178179)
2. a. Ano sa palagay ninyo ang naging epekto sa kabuhayan ng mga Pilipino sa patakarang ipinairal ng mga Hapones tungkol sa produksiyon?
   b. Bakit nagkaroon ng kakapusan sa pagkain sa panahon ng mga Hapones?
   c. Anu-anong mga hakbang ang isinagawa ng ating pamahalaan upang malunasan ang kahirapan?
3. Pagbasa ng mga bata sa mga pangungusap at pagsabi kung ang bawat isa ay katotohanan o opinyon lamang.
   a. Marami ang dumanas ng hirap at gutom sa panahon ng mga Hapones.
   b. Karamihan sa mga taniman ng play ay ginagawang taniman ng bulak.
   c. Ang kahirapang dinanas ng mga Pilipino sa panahon ng mga Hapones ang nag-udyok sa kanila upang ipaglaban ang ating kalayaan.
   d. Tama lamang na nagising ang ating mga kababayan at naghimagsik laban· sa mga mapang-aping dayuhan.

C. Pagtalakay

*Katotohanan* - kapag ang tanong ay may wasto at tiyak na kasagutan.
*Opinyon* - kapag ang sagot ay hango sa mga palagay o kuru-kuro ng marami.

IV. PAGTATAYA:

Pagsagot nang pabigkas sa "Gawain Natin", ph. 181 (Batayang Aklat, Ang Pilipinas sa Iba't. ibang Panahon)

V. TAKDANG-ARALIN:

Ipaulat ang sariling opinyon ng mga bata tungkol sa kabuhayan ng mga Pilipino ngayon

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Napag-uuri ang mga pangngalan ayon sa tungkulin: Patangi, Pambalanq at Lansakan.

*Pagpapahalaga: Pag-uuri-uri sa mga Pangngalan ayon sa tungkulin*

II. PAKSA: Pagbuo ng Banghay a Balangkas tungkol sa napakinggang teksto.

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 11, Filipino sa Bagong Henerasyon ph. 47- 49
Kagamitan: strip cartolina at larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwasto ng ng takda.
2. Balik-aral: Ano ang pangngalan? Pagbibigay halimbawa ng mga bata.

B. Paglalahad / Pagtalakay

1. Itanong sa mga bata kung gusto nilang maglaro. Itanong din ang kahalagahan ng laro sa katawan.
    1. Paglalaro ng mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay ng 10 cartolina strips sa bawat pangkat na may pangngalang pantangi at pambalana na ididikit sa dalawang hanay sa pisara.
3. Pag-usapan ang nagawa ng bawat pangkat.
    a. Bakit sa hanay A ninyo inilagay ang pangngalang ito? Ano ang tawag sa mga pangngalan ito? Bakit naman dito ninyo inilagay ang mga ito? Nagsisimula sa mala king titik at tiyak na mga pangalan ng tao, bagay o pook. Anong uri ng pangngalan ito?
4. Pagpapakita ng mga larawan ng hukbo, kumpol ng ubas, buwig ng saging.
    a. Sa mga larawang ito, ilang sundalo ang nakikita mo? saging? ubas? Ano naman ang tawag sa mga pangngalan tumutukoy sa lupon o pangkat ng mga tao, hayop o bagay?

C. Pagsasanay

Pagpapatuloy ng laro ng mga batao Bawat isa sa pang kat ay kukuha ng cartolina strip at idikit sa pisara kung saan ita kabilang.

*bombilya, Rizal Park, tumpok, aklat, kalye, buwig, Mars, Lungsod ng Angeles, paaralan, Aling Anita, kumpol*

D. Pagpapahalaga

Anong pagpapahalaga ang ipinakita natin kanina ng isa-isa tayong pumunta sa pisara? (Pagbibigayan)

IV. PAGTATAYA:

Uriin ang mga pangngalan. Isulat ang pantangi, pambalana o lansakan.

_______ 1. lapis _______ 2. karunungan ______ 3. Andres Bonifacio

_______ 4. prutas _______ 5. pumpon ______ 6. Toyota

_______ 7. Diwang Makabansa _______ 8. prutas ______ 9. kawan

_______ 10. simbahan

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumupit ng isang balita sa pahayagan at idikit ita sa isang couponbond. Sa ilalim nito, itala lahat ang mga pangngalan at isulat kung ito'y pantangi, pambalana o lansakan.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

Nagagamit ang pangngalan bilang iba't ibang bahagi sa pangungusap ng mga balita, dayalog, anunsyo, talata, liham

*Pagpapahalaga: Pagiging Matipid*

II. PAKSA: Mga gamit ng Pangngalan bilang iba't ibang bahagi sa pangungusap ng mga balita, dayalog, anunsyo, talata, liham.

Sanggunian: BEC-PELC Pakikinig 12

Kagamitan: tsart, halimbawang seleksyan, globo

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwasto ng sagot sa takda.
1. *Balik-aral*

Ano ang pangngalan? Magbigay ng halimbawa ng pangalan. Anu-ano ang uri ng pangalan? Ano ang pangalang pantangi? pambalana? konkreto? dikonkreto? lansakan? Magbigay ng halimbawa ng bawat uri ng pangngalan.

3. *Pagganyak*

Nag-iimpok ba kayo ng pera sa bangko? Anong bangko ita? Paano mapapaunlad ang isang bangko? Anu-ano ang maaring gawin upang umunlad ang isang bangko?

B. Paglalahad

Pag-aral sa anunsyo sa tsart.

1. Ang Bangko Magtipid ay naglunsad ng programa IMPOK-lRAL '02 para sa mga kababaihang mag-aaral sa taong pasukan 2002-2003 mula elementarya hanggang kolehiyo.
2. Isang pulong tungkol dito ay gaganapin sa BM Hall #204 Luisa M. Street, Imus Cavite sa July 15, 2002, 1:00 NH
1. Dalhin ang kopya ng schedule of tuition and other fees ng papasukan paaralan ng taong mag-aaral.
4. Dumalo kayo sa pulong IMPOK-ARAL 02 a magsadya sa tanggapan ng taga pamahala tungkol sa mga detalye July 120, 1:00 NH.

C. Pagtalakay

Paano ginagamit ang pangngalan Bangko Magtipid sa unang pangungusap? (Sagot: Paksa sa Pangungusap)

Paano ginagamit ang pangngalan a programa sa pangungusap na Ang IMPOK-ARAL 02 ay isang magandang programa? (Sagot: Kaganapang Pansimuno)

Paano ginagamit ang pangngalan <u>programa</u>sa unang pangungusap? (Sagot: tuwirang layon) Paano ginagamit ang pangngalan <u>tagapamahala</u>sa huling pangungusap? (Sagot: Layon ng pangukol)

D. Paglalahat

1. Ano ang gamit ng mga pangngalan sa anunsiyo? Sabihin kung paksa ng pangungusap, kaganapang pansimuno, tuwirang layon a layon ng pang-ukol.

| | |
|---|---|
| 1. kabataan | 3. July 15, 2002 |
| 2. taong pasukan 2002-2003 | 4. tao |

IV. PAGTATAYA:

Tukuyin ang gamit ng mga pangngalan sa mga pangungusap. Isulat kung PP, KP, TL, LP:

1. Impok-Aral '02
2. tulong
3. magulang
1. mag-aaral

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng patalastas anunsyo o balita. Tukuyin ang iba't ibang uri ng pangngalan.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang mga uri ng panghalip panao, pananong, pamatlig sa sariling karanasan.

*Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa Wikang Pambansa*

II. PAKSA: Paggamit sa mga panghalip sa sariling karanasan.

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 14, Diwang Makabansa ph. 36-42
Kagamitan: tsart

Kwento: Magkakaiba man ang Salita

Tula: Magkakaiba man ang ating Salita

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwasto sa Wika.
2. *Balik-aral* - Pagkilala sa Panghalip.

B. Paglalahad

Babasahin ang maikling kuwento.

C. Pagtalakay

Pagkatapos basahin ang kwento, pag-usapan ito at sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang liksyong pag-aaralan ng klase ni Bb. Robles?
2. Bakit iba-iba ang wikang ginagamit sa iba't ibang pook sa ating bansa?
3. Paano magkakain tindihan ang mga Pilipino sa kabila ng pagkakaiba na ginagamit na wika?
4. Mahalaga ba ang wikang pambansa?
   Bakit? Ipabasa ang mga pangungusap na hango sa kwento at tula. Obserbahan ang ginagamit ng mga salitang nakahilig.
   a. *Ako po* tugon ni Jose.
   b. Taga Luzon *kami, kayo* ay Bisaya.
   c. Pilipino *tayo* sa puso at diwa.

D. Paglalahat

Balikan ang kwentong binasa, bumasa nang isang pangungusap na may panghalip. Sabihin kung anong uri ng panghalip ang ginamit sa pangungusap at bakit? Anu-ano ang iba't ibang uri ng panghalip? Kailan ginagamit ang mga ito?

E. Pagsasanay

Mag pangkat-pangkat ang mga bata. Sa bawat pangkat pipili ng talata sa tula. Piliin ang mga panghalip na ginamit sa tula at ilalahad ng bawat pangkat ang uri nito. At ipagamit ang mga ito sa Pangungusap

IV. PAGTATAYA:

ISulat sa patlang ang uri ng pangungusap na ginagamit sa bawat pangungusap:

1. *Doon* mo ilagay sa ibabaw ng mesa ang mga libro
2. *Kanino* mo binili ang magandang telang iyan?
3. Nagulat *ako* sa ginagawa niya.
4. *Tayo* ay dapat magmahal sa ating bansa.
5. *Diyan* ko iniwan ang nawawala kong bag.

V. TAKDANG-ARALIN:

Pumili ng 5 panghalip mula sa mga naipakita ng bawat grupo at gamitin sa mga sariling pangungusap.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit nang wasto ang mga panghalip na panaklaw at patulad sa pagsasalaysay at pagsulat ng sariling karanasan/karanasan ng ibang tao.

*Pagpapahalaga: Katapatan sa Paghingi ng Paumanhin*

II. PAKSA: Paggamit ng Panghalip na Panaklaw at Patulad sa Pagsasalaysay at Pagsulat ng sariling karanasan/karanasan ng ibang tao.

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 15, Likha 6 ph. 169-172, Manwal ph. 61-62
Kagamitan:

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

*Balik-aral*

a. Pangkatin ang mga mag-aaral. Ipabasa at ipasuri ang dayalog sa bawat pangkat.
b. Pansinin ang mga salitang may salungguhit. Ano ang pinahihiwatig o isinasaad ng salitang marami? ng lahat? ng ano man?
c. Kailan ginamit ang mga Panghalip na Panaklaw.

B. Paglalahad

Basahin ang talata.

Dadalawa lamang ang anak ni Mang Teban, isang lalaki at isang babae. Kambal ang mga ito. Balana'y nakapupunang sila'y magkamukhang magkamukha sa pisikal na anyo. Bawat makakita ay natutuwa. Ang ilan ay hindi maubos maisip kung sino ang lalaki at kung sino ang babae. Ganoon ang magkapatid na kambal. Lahat ay pumapalisin sa kambal na anak ni Mang Teban.

C. Pagtalakay

1. Itanong:
   a. Ilan ang anak ni Mang Teban?
   b. Sino ang nakapupunang sila'y mag kamukha ng-magkam ukha?
   c. Sino ang natutuwa sa kanila?
   d. Guhitan ang panghalip na patulad at panghalip na panaklaw.
2. Magsalaysay ng sariling karanasan sa tulong ng mga panghalip na panaklaw at patulad

tungkol sa pagpunta sa bayan.

3. Isusulat ng guro sa pisara ang salaysay ng bata sa anyong talata. Paguhitan ang mga panghalip na patulad at panghalip na panaklaw na ginamit.
2. Pag-usapan ang pagpapahalaga.

D. Paglalahat

Paano gagamitin ang panghalip panaklaw at patulad sa pagsulat ng talata tungkol sa sariling karanasan?

E. Pagsasanay

Panuto: Ayusin ang talata ng may panghalip panaklaw at patulad. Piliin ang tamang panghalip sa loob ng panaklong.

Masaya ang __ (lahat, isa) sa nakaraang gradwasyon ng mga mag-aaral sa baitang anim.__ (Balana, Madia) ay pumupuri sa batang nagkamit ng unang karangalan.__ (Bawa't, Panay) ngiti ang makikita mo sa bata.___ (Ganoon, Ganyan) din ang nasa damdamin ng batang nagkamit ng pangalawang karangalan sa nagsipagtapos. Siyang-siya ang __ (bawat isa, tungkol) sa pagtatapos na iyon.

F. Pagpapahalaga

Panuto: Lagyan nang angkop na panghalip na panaklaw o patulad ang puwang upang mabuo ang talata.

Nagtataka ang ____. Bakit naghirap na bigla si Don Rafael. Hindi makapaniwala ang ____ isa. May kung anu-anong ipinamamalita ang __ at nagsasawalang kibo na lamang ang ___ Talagang ang tao. Laging may nasasabi at naiisip sa kalagayan ng kanyang kapwa.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Ayon sa inyong karanasan pumili ng isang paksa sa alinman sa sumusunod at bumuo ng isang talata sa tulong ng mga panghalip na panaklaw at patulad.

Mga Paksa:

1. Piknikan sa Bukid
1. Ang Lakbay-Aral o "Field Trip"
2. Sa Palengke

V. TAKDANG-ARALIN:

Bumuo ng isang talata tungkol sa inyong karanasan na ginagamitan ng panghalip na tulad at panaklaw.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Natutukoy ang mga pandiwa sa balita, kuwentong binasa.

*Pagpapahalaga: Sa Ating mga Bayaning Pilipino*

II. PAKSA: Pagtukoy ng mga Pandiwa ng nasa Balita, Kuwentong Binasa.

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 16, Heograpiya, Kasaysayan at Sibika at Kultura ng Bansang Pilipinas d. 190-193, Diwang Makabansa d. 106

Kagamitan: plaskard, larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
   Piliin ang mga pandiwa sa pangungusap.
   a. Ang Katipunan ay itinatag noong Hulyo 7, 1892.
   b. Ipinahayag ni Gobernador Ramon Blanco ang pakikidigma sa walong lalawigan.
   c. Nag-alsa ang unang walong lalawigan upang makamit ang kalayaan laban sa Espanyol.
2. *Pagganyak*
   Tumawag ng mga bata at pagawain ng iba't ibang kilos. Isulat sa pisara ang kilos na ginawa.

B. Paglalahad

Pagbasa sa kuwento

C. Pagtalakay

Itanong:
1. Anu-ano ang mga salitang ginamit sa kuwento na nagsasaad ng kilos?
2. Pag-usapan ang mga pandiwang nanggaling sa kwento.

D. Pagsasanay

1. Pagpangkatin ang mga bata sa tatlo. Ipabasa ang unang talata sa unang pangkat.

2. Ang ikalawang talata sa ikalawang pangkat
3. At ang ikatlong talata sa ikatlong pangkat.
4. Ipapili ang mga pandiwa sa kwentong nabasa at ipasulat sa "c1uster"

E. Paglalapat
1. Basahin ang kuwento at salungguhitan ang mga pandiwang ginamit.
2. Itanong: Bakit dapat nating igalang ang mga bayaning Pilipino?

IV. PAGTATAYA:

Basahin ang balita at isulat sa papel ang mga pandiwang ginamit.

V. TAKDANG-ARALIN:

Maghanap ng pahayagan, pumili ng isang balita. Itala ang mga pandiwang ginamit sa balita.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Natutukoy ang mga pandiwa sa balita/kwentong binasa.

*Pagpapahalaga: Pagkakaisa at Pagtutulungan*

II. PAKSA: Pagtukoy sa Balita/Kuwentong Binasa

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 17, "Ang Barangay", Pamana V, ph. 21-24, Diwang Makabansa, Wika ph. 97-106

Kagamitan: larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Pagganyak*

Sa pamamagitan ng larawan, maipapahiwatig sa mga bata ang tungkol sa pagbabago na nakikita nila sabarangay noon at ngayon. Itanong: Anu-ano ang mga pagbabagong napapansin ninyo 'sa barangay noon at ngayon?

B. Paglalahad/Pagtalakay

Pagbasa sa isang kuwento tungkol sa "Ang Barangay". Pagtala sa mga pandiwa o mga salitang nagsasaad ng kilos sa binasang balita/kuwento. Maliban sa mga nabanggit na, ano pa ang nakikita nating pagbabago sa ating barangay?

C. Pagtalakay

1. Pagbibigay ng mga halimbawa ng pandiwa na hango sa balita/kuwentong binasa.
2. Pagtatala sa mga pandiwa at paggamit sa sariling pangungusap

D. Paglalahat

Pagpapakita ng mga larawan na nagpapakita ng kilos tulad ng: batang nagsasayaw, kumakain, naglalaro, naliligo. Itanong kung ano ang ginagawa ng bata sa bawa't larawan.

IV. PAGTATAYA:

Salungguhitan ang pandiwang ginamit sa bawa't pangungusap.

1. Ihalal natin ang nararapat na manunungkulan sa ating barangay.
2. Huwag aksayahin ang tubig.
3. Magtanim ng maraming puno sa ating barangay.
1. Huwag pabayaan ang mga bata sa paglalaro ng apoy.
2. Itapon ang basura sa tamang lalagyan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Bumuo ng 5 pangungusap at tukuyin sa pamamagitan ng pagsalungguhit ang mga pandiwang ginamit.

# FILIPINO V

Date: ______________

I. LAYUNIN:

- Nasusuri ang mga panlaping' ginagamit sa pagbua ng pandiwa.

*Pagpapahalaga: Pagtupad sa Tungkulin*

II. PAKSA: Pagsusuri sa mga Panlaping Ginagamit sa Pagbua ng Pandiwa.

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 17, Diwang Makabansa Wika 5, d. 96-98
Kagamitan: plaskard, larawan

Saloobin: Magandang Pakikisama
Integrasyon: Agham at Kalusugan/English

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
   Basahin ang mga pandiwa sa mga sumusunad na mga salita.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *maglaba* | *nilagay* | *umalis* | *senador* | *paaralan* |
| *dagat* | *natulog* | *nagwalis* | *pumila* | *guro* |

2. *Pagganyak*
   Magpakita ng larawan. Pag-usapan ang larawan.

B. Paglalahad/Pagtalakay
Basahin ang saknong:
*Akoy manggagawang hindi nagsasawa Lakas ay gamitin, at laging gumawa, Sa kahirapan ko ang aking adhika Tungkuliy matupad sa balat ng /upa.*
Itanang: Anu-ano ang mga pandiwang ginamit sa bawat taludtad?
Isulat ang mga ita sa pisara . *nagsasawa, gamitin, gumawa, matupad*
Ano ang idinagdag sa salitang sawa, gamit, gawa, at tupad upang mabua ang pandiwa. Ano ang tawag sa mga ito?
Nagbabaga ba ang kahulugan ng salita kapag dinagdagan ng panlapi? Ipaliwanag ang sagat.

D. Pagsasanay

Bawat grupa ay susulat ng mga pandiwa tungkal sa mga pagbabaga ng mga nagbibinata a nagdadalaga na, sa isang 114 "Manila Paper". Isulat sa tapat ang panlapi at salitang-ugat. Ang

makapagtala ng pinakamarami ang siyang mananala.

Lagyan ng panlaping makadiwa ang mga sumusunad na mga salitang-ugat upang makabua ng pandiwa.

1. __ upo
2. __ salita
3. tawat __
4. b __ alik
5. __ laro
6. g __ awa
7. I_apit
8. _lakad
9. sulat __
10. __ akyat

IV. PAGTATAYA:

Piliin ang pandiwang ginamit sa pangungusap. Salungguhitan ang salitang-ugat at bilugan ang panlapi.

1. Si Dante ay nabigyan ng medalyang ginta.
2. Natanggap nila ang bagahe kahapon.
3. Siva ay sumusko na sa mga pulis.
4. Huwag putulin ang mga punungkahoy sa kagubatan.
5. Kinain ng aso ang dalawang kilong baboy.

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumupit ng isang maikling balita sa pahayagan. Isulat lahat ang mga ginamit na mga pandiwa sa ½ papel. Isulat sa tapat ng pandiwa ang salitang-ugat at panlapi

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nasusuri ang mga pandiwa at nasasabi ang mga pagbabago sa anyo nito batay sa aspekto at panlaping nagamit

*Pagpapahalaga: Pagkakaisa*

II. PAKSA: Pagsusuri sa mga Pandiwa at sa mga Pagbabago sa, anyo nito, Batay sa Aspekto at Panlaping Ginamit .

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 18
Kagamitan: tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
   Isulat ang tamang pandiwa sa patlang at ang panlaping ginamit.
   a. ______ ang ibon sa kalawakan
   b. Ang nanay ay _______ ng bestidang isusuot ni Fe
   c. _____ ng mga talbos ng kamote si Ben at Aling Nena.
2. *Pagganyak*
   Magpakita ng larawan tungkol sa bayanihan. Ipasabi kung ana ang kanilang ginagawa.

B. Paglalahad

Ipabasa ang usapan nina Cesar at Oscar. Tatawag ng mga bata.

C. Pagtalakay

1. Ipasagot: Ano ang nakita nina Cesar at Oscar?
   Ano ang ginagawa ng mga kalalakihan?
   Bakit nila ita binubuhat? Saan nila ita kinuha?
   Bakit nila ita kinuha kina Aling Luisa?
2. Pag-usapan ang pagpapahalagang isinasanib.
3. Itanong: Anong aspekto ang pandiwang naglalakad? Anong anyong pangnagdaan ng

naglalakad? panghinaharap? Anuanong panlapi ang ginamit dito?

D. Paglalahat

Paano nagbabago ang anyo ng mga pandiwa sa ibat-ibang aspekto?

E. Pagsasanay

Ibigay ang ibat'ibang aspekto ng mga pandiwa sa talasalitaan.

IV. PAGTATAYA:

Piliin ang mga pandiwang ginamit sa talata. Isulat ang panlapi at ang aspekto nito.

Minsan, isinama ako ni Lolo sa bukid. Masaya sa bukid habang nagtatanim ang mga tao. May tumutugtog ng gitara at may umaawit.

V. TAKDANG-ARALIN:

Gamitin sa pangungusap

A. 1. maliligo
   2. naligo
   3. naliligo

B. 1. itanong
   2. itatanong
   3. tinanong

## FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang mga pandiwa sa iba't ibang aspekto sa pagsasalaysay ng sariling karanasan atbp.

*Pagpapahalaga: Palaging mag-ingat para malayo sa kapahamakan*

II. PAKSA: Pagsasalaysay ng Sariling Karanasan na Ginagamit ang mga Pandiwa sa iba't ibang Aspekto

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 19

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
   Bumuo ng maikling tula. Punan ang patlang ng mga pandiwa.
2. *Pagganyak*
   Ipakita ang larawan ng mga bata sa palaruan. Anu-ano ang mga ginagawa nila? Inaasahang sagot: May mga batang naglalakad.
   Ang mga batang lalaki ay nagpapadulas.

B. Paglalahad

Pagbasa ng maikling salaysay.

Naglalaro kami noon ng aking kaibigan sa isang makahoy na lugar. Nagtatago ako sa likod ng isang punungkahoy nang marinig ko ang malakas na pagtahol ng aking aso. Nang tingnan ko ang sanhi ng kanyang pagtahol ay nakita ko ang isang mala king sawa. Kung hindi pala sa pagtahol ng aking aso ay natuklaw na ako.

C. Pagtalakay

a. Tungkol saan ang maikling salaysay? Paano siva nakaligtas sa tuklaw ng ahas? Ano ang dapat tandaan sa paglalaro?
b. Ibigay ang mga pandiwang ginamit. Nasa anong aspekto ang mga sumusunod.

| Pandiwa | Aspekto |
|---|---|
| 1. naglalaro | ____________________ |
| 2. nagtatago | ____________________ |

3. narinig ____________________
4. tingnan ____________________

D. Paglalahat

Anu-ano ang dapat tandaan sa paggamit ng pandiwang nasa iba't ibang aspketo sa pagsasa laysay?

E. Pagsasanay

Isalaysay ang sariling karanasan:
Tumataas ang tubig sa inyong lugar.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Pumili ng isang pamagat at sumulat ng maikling salaysay tungkol dito. Salungguhitan ang mga ginamit na pandiwa.

1. Karanasan sa Pagkuha ng Test
1. Panaginip Lang Pala
2. Unang Pasok sa Paaralan
3. Isang Kahiya-hiyang Karanasan

V. TAKDANG-ARALIN:

Makinig ng balita. Isalaysay ita sa klase at sabihin ang mga pandiwang ginamit.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang mga pandiwa sa iba't ibang pokus sa pagsasalaysay ng sariling karanasan atbp.

*Pagpapahalaga: Pakikipagkapwa-tao*

II. PAKSA: Paggamit ng mga Pandiwa sa iba't ibang Pokus sa Pagsasalaysay ng Sariling Karanasan.

Sanggunian: BEC-PELC Pagsasalita 20,
"Ang Pakikipagkalakalan sa mga Dayuhan", Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon, ph. 52-54

Kagamitan: mga larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

*Pagganyak*

Pagpapakita ng larawan ng pakikipagkalakalan Pag-uusap tungkol sa larawan.

B. Paglalahad

1. Pagbasa sa kuwento.
1. Pagtalakay sa kuwento.
2. Pagsagot sa mga tanong.
3. Pagtukoy sa mga gamit' ng pandiwa sa kuwento.
4. Pagsuri at pagtalakay sa iba't ibang pokus ng pandiwa.
   Pag-aral sa Anunsyo sa tsart.

C. Paglalahat

Anu-ano ang iba't ibang pokus ng pandiwa?

D. Paglalapat

Pagbasa sa mga pangungusap. Hanapin at sabihin ang pandiwa sa bawat pangungusap at sabihin kung ana ang pokus nito.

E. Pagsasanay
    Pagbasa sa pagtukoy sa nakasalungguhit. mga pokus pangungusap at ng pandiwang nakasalungguhit.

IV. PAGTATAYA:

Sumulat ng 5 pangungusap na may pandiwa sa iba't ibang pokus nito.

V. TAKDANG-ARALIN:

Maghanap ng isang talata at kopyahin ang mga pandiwa at tukuyin ang pokus nito.
\

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang dining o paghahati-hati ng intensidad ng kahulugan.

*Pagpapahalaga:  Pagmamahal sa Wika*

II. PAKSA: Paggamit ng Clining o Paghahati ng Intensidad ng Kahulugan

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 11,
Kagamitan: tsart ng mga salitang nagpapakita ng pagkakaiba sa intensidad ng kahulugan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng sagot sa takdang gawain ng na~araang aralin.
2. Balik-aral sa nakaraang-aralin.

B. Paglalahad

Pag-aaral sa mga lupon ng mga salita sa tsart na ipakikita ng guro

C. Pagtalakay

1. Anu-ano ang mga salita sa kahon A? sa kahon B? sa kahon C?
2. Ano ang pagkakaiba ng mga salita sa bawat isa?
3. Kailan ginagamit ang bawat salita?
4. Paano maipakikita ang pagmamahal sa wika?

D. Paglalahat

Gamitin sa pangungusap ang bawat salita sa mga sumusunod na lipon ng mga salita. Ipakita sa ilustrasyon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | bigay | handog | alok |
| 2. | mabilis | maagap | matulin |
| 3. | kausapin | harapin | pagsabihan |
| 4. | dalhin | bitbitin | isama |
| 1. | mahusay | maganda | kaaya-aya |

IV. PAGTATAYA:

Punan ang patlang sa mga pangungusap ng wastong salita. Piliin ang sagot sa kahon.

*matalino marunang tuso maalam mautak*

1. si Oscar sa pagkukumpuni ng sirang kotse.
2. Si Dan ay __ . Lumapit siva sa matanda at nahawakan ita bago ita tuluyang bumagsak sa semento.
3. __ si Billy. Upang tiyak na manalo, siva ay nandaya. Dumaan siva sa short cut.
4. ang batang si Moses. Siva ang nangunguna sa kanilang klase.
5. sa computer programing si Pia.

V. TAKDANG-ARALIN:

Magsulat ng 3 pangkat ng 3-4 salitang magkakatulad ang kahulugan ngunit naiba ang intensidad nito.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nakatutukoy ng mga salitang magkatugma at nagagamit ang mga ito sa pagbuo ng sariling tugma.

*Pagpapahalaga: Pagmamahal sa Wika*

II. PAKSA: Pagtukoy at Paggamit sa Pagbuo ng Salitang Magkatugma.

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 12, Akat: Filipino ·sa Bagong Henerasyon (Pagbasa) ph. 11-14
Kagamitan: tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng sagot sa takdang gawain ng nakaraang aralin.
1. Balik-aral sa nakaraang-aralin.

B. Paglalahad

1. Pagpapalawak ng Talasalitaan
   Ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga pariralang may salungguhit.
   a. Nais marinig ng mga tao ang kahatulang igagawadng hukom.
   a. Dapat nating pahalagahan ang mga nilikhang Diyos.
   b. Ang mga Iikas na yaman ay nararapat na pagyarnaning kusa.
2. Ipakilala ang mga Salitang Magkakatugrna
   a. Magkakatulad na patinig na may bigkas na mabilis 0 rnalurnanay.
      *Hal.* tukso, rnundo, trono, panuto
   b. Magkakatulad na patinig na may bigkas na malurni 0 rnaragsa.
      *Hal.* Wika, luma, mukha, ibaba

C. Pagtalakay

1. Ilang taludtod mayroon ang bawat saknong ng tula?
2. Pansinin ang gamit ng salita sa tula. Ano ang tinutukoy ni Rizal?
3. Pansinin ang bawat taludtod ng tula. Parepareho ba ang bilang ng mga pantig? Patunayan.
4. Magkakatugma ba ang mga huling salita sa bawat saknong? Banggitin.

5. Papaano natin maipapakita ang pagmamahal sa ating wika?

D. Paglalahat

A. Sumulat ng isang katugma ng sumusunod na salita mula sa saknong na binabanggit.
   1. langit (saknong big. 1)
   2. kaharian (saknong big. 2)
   3. kusa (saknong big. 3)
   4. Latin (saknong big. 4)
   5. sigwa (saknong big. 5)
B. Magpangkat-pangkat at basahin ang tula nang may damdamin at tamang bigkas ng bawat salita.

IV. PAGTATAYA:

Sumulat ng isang tugma na binubuo ng apat na taludtod. Ilahad sa harap ng klase.

V. TAKDANG-ARALIN:

Bumuo ng isang tugma at pamagatan itong "Ang Bayan Ko".

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nasasabi ang mga pangyayaring may ugnayang sanhi at bunga sa seleksyong binasa.

*Pagpapahalaga: Pagbibigayan*

II. PAKSA: Pagsasabi sa mga Pangyayaring May Ugnayan Sanhi at Bunga Sa Seleksyon Binasa.

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 13, Diwang Makabansa 5 Pagbasa ph. 132-134
Kagamitan: "Tanda ng Pagmamahalan"

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Pagganyak*
   Mahal mo ba ang iyong kaibigan? Paano mo ipinapakita ang iyong pagmamahal? Bakit karaniwan na sa ating mga Pilipino ang pagbibigayan kahit walang okasyon?
2. *Paghahawan ng Sagabal*
   Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at hanapin sa kahon sa ilalim ang angkop na kahulugan ng bawat salitang may salungguhit.
   a. Malusog si Nene dahil sa nahihiyang sa gatas na kanyang iniinom.
   b. Maraming nabibiling pinasugbo sa lata sa Kabisayaan.
   c. Masarap ang mga santol na dala ng Lola dahil sa matamis na ay malamukot pa.
3. *Pangganyak na Tanong*
   Ano ang ibig sabihin ng pagbibigayan ng mga Pilipino kahit na walang okasyon?

B. Paglalahad

"Tandaan ng Pagmamahalan", D.M./Pagbasa pp. 132-134

C. Pagtalakay

Sagutin ang mga sumusunod na tanong
Ano ang sanhi ng paglalagi ni Mang Reynaldo sa Plaridel, Bulacan? Ano ang naging bunga ng pagkahilig ni Mang Reynaldo sa paghahalaman? Ano ang sanhi ng pagdalaw ni Aling Rita sa pamilya ni Aling Nelia? Ano ang naging bunga ng pagbibigay ng pasalubong ni Aling Rita sa damdamin ng kanyang kumareng Nelia? Sa damdamin ni Mila? Ano sa palagay mo, mainam bang pairalin ang pagbibigayan kahit na walang okasyon? Ipaliwanag ang sagot.

Sagot: ang mga pangyayari ay may sanhi at bunga.

D. Pagsasanay

Basahin sa kuwentong Ang Pasko sa Bukid ang bahaging nagsasabi kung ana ang:

a. sanhi ng pagkakatuwaan ng mga bata.
b. naging bunga kay Boyet ng nakahandang maraming pagkain sa mesa
c. sanhi ng maraming handang pagkain ni Lola Ponsa.
d. naging bunga ng sinabi ni Hermie na ang inam pala sa bukid.

IV. PAGTATAYA:

Basahin ang mga sanhi sa ibaba at dugtungan ng bunga.

1. Matiyagang nag-aaral para sa pagsusulit si Maria ________________.
2. Mabagal tumakbo si Mario _______________.
3. Tanghali nang nakauwi si Celso mula sa paaralan ______________.
4. Napakahusay ng pagkakaawit ni Karla sa paligsahan __________________.
5. Namutol ng mga punong kahoy ang mga tao sa Ormoc ___________.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng isang talata na nagpapakita ng mga pangyayaring may ugnayang sanhi at bunga.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nasasabi ang mga opinion at katotohanan na binanggit sa kuwento/seleksyon binasa.

*Pagpapahalaga: Magandang Pagtanggap*

II. PAKSA: Pagsasabi sa mga opinion at katotohanan na binanggit sa kuwento/seleksyong binasa.

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 14, Diwang Makabansa/Pagbasa ph. 136-141
Kagamitan: tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Pagganyak*
   Nagkaroon na ba kayo ng mga bisita? Isalaysay nga:
   a. Anu-ano ang inyong ginawa upang masiyahan ang inyong bisita?
   b. Ano ang naging bunga ng maayos na pagtanggap mo sa kanila?
2. *Pangganyak na Tanong*
   a. Paano ipinakita ng mag-anak ang magandang patanggap sa bisita?

B. Paglalahad

Pagbasa ng kuwento. "Pagtanggap sa Bisita", D.M-. Pagbasa, pp. 136-141

C. Pagtalakay

1. Pag-unawa sa Kuwento
   Bawat grupo ay bibigyan ng talatang babasahin at mag-uulat ang lider sa punong kaisipan ng bawat pangyayari.
   Bakit kasama ni Rommel ang kaibigan niyang si William? Paano ipinakita ng mag-anak ni Lola Meding ang magandang pagtanggap sa mga bisita?Ano kaya ang nangyari kay Miriam at napaso siya.

2. Pumili/Basahin ang mga opinyon at katotohanan ula sa kuwento. (paghambingin ang mga ito)
3. Pag-usapan at magbigay halimbawa sa pagpapahalagang bibigyan diin.

D. Paglalahat

Ano ang pagkakaiba ng opinyon sa katotohanan?

E. Pagsasanay

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Sabihin pagkatapos, kung ang nilalaman ng bawat isa ay katotohanan o opinyon lamang.

1. Lahat ng Pilipino ay magandang tumanggap ng mga panauhin.
2. Sumisikat ang araw sa silangan at lumulubog naman sa kanluran.
3. Dapat salubungin ang Bagong Taon ng malakas na putukan.
4. Ang pagbabakasyon sa nayon ay magdudulot ng ligaya.
5. Basta may salaping magagasta, ang buhay ay maligaya na.

## IV. PAGTATAYA:

Katotohanan ba o opinion ang nilalaman ng mga pangugnusap sa ibaba? Isulat ang malking titik <u>K</u> kung katotohanan <u>O</u> kung opinion.

____ 1. May dalawamput apat na oras sa isang araw.

____ 2. Tinutupad ng lahat ng pulis ang kanilang tungkulin.

____ 3. Ang Pangulo ng bansay ay pinipili ng mga ito

____ 4. Pilipino ang tawag sa mga mamamayan sa Pilipinas.

____ 5. Mas masarap ang karne kaysa isda.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng 5 pangungusap na nagsasaad ng opinyon at 5 pangungusap na nagsasaad ng katotohanan.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Napagsusunud-sunod ang mga salita ayon sa alpabetong Filipino.
- Nagagamit 'ang indeks at bibliographi sa paghahanap ng impormasyon.

*Pagpapahalaga: Pagiging sports sa paglalaro*

II. PAKSA: Pagsusunud-sunod ng mga salita ayon sa Bagong Alpabetong Filipino.

Paggamit ng indeks at bibliographi sa paghahanap ng impormasyon

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 15 p.37

Kagamitan: halimbawa ng Indeks at Bibliographi

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*

Isulat sa Manila Paper ang mga sumusunod at ipaskil sa pisara.

| A. | B. | C. |
|---|---|---|
| Agusan del Norte | Oroquieta City | Butuan City |
| Agusan del Sur | Malaybay | Mambajao |
| Bukidnon | Pansperidad | Cagayan de Oro City |

D. Camiguin
Misamis Or.
Misamis Occ.

Alin sa mga lalawigan ng Hilagang Mindanao ang nakaayos nang paalpabeto? Alin ang hindi? Bakit inaayos ang mga salita ng paalpabeto?

2. *Pagganyak*

Nakakita na ba kayo kung paano ang pagkakasunud-sunod ng mga paksang makikita sa aklat at mga impormasyong tungkol sa mga sangguniang aklat na ginamit ng may-akda sa pagsulat ng aklat?

B. Paglalahad/Pagtalakay

1. Paano nakaayos ang mga paksa sa indeks? Ang mga sangguniang aklat na ginamit ng may-akda sa pagsulat ng aklat?
2. Tingnan ang pangalawa at pangatlong salita. Nakaayos ba sila ayon sa bagong alpabeto.

C. Paglalahat

*Tanong:* Ano ang dapat tandaan sa pagsusunud-sunod ng mga salita ayon sa alpabetong Filipino batay sa una hanggang ikatlong titik.

*Sagot:* Kapag nag-aayos ng titik nang paalpabeto, ginagaya ang pagkakasunudsunod ng alpabeto. Kapag magkatulad ang unang titik ng salita, ang mga kasunod na letra naman ng salita ang isinasaalang-alang sa pag-aayos.

D. Paglalahat

Isaayos nang pa-abc ang indeks at bibliograpiya, lagyan ng bilang 1-5 ang mga patlang. Pangkatin ang klase sa apat na pangkat. Una at pangalawa - para sa indeksjpangatlo at pang-apat para sa bibliograpiya. Ang unang makakabuo ang siyang panalo

INDEKS
Mundo, p. 2
Bahagi, p. 5-7
Kumintang, p. 8
Orbit, p. 34
Paglilingkod, p. 50

BIBLIOGRAPIYA
Salandan Gloria, Science Through Inquiry 5.
Manila: Alemars-Phoenix Publishing House.
Aragones, Helen et.al Science and Health 5.
Quezon City; Vibal Publishing House Inc.
Zablan, Emma, Science and Health 5
Quezon City: Abiva Publishing House Inc., 1987

IV. PAGTATAYA:

A. Magkaroon ng paligsahan sa pagsagot ng mg, tanong, ang pinakamaraming nasagot anc siyang panalo.
1. Saan matatagpuan ang paksang tungkol sa hangin? _________
2. Sa anong pahina matatagpuan ang topograpiya? __________
3. Sa anong pahina matatagpuan ang unang dayuhan? __________
4. I1ang paksa ang nakatala sa i1alim ng letrang B? __________
5. Pagkatapos ng Pearl Harbor, ana ang susunod na paksa?

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumipi ng halimbawa ng Indeks at Bibliograpiya sa ibang aklat.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Natutukoy ang mga salitang hiram at nabibigyan ita ng katumbas ng mga wikang bernakular kung meran.

*Pagpapahalaga: Pagsunod sa tuntunin sa paglalaro*

II. PAKSA: Pagtukoy sa mga Salitang Hiram

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 16, p. 38, Diwang Makabansa – Pagbasa p.22-26
Lunsaran: "Masayang Handaan"

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Pagganyak*
   Magbigay ng mga larong alam mo. Alin dito ang sariling atin? Ana ang larang hindi Pilipino?
2. *Paghawan ng Sagabal*
   Hanapin sa loob ng kahon ang salita o lipon ng mga salitang kasingkahulugan ng mga sumusunod:

lumagpas
sagingan
tili
tuklaw
malago

| | |
|---|---|
| kagat | tawag |
| biyaw | taniman ng saging |

hindi abot

Gawin itong laro sa pamamagitan ng pagsulat ng mga salitang nasa loob ng bilog sa kasingkahulugan nito. Pangkatin ang mga bata sa dalawang pangkat ang pinakamaraming masagot ang siyang panalo. Tingnan kung nasusunod nila ang mga tamang tuntunin sa paglalalro, kung hind, pag-uusapan ang mga ito.

B. Paglalahad

Pagbasa nang tahimik.

C. Pagtalakay

Sagutin:

a. Ano ang nilaro ng mga bata? Sinauna ang larong ito. Bakit nilalaro ita hanggang ngayon?
b. Anong tuntunin ang nilabag ni Mila?
c. Bakit daw dapat ingatan at alagaan ang mga halaman ayon kay Tiya Amparo? Paano nagtulong-tulong ang mga maganak ni Tiya Carding at ang mag-anak ni Mang Reynaldo?
d. Bakit nagkamali ng akala ang mga bata na ice cream ang dala nina Tiya Beth at Tiyo Benny?

Ipapili ang mga hiram na ginamit sa kuwento?

D. Paglalahat

Anu-ano ang mga salitang hiram na ginamit sa kuwento? Ipabigay din ang katumbas nito sa wikang bernakular kung meron.

E. Pagsasanay

Kopyahin ang talata sa ibaba. Habang kinokopya, salungguhitan ang mga salitang hiram at ibigay ang katumbas nito sa wikang bernakular kung meron.

Dumating si Daddy, kasama ang pinsan kong si Nely. Nagpunta kami sa Luneta. Sumakay kami sa LRT patungo roon. Ipinasyal kami ni Daddy sa Manila Zoo. Pagkatapos, kuma in kami sa restauran. Kumain kami ng Pizza Pie at Spaghetti at uminom kami ng orange juice.

IV. PAGTATAYA:

Salungguhitan sa bawat pangungusap ang salita 0 mga salitang hiram. Magkaroon ng paligsahan sa pagbibigay ng katumbas nito sa wikang bernakular kung meron. Ang pinakamaraming masagot ay siyang panalo.

1. Ang kotse ni Don Santiago ay laging nagdaraan sa Roxas Boulevard.
2. Nagpunta ang nanay ko sa beauty parlor.
3. Manonood kami ng festival sa Linggo.
4. Nagbaon kami ng siopao sa sine.
5. Bumili si Angelito ng t-shirt.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng limang pangungusap na ginagamitan ng salitang hiram at ipabigay ang katumbas nito sa wikang bernakular kung meron

FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang angkop na aklat sa paghahanap ng impormasyon.

*Pagpapahalaga: Maayos na paggamit ng mga Aklat*

II. PAKSA: Paggamit ng angkop na aklat sa paghahanap ng impormasyon

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 17, p. 38,
Kagamitan: mga aklat at babasahin

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
   Isulat nang isa-isa ang mga sumusunod na aklat sa cartolina. Ipasagot ang mga tanong at ipalagay sa mga bata ang mga nakasulat sa cartolina kung saan ita nararapat. Gawin itong laro. Ang maraming nasagot ang siyang panalo.
2. *Pagganyak*
   Sa paghanap ng mga impormasyon, saan ka dapat pumunta? Anu-anong aklat ang matatagpuan mo rito? Dapat bang gamitin ang mga ita nang maayos? Papaano?

B. Paglalahad

Pagbasa at pagtalakay sa aralin
Pag-usapan kung paano ang maayos na paggamit ng mga aklat.

C. Pagtalakay

Sa pagkuha ng tala tungkol sa isang paksa, ana ang dapat sanggunian?

D. Pagsasanay

Panuto: Pag-aralan mo ita at sagutin ang mga tanong:
1. Ana ang bilang ng mga aklat na nauukol sa kasaysayan ng isang bansa?
2. Kung gusto mong magbasa ng tungkol sa agham/ anong pang kat ang hahanapin mo?
3. Kung gusto mong magbasa ng tungkol sa sining/ anong pangkat ang hahanapin mo?
4. Gusto mong magbasa ng mga bantog na tao sa larangan ng panitikan/ saang pangkat ka

maghahanap?

5. May takdang aralin ka tungkol sa teknolohiya/ saan mo hahanapin ang mga aklat na maaari mong basahin?

E. Pagsasanay

Panuto: Pangkatin ang mga bata sa dalawa. Ipahanap kung saan makakakuha ng kaalaman tungkol sa mga sumusunod na paksa. Ang maraming nasagot ang siyang panalo.

__ 1. Mga mamamayan ng Hapon
__ 2. Paraan ng paggawa ng saranggola
__ 3. Mga prutas sa tropiko
__ 4. Paggawa ng papel
__ 5. Mga karagatan ng daigdig

## IV. PAGTATAYA:

Panuto: Isulat kung anong pangkat kasama ang mga aklat sa ibaba. Sabihin na pabilisan sila sa paghahanap ng sagot. Ang unang matatapos ay may premyo.

___ 1. Makabagong matematika
___ 2. Mga Bantog na siyentipiko
___ 3. Ang Pilosopiya ni Aristotle
___ 4. Si Jesus/ ang Dakilang Guro
___ 5. Pambansang kaunlaran
___ 6. Pinadaling tuntunin sa pagsulat
___ 7. Ang Makabagong Daigdig
___ 8. Mahamedanismo
___ 9. Ang mga Imbentor na Pilipino
___ 10. Ang kasaysayan ng Digmaan sa Pransiya

## V. TAKDANG-ARALIN:

Tumungo sa aklatan at humanap ng aklat tungkol sa mga sumusunod. Isulat ang pamagat.

1. relihiyon
2. kasaysayan
3. teknolohiya
4. agham
5. matematika

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ng kahulugan at bigkas.

II. PAKSA: Naibibigay ang Kahulugan ng mga Salitang Iisa ang Baybay ngunit Magkaiba ng Kahulugan at Bigkas.

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 18/ Diwang Makabansa 5 Pagbasa d. 32-34
Lunsaran: "Makasaysayang Bahay?

Kagamitan: plaskard/ mga larawan ng iba't bang makasaysayang pook/ bond paper, pandikit/ lapis/ gunting at krayola

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto sa takdang gawain ng nakaraang aralin.
2. *Pagganyak*
   Anu-ano ang nakikita ninyo sa mga larawan? Anong hindi pangkaraniwang pangyayari ang naganap sa bawat lugar na ita? Dahil sa mga di-pangkaraniwang pangyayaring naganap sa lugar na ita/ masasabi natin na mga makasaysayang pook ang mga ita. Anu-ano pa ang alam ninyong mga pook na makasaysayan?
3. *Paghahawan ng Sagaba/*
   Piliin sa loob ng panaklong ang salitang kasingkahulugan ng salitang nakasalungguhit sa bawat pangungusap.
   1. Ang mga kasangkapang <u>antigo</u> ay higit na mahal kaysa mga yaring makabago. (sinauna/ moderno, luma)
   1. <u>Nasundot</u> ng aspili ang kanyang daliri kava ita dumugo. (Naduro/ Nabunggo/ Nasagi)
   3. <u>Inirerekomenda</u> ng doctor ang bitaminang ito. (Ibinibigay/ Ipinagbibili/ tinatagubilin)
   4. Ang <u>nakursunadahan</u> ni Tony ay ang asul na pantalon. (nagustuhan/ nabili/ naibigay)
4. *Pagganyak na Tanong*
   Bakit makasaysayan ang buhay ni Tiyo Amado?

B. Paglalahad

1. Pagbasa nang tahimik sa kuwento. "Makasaysayang Bahay"
2. Pagsagot sa mga tanong
   a. Anu-ano ang napansin ng mga bata sa bahay nina Tiyo Amado at Tiya Belen?

b. Kailan pinasyal ni Tiyo Amado ang mga bata sa looban?
c. Sino ang tumira sa bahay nina Tiyo Amado noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
d. Kailan paroo't parito ang mga Hapones sa bahay nina Tiyo Amado?

C. Pagsasanay

Pangkatang Gawain. Pagbigkas sa tugma:

1. Buko ng bulaklak ang sa bog na burda ng saya at bare ni Nenang masaya. Subalit nawala ang sayani Nena. Kasi ay nadapa sa buka ng tabla.
2. Hayun sa may tubo ang mahal kong aso Namay kagat-kagat na kap'prasong tuba; Nang makita niya makapal na asa, Tumahol na bigla ant saka tumakbo.
3. Bumili ng haman ang apat na Hapan At saka kinain kahapon ng hapon; Sa mga katoto ang hamon ng isa Hamon ay ubusin, huwag magtitira.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Pabilugan sa loob ng panaklong ang salitang ang diin ay angkop sa kahulugan ng salitang dapat gamitin sa pangungusap.

1. Ang lakas ng (kusot, kusat) mo kaya napunit ang baro ko sa paglalaba mo.
2. Isang (busog, busag) ang tumama sa batok ng lalaking naglalakad sa kalsada.
3. Lagyan mo ng tanim ang bagong bili kong (paso, pasa).
1. Matamis ang (pulot, pulat) na ipinakakain sa kabayo.
5. Ang laki pala ng (butas, butas) ng ngipin mo!

V. TAKDANG-ARALIN:

Salungguhitan sa loob ng panaklong ang salitang angkop ang kahulugan sa diwa ng pangungusap.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nasasabi ang mga pangyayaring may ugnayang sanhi at bunga sa kwenta/seleksyang binasa.

*Pagpapahalaga: Naisasagawa ang mga magagandang kaugalian ng mga Pilipino*

II. PAKSA: Nasasabi ang mga Pangyayaring may Ugnayang Sanhi at Bunga sa Kwento/ Seleksyang Binasa

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 18.1, Diwang Makabansa 5 - Pagbasa p. 132-133
Kagamitan: tsart, mga larawan ng mga taang nagpapakita ng pagmamahalan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasta sa takdang gawain ng nakaraang aralin.
1. *Pagganyak*

   Tayong mga Pilipino ay may maraming magagandang kaugalian. Isa na rito ang agbibigayan kahit na walang akasyan. Ano ang ibig sabillin ng pagbibigayan na ito?
3. *Paghahawan ng Sagabal*

   Pagbibigay ng kahulugan ng salita at ipagamit sa sariling pangungusap.

   *nahihiyang pinasugbo malamukot*

B. Paglalahad

1. Pagbasa sa kuwenta.
1. Pag-unawa sa kuwenta
   a. Ano ang sanhi ng paglalagi ni Mang Reynalda sa Plaridel, Bulacan?
   b. Ano ang naging bunga ng pagkahilig ni Mang Reynalda sa paghahalaman?
   c. Ano ang sanhi ng pagdalaw ni Aling Rita sa Pamilya ni Aling Nelia?
3. Ipabasa sa mga bata.

   Dahil sa sabrang kasipagan ay nagkaroon ng karamdaman si Mang Vicente.
   a. Ano ang sanhi ng karamdaman ni Mang Vicente?
   b. Ano ang naging bunga ng kanyang sobrang kasipagan?

C. Paglalahat

Anu-ano angJlapat tandaan sa pagbibigay ng sanhi sa niagkakaugnay na builga na napapaloob sa kuwento?

D. Pagsasanay

Panuto: Pangkatiil sa dalawa 'ang mga batao Basahin ang maikling kuwento at bilugan ang sanhi sa magkaugnay na bunga na napapaloob sa kuwento

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Basahin ang mga sanhi sa ibaba at dugtungan ng bunga.

1. Namumutol ng mga punongkahoy ang mga tao sa Ormoc ________
2. Nagpabaya ang mga pinunong bayan ________
3. Nagkaroon ng flash flood" _
4. Mabilisang agos ng tubig-baha ________
5. Dahilan sa dami ng napinsala ________

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumawa ng "comic strip" na ginagamitan ng mga pangyayaring may ugnayan ng sanhi at bunga.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit nang wasto ang mga patnubay na salita sa diksyunaryo

*Pagpapahalaga: Nabibigyang halaga at nagpapasaya ang mga taong malapit sa atin p*

II. PAKSA: Paggamit nang Wasto sa mga Pamatnubay na Salita sa Diksyunaryo
Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 17.1, Binhi 5 d. 77-79
Kagamitan: tsart, plaskard

Lunsaran: Dula-dulaan: "Sori Po, Mommy!"

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
Panuto:Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang patlang kung ito ay matatagpuan sa loob ng patnubay na salitang nasa kahon at ekis (x) naman kung ita ay dimatatagpuan sa pagitan ng patnubay na salita.

| | | | |
|---|---|---|---|
| aba _____ | agaw _____ | alamin _____ | akda _____ |
| abangan _____ | aga _____ | abaniko _____ | ayaw _____ |
| ahon _____ | agap _____ | | |

2. *Pagganyak*
Madalas, hindi natin gaanong napapahalagahan ang mga tao lalo na ang mga kaanak. Paano ninyo sila bibigyang halaga o pasasayahin?
3. *Paghahawan ng Balakid*
Panuto: Nasa loob ng pangungusap ang kahulugan ng salitang nasa kahon. Salungguhitan ang salitajmga salitang ito.
Paasik 1. Pabulyaw na nakipag-usap si Rico sa kanyang ina.
Matrikula 2. Problema ng ina ang pambayad sa paaralan ng kanyang mga anak.
4. *Pagganyak na Tanong*

Ano ang naging pagkukulang ni Rico sa kanyang ina?

B. Paglalahad/Pagtalakay

1. Pagbasa nang tahimik sa dula-dulaan. "Sori Po, Mommy!"
2. Pagsagot sa mga tanong:
   a. I1arawan ang naging asal ni Rico. Ito ba ay dapat tularan ng isang bata? Bakit?
   b. Ano ang naging dahilan kung bakit tinanggap ni Gng. Nebres ang trabahong inalok sa kanya sa ibang bansa?
   c. Bakit humingi ng tawad si Rico sa kanyang ina?

C. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa salitang pamatnubay sa diksyunaryo? Tandaan: Ang salitang patnubay ay unang salita at huling salitang nakatala sa isang pahina ng diksyunaryo. Sa pamamagitan ng dalawang salitang ita ay malalaman kung anu-ano ang iba pang salitang makikita sa pahinang iyon.

D. Pagsasanay (nasa plaskard)

Tumawag ng bata upang isulat sa patlang ang titik ng pamatnubay sa salitang katatagpuan nito. Pagkatapos sumagot pipili siva ng kamag-aral upang sagutin ang susunod na bilang.

a. baba - baka          c. butas - buwan
b. baga - bahid         d. bakod - balam
a. bisa - bituka

_____1. bistahan          _____6. babae
_____2. baganda          _____7. bagal
_____3. bagamundo          _____8. bista
_____4. babala          _____9. batasan
_____5. bakukang          _____10. bakuran

E. Paglalapat

Panuto: Pangkatin ang mga batao Piliin at isulat ang titik ng patnubay na salitang maaaring katagpuan ng mga ito.

1. pamahalaan
   a. pan - puso          c. pamagat - paham
   b. pamana - pamunas          c. pakal - palabok
2. himbing ____________
   a. hamon - hibang          c. himig - himo
   b. hugot - huli          d. himas - himay
3. gulantang ____________
   a. gulat          b. gulugod - guyabano
   a. gulo - hasa          c. gulaman - gulanit

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Paunlarin ang kasanayan. sapaggamit ng patnubay na salita sa paggamit ng patnubay na salita sa paghahanap ng mga salita satalatinigan. Naririto ang ilang patnubay na salitang

nagsisimula sa titik P. Isulat sa patlang ang titik ng salitang katatagpuan nito.

| | |
|---|---|
| a. kabiling - pad pad | d. paltik - paminta |
| b. pagal - palag | a. papan - pasukan |
| c. palagi - palay | b. patis - payong |

| | | |
|---|---|---|
| __ 1. Pabitin | __ 5. Papaya | 9. Palagay |
| __ 2. Payapa | __ 6. Pader | 10. Pataas |
| __ 3. Palamutf | __ 7. Pamana | |
| __ 4. Pamagat | __ 8. Palad | |

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumamit ng talatinigan at sipi~n ang patnubay na salitang katatagpuan ng mga salita sa ibaba.

| *Salita* | *Patnubay na Salita* |
|---|---|
| 1. lalawigan | 1. |
| 2. biyahe | 2. |
| 3. liwasan | 3. |
| 4. himbing | 4. |
| 5. lagos | 5. |

## FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nakukuha ang kahulugan ng. salita ayon sa pagkakagamit sa pangungusap.

*Pagpapahalaga: Natututong mag-impok ng pera para mabili ang ninanais na bagay*

II. PAKSA: Nakukuha ang Kahulugan ng Salita ayon sa Gamit nitong Pangungusap.

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 17, p. Sining ng Komunikasyon sa Pagbasa 5 d. 25-32
Kagamitan: larawan ng isang batang nag-aabot ng regalo sa ina

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*

Isulat ang titik ng salitang kasingkahulugan ng salitang nasa hanay A. Piliin ang salita sa hanay B.

| A | B. |
|---|---|
| _______ 1. makintab | a. mahinhin |
| _______ 2. mayumi | b. mabula |
| _______ 3. payapa | c. makisap |
| _______ 4. matalas | d. mabilis |
| _______ 5. matulin | e. matalim |
| | f. tahimik |

2. *Pagganyak*

Nakaranas na ba kayong magregalo sa kaarawan ng iyong ina?

B. Paglalahad

1. Pagbasa ng tahimik sa kwento: Handog kay Inay
1. Pagsagot sa pagganyak na tanong atbp.
   a. Anong paraan ang ginawa ni Helen para mabili niya ang handog para sa kaarawan ng kanyang ina?
   b. Ano ang naging suliranin ni Helen?
   c. Anu-ano ang kanyang ginawa para magkapera?
   d. Anu-ano ang mga katangian na ipinahihiwatig sa kwento?
   a. Dapat bang hangaan si Helen? Bakit?

C. Paglalahat

Paano masasabi ang kahulugan ng salita sa isang pangungusap?

D. Pagsasanay

Pangkatin sa 4 ang mga batao Ipasulat sa puwang ang kahulugan ng salitang may salungguhit at ipagamit ita sa sariling pangungusap.

_______ 1. "Ano ang iniisip mo?" <u>usisa</u> ni Mang Tonyo sa anak.
_______ 2. Matamlay si Helen at parang may sakit.
_______ 3. Agad <u>tinungo</u> ni Helen ang tindahan ng bandana.
_______ 4. Madalas niyang tingnan ang nakalagay sa loob ng <u>iskaparate</u>.
_______ 5. <u>Luminga-Iinga</u> muna siva sa pinto bago siva pumasok.

E. Pagsasanay

Piliin sa hanay Bang kahulugan ng salita ayon sa pagkakagamit sa pangungusap.

| A | B |
|---|---|
| Naitago ni Celia ang malungkot na nadarama niya sa kanyang ina. | Naaninaw |
| Ang anak na marunong tumanaw | Matipid |

| | |
|---|---|
| ng utang na loob ay kapuri-puri | |
| Hindi mabasa ni Tata Sebio ang sulat dahil may kalabuan ito. | Kahanga-hanga |
| Maswerte ang batang may angking talino | Mapalad |
| Iniipon ni Jeffrey ang sobra sa baon niyang pera. | naikubli |

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Piliin ang angkop na salitang may salungguhit sa loob ng kahon.

1. "Ano ang gawain mo sa siyudad?" tanong niya sa kaibigan.
2. Masiglang ipinagpatuloy ni Cora ang pagbuburda.
3. Agad tinungo ni Aling Toyang ang silid ng anak na natutulog pa.
4. Halos napalundag sa tuwa sina Allan nang magtsampiyon ang koponan nila.
5. Nangingilid sa luha ang mga mata ni Janet.

| | | |
|---|---|---|
| mapatalon | masaya | naluluha |
| trabaho pinuntahan | nagpumilit | |

V. TAKDANG-ARALIN:

Ipapili sa mga bata ang nababagay na salita na nasa pocket tsart. Idikit ito sa bawat patlang.

*usisain* *lisanin* *maaninaw* *iskaparate* *nangingilid*

1. Hindi niya __________ ang kanyang binabasa.
2. Sa mga mata niya ay may __________ na luha.
3. Marami siyang tinatanong para __________ ang nangyari.
4. Nang __________ niya ang bayan.
5. Maraming nakalagay sa __________

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa tulong ng kasingkahulugan at kasalungat.

*Pagpapahalaga: Pangangalaga sa mga halaman*

II. PAKSA: Pagbibigay ng kahulugan ng salita sa Pamamgitan ng Kasingkahulugan at Kasalungat.

Sanggunian: BEC-PELC Pagbasa 19-20, p. 38, Diwang Makabansa - Pagbasa p. 37-41
Lunsaran: "Ang Pahulaan"

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral*
   Sabihin kung ang sumusunod na pa-res ng salita ay magkasingkahulugan 0 magkalungat.
   *mapusyaw – matingkad  masinop - matipid*
2. *Pagganyak*
   Nakasali ka na ba sa larong pahulaan? Ano ang mga ginagawa ng mga kasali sa larong ito?
3. *Paghahawan ng Balakid*
   Gamitin sa p.angungusap.
   *halaman naaakit premyo*
   *katangian palawit binabakas*
   *taglay lumahok kabatiran*

B. Paglalahad/Pagtalakay

1. Pagbasa sa kwento
1. Pag-unawa sa kwento
   a. Isulat ang mga tanong.
   b. Pagsagot sa mga tanong
   c. Pag-aaral sa mga magkasingkahulugan magkasalungat.

C. Paglalahat

Ano ang dapat tandaan sa mga salitang may kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan?

Sagot: *Kasingkahulugan* ay dalawang salitang may isang katuturan o kahulugan. *Kasalungat* ay dalawang sa Iitang may magkasalungat na kahulugan o kabaligtaran ng isa.

D. Pagsasanay

a. Sagutin ang mga tanong sa "Halina't Magsanay" p. 41
b. Karagdagang Pagsasanay
   Panuto: Palitan ng salitang kasalungat ang mga may salungguhit na salita sa pangungusap.
   1. Madilim kapag masama ang panahon.
   2. Masaya kapag naritoka.
   3. Maliksing magtrabaho kapag sinisipag si Diane.
   3. Mahalimuyak din ang bulaklak na rosal.
   4. Mahirap makisama, ngunit madali.kung talagang uunawa ka.

C. Pagpapahalaga
   Nakatutulong ba ang mga halaman sa atin?

IV. PAGTATAYA:

A. Palitan ang salitang may salungguhit ng salitang kasingkahulugan nito.
   1. Dati'y dukha ang pamilya Solis.
   2. Ang tamad ay di-aasenso.
   3. Matapang si Luis.
B. Palitan ang salitang may salungguhit ng salitang kasalungat nito.
   1. Kaakit-akitang dalagang si Myrna.
   2. Maayos ang kuwento ni Tim.

V. TAKDANG-ARALIN:

1. Sumulat ng 5 pares ng mga salitang magkasingkahulugan at 5 pares ng mga salitang magkasalungat.
2. Gamitin sa pangungusap.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nasasabi ang mga katotohanan at opinyon na binabanggit sa kwentojseleksyong binasa.

*Pagpapahalaga: Magandang Pagtanggap sa Bisita*

II. PAKSA: Mga Katotohanan na Binabanggit sa KuwentojSeleksyong Binasa

Sanggunian: Diwang Makabansa (Pagbasa) p.136-141
Kagamitan: tsart, strip cartolina

Lunsaran: Isang Kuwento - "Pagtanggap sa Bisita" (Iarawang may Kuwentong-Usapan)

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto sa takdang gawain ng nakaraang aralin.
2. *Pagganyak*

Namasyal na ba kayong kasama ang inyong mga kaibigan? Alin-alin sa mga pook na inyong narating at namasid ang nakaakit sa inyo? Bakit?

B. Paglalahad

Basahin ng tahimik ang kuwento. Isang hapong papauwi mula sa bukid ang magkaibigang sina Luis at Mario. May napansin sila sa kalawakan. Ayon kay Luis.

*Luis:* Naku, Mario, nagdidilim na. Siguradong uulan nang malakas, bago tayo makauwi.
*Mario:* Palagay ko, hindi dito uulan. Hayun, o papalayo na ang makapal na ulap.

C. Pagtalakay sa Kwento

1. Ano ang napansin ng magkaibigan isang hapong pauwi na sila mula sa bukid?
2. Bakit siniguro ni Luis na uulan?
3. Ano ang naging palagay ni Mario? Bakit?
4. Ano sa palagay ninyo ang nangyari?
5. Alin sa mga pangungusap ang nagsasaad ng opinyon? katotohanan?

D. Paglalahat: Tandaan

Opinyon

-  ito'y isang palagayjkuru-kurojhaka-haka
-  isipan na hindi pa napapatunayan 0 nagaganap
-  walang batayan
-  malayo o kalahati o mala pit lang sa katotohanan

Katotohanan

-  napatunayan o naganap na may batayan
-  tiyak
-  buong-buo ang pagiging totoo

E. Pagsasanay

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Sabihin kung ang bawat isa ay katotohanan 0 opinyon lamang.

1. Lahat ng mga Pilipino ay magandang tumanggap ng bisita.
2. Sumisikat ang araw sa silangan at lumulubog sa kanluran.
3. Dapat salubungin ang Bagong Taon ng malakas na putukan.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Isulat ang K kung ang pangungusap ay katotohanan at o kung ita ay opinyon.

____1. Marami ang dinadapuan ng "dengue fever" matanda man o bata.
____2. Napakarumi ng paligid kava malamok.
____3. Marahil ang mga tao ay nagpabaya sa pagpapanatiling malinis ng kapaligiran.
____4. Mahirap ang magkasakit.
____5. Tumutulong ang mga taong bayan sa programa ng pamahalaan ukol sa kalinisan ng kapaligiran.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng 5 pangungusap na naglalaman ng katotohanan at 5 pangungusap na naglalaman

naman ng opinyon.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng opinyon at katotohanan.

*Pagpapahalaga: Magandang pagtanggap ng bisita*

II. PAKSA: Pagkakaiba ng Opinyon sa Katotohanan.
Sanggunian: Diwang Makabansa (Pagbasa) p. 136-141

Lunsaran: Isang Kuwento: "Pagtanggap sa Bisita"

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng takdang gawain.
2. *Balik-aral*
   Pagkilala sa opinyon o katotohanan
3. *Pagganyak*
   Nagkaroon na ba kayo ng bisita sa bahay ninyo? Paano ang ginagawang pagtanggap sa mga bisita ninyo?
4. *Paghahawan ng Balakid* Gamitin sa pangungusap
   *Matalik lubluban Iiga nasabik nakabara isulsal*

B. Paglalahad

1. Pagbasa sa kwento
1. Pag-unawa sa kwento
   Sagutin ang mga tanong sa pah. 139 - 140.

C. Paglalahat

Ano ang pagkakaiba ng opinyon sa katotohanan?

D. Pagsasanay

Pagkilala sa opinyon o katotohanan Sagutin ang gawain sa "Halina't Magsanay" p. 140-141

E. Pagpapahalaga/Saloobin

Maganda ba ang nakaugalian nating pagtanggap sa bisita? Bakit? Paano natin maipakikita ang magandang pagtanggap sa bisita?

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Isulat sa patlang ang K kung ang pangungusap ay katotohanan at 0 kung ito'y opinyon.

__ 1. Tila mali ang mangutang ng pera upang ipaghanda sa panauhin.
__ 2. Ang taon ay binubuo ng 12 buwan.
__ 3. Marahil, kung maging matalino tayo sa paggasta ng pera, hindi tayo siguro maghihirap.
__ 4. Ang unang araw ng taon ay ika-1 ng Enero.
__ 5. apat tayong magsaya sa tuwing sasapit ang Bagong Taon.

V. TAKDANG-ARALIN:

Magbigay ng Iimang halimbawa ng katotohanan at limang opinyon ukol sa iyong pangaraw-araw na mga gawain sa paaralan.

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nakasusulat ng anunsyo na gumagamit ng mga pangngalan
- Natutukoy ang mga pangngalang ginamit sa panahanan ng mga Pilipino

*Pagpapahalaga: Nagpapakita ng mgapagnanais na makatuklas ng katotohanan at di pa nalalaman*

II. PAKSA: Pagsulat ng Anunsyo na Gumagamit ng mga Pangngalan
Sanggunian: BEC- PELC Pagsulat 11 Wika 5 p. 17 at 19
Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon p. 63
Kagamitan: mga pangngalan sa strip, mga larawan at anunsyo

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral
   a. Tingnan ninyo ang mga salita sa strip.
   b. Ipabasa ang mga ito.
   c. Ano ang tawag natin sa mga salitang ito?
   d. Ano ang pangngalan?
2. Pagganyak
   a. Ano ang nakasulat o nababasa ninyo sa ating mga bulletin board?
   b. Anu-ano ang mga nakalathala o nakasulat sa mga anunsyo?

B. Paglalahad

Ngayon ay babasahin natin ang isang anunsyo. (Guro muna)

C. Pagtalakay

Alin-alin sa mga salita sa anunsyo ang mga pangngalan?
Anu-anong mga mahahalagang detalye ang nasa anunsyo?
Anu-anong mga katanungan ang ginagamit sa isang anunsyo?

D. Pagsasanay

1. Pagbubuo ng anunsyo. Basahin natin ang aralin sa Hekasi 5 p. 63.
2. Anu-ano ang mga pangngalang ginamit dito?

3. Ngayon ay gagawa tayo ng isang anunsyo ukol sa araling ito.
4. Sino ang makagagawa ng katanungan? Isinusulat ng guro sa pisara hanggang makabuo ng anunsyo.
5. Basahin natin ngayon ang nabuong anunsyo.
6. Alin ang mga pangngalang ginamit natin? Anu-ano ang mga katanungang ginamit natin?
7. Ano ang anunsyo?

IV. PAGTATAYA:

Basahin ang kuwentong "Magalang na Tsuper" sa p. 19 Wika 5. gumawa ng isang anunsyo na nauukol dito. Talakayin ita pag nabuo na.

V. TAKDANG-ARALIN:

Bumuo pa ng isang anunsyo tungkol sa "Panahanan ng mga Pilipino."

**FILIPINO V**

Date: _______________

I. LAYUNIN:

● Natutukoy kung kailan at saan ginagamit ang mala king titik

*Pagpapahalaga: Pagmamahal sa Sariling Wika*

II. PAKSA: Pagtukoy kung kailan at Saan Ginagamit ang Malaking Titik

Sanggunian: BEC- PELC Pagsulat 12 Filipino sa Elementarya (Wika 5)

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak
   Mga bata mayroon ba kayong alam na magagandang tanawin dito sa Pilipinas? Mayroon ba kayong kilalang mga bayani dito sa Pilipinas? Magbigay nga kayo ng mga halimbawa.

B. Paglalahad

Pansinin nga ninyo ang mga nakasulat na halimbawa. Paano ba nakasulat ang mga ito? (Inaasahang sagot) Nagsisimula po sa mala king titik. Anong uri ng pangngalan ang isinusulat sa mala king titik?

Pag-aralan pa ang mga sumusunod:
Si Malakas at sa Maganda Pangulong Macapagal
UP (Pamantasan ng Pilipinas) Miyerkules
Matematika
Maganda ang kanyang boses

C. Paglalahat

Kailan at saan ginagamit ang malalaking titik?

D. Pagsasanay

Isulat na muli ang bawat pangungusap. Gamitin ang mala king titik sa tamang pag ka kataon.
*ang prinsipal ay nagpatawag ng miting.*
*Sa lunes ay magsisimula na ang klase.*

*aka ay nag-aral sa gueco balibago elementary school.*
Gusto ko sanang makapag-aral sa ust. paborito ko ang awitin ni Aiza na pagdating ng panahon.

IV. PAGTATAYA:

Alamin kung tama ang nakasulat. Kung mali, iwasto.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sabihin ang tuntuning sinusunod sa wastong gamit ng malaking titik.
Pinakamamahal kong Sharon,
Sabado; Agosto
Lupang Hinirang
Bikalana
Senadar Recta

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangngalan sa pagsulat ng Iiham pangkaiigan
- Natutukay ang mga pangngalang pantangi at pambalana sa binasang aralin sa Hekasi

*Pagpapahalaga: Napapanatiling malinis ang sinulat na liham.*

II. PAKSA: Nagagamit ang Iba't Ibang Uri ng Pangngalan, Liham Pangkaibigan, Ang Lipunan ng mga Pilipino

Sanggunian: BEC- PELC Pagsulat 13 Wika 5 pp. 139-140
Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon p. 62

Kagamitan: mga iba't ibang uri ng pangngalan sa strip, mga larawan at liham

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral
   Tingnan ang mga larawan. Itambal ita sa grupa/hanay na kinabibilangan. Ipabasa ang mga ita. Ano ang pagkakaiba nito? Ano ang pangngalan?
2. Pagganyak
   Pag ikaw ay may kaibigang nasa malayang lugar at nais ma siyang anyayahan, ana ang iyang gagawin?
   Anong uri ng liham ang iyang gagawin pag ikaw ay nag-aanyaya?

B. Paglalahad

Buksan ang inyong aklat sa Wika 5 p. 140 Basahin natin ang liham.
Anang uri ng liham ita? Bakit?
Alin-alin sa mga salita ang mga pangngalan?

C. Pagtalakay

Alin-alin sa mga salitang ang nakatala ng mga pangngalang pambalana? pantangi? Bakit?
Bakit sumulat si Beth? Anong uri ng liham ang ginawa niya? Talakayin ito isa-isa.

D. Paglalahat

Ano ang pangngalang pantangi? Paano ito isinusulat?
Ano ang pangngalang pambalana? Paano ito isinisulat?
Ano ang Iiham paanyaya? Ano ang 5 bahagi nita? Paano ito isinusulat?

E. Pagsasanay

1. Magpabiaay sa mga bata ng isang pamuhatan. Ipasulat ita sa pisara. Itanang: Tama ba ang lugar at pagkakasulat.
2. Magpasulat din ng bating panimula, atbp. Hanggang makabua ng isang Iiham paanyaya. Ipabasa ang Iiham at suriin kung tama ito.
3. Ipapili ang mga pangngalang pantangi/ pambalana.
4. Ana ang Iiham na isinulat natin? Ano ang Iiham paanyaya?
5. Ano ang 5 bahagi nito?
6. Ano ang pagkakaiba ng pangngalang pantangi sa pambalana?
7. Paano isinusulat ang pangngalang pantangi sa pangngalang pambalana?

IV. PAGTATAYA:

Ipagawa ang Halina't Magsanay sa Wika 5 pp. 20-21 A at B.
Sumulat ng liham paanyaya na ginagamit ang mga pangngalang pantangi at pambalana.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sipiin ang Iiham sa p. 141 Wika at ilagay sa tamang hanay ang mga pangngalang pantangi at pambalana.

## FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang malaking titik na angkop sa pagsulat ng iba't ibang uri ng Iiham pangkaibigan, paanyaya, paghingi ng paumanhin atbp.

*Pagpapahalaga: Pagiging malinis at maayos sa gawain*

II. PAKSA: Paggamit sa Malaking Titik na Angkop sa Pagsulat ng Iba't ibang Uri ng Liham Pangkaibigan, Paanyaya, Paghingi ng Paumanhin atbp

Sanggunian: BEC- PELC Pagsulat 14 p. 37 Diwang Makabansa Wika pp. 139-143
Filipino sa Makabagong Panahon Wika pp. 189-192

Kagamitan: tsart ng ibat-ibang uri ng liham.

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral
   Alamin ang iba't ibang bahagi ng liham na nasa tsart.
   Itanong: Anu-ano ang mga bahagi ng isang liham pangkaibigan?
2. Pagganyak
   Nakatanggap ka na ba ng Iiham buhat sa isang kaibigan o kamag-anak na nasa malayo?
   Anong Uri ng liham ito?

B. Paglalahad/Pagtalakay

1. Ipakita ang iba't ibang uri ng Iiham na nakasulat sa tsart. (Liham paanyaya, Iiham pagtanggap, Iiham pantanggi, liham na humihingi ng paumanhin)
2. Ipapansin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga liham na ito.
3. Pangkatin sa apat ang mag-aaral. Bawat pangkat, ipatala (sa manila paper) ang mga bahagi ng Iiham at ang mga salitang nagsisimula sa malaking titik na gamit ang GRAPHIC ORGANIZER 0 FACSTORMING WEB.
   Pangkat 1 - Liham Paanyaya
   Pang kat 2 - Liham Pagtanggi
   Pang kat 3 - Liham Pagtanggap
   Pang kat 4 - Liham na Humihingi ng Paumanhin

*Itanong*:

a. Anu-ano ang mga salitang nagsisimula sa malaking titik sa pamuhatan? patunguhan? bating panimula? katawan ng Iiham? bating pangwakas? lagda?
b. Kailan ginagamit ang mala king titik sa pagsulat ng liham?

C. Pagtalakay

Anu-ano ang mga salitang ginagamitan ng mala king titik sa pagsulat ng liham?

D. Paglalahat

Panuto: Iwasto ang mga sumusunod na bahagi ng Iiham.

1. 35 kalye san jose
   lungsod ng pasay
   hulyo 5, 2002

1. roma publishing co.
   kalye san pedro
   lungsod ng quezon,
   metro manila
3. mahal kong elena,
4. carlo p. santos
5. lubos na gumagalang,

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Iwasto ang Iiham ayon sa wastong paggamit ng malaking titik. (TM p. 108)

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng isang Iiham paanyaya sa iyong 1010 at lola. Anyayahan sila sa binyag ng kapatid mong maliit. Gamitin ang mala king titik na angkop sa Iiham.

## FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Nagagamit nang wasto ang mga bantas, malaking titik, palugit, pasok sa pagsulat ng idiniktang talata, balita, Iiham

*Pagpapahalaga:* *Malasakit sa kapwa sa panahon ng pangangailangan*

II. PAKSA: Paggamit nang Wasto sa mga Bantas, mala king Titik, Palugit at Pasok sa Pagsulat ng Idiniktang Talata, Balita at Liham

Sanggunian: BEC- PELC Pagsulat 15 p. 37 Diwang Makabansa Wika pp. 15-16

Kagamitan: tsart/larawan ng aksidente sa kalye

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Ipaskil sa pisara ang mga sumusunod na parirala/ pangungusap na nakasulat sa tsart.

a. Ang pangalan ko ay Rosana.
Isinilang ako sa Lungsod ng Angeles.
b. Sinu-sino ang sasabitan ng medalya?
c. Ngayon ay Lunes, Hunyo 24.
d. Pagpalain ka nawa ng Panginoon.
e. Ang alamat ng Pinya
f. Mahal kong lnay,
Nagmamahal,

Pangkatin ang klase sa lima, ipatala sa bawat pang kat ang mga bantas na ginamit at ang mga gamit ng malaking titik ayon sa mga salitang nakasalungguhit. (Maaaring gamitin ang CONCEPT CLUSTER)

2. Pagganyak

Ipakita ang larawan ng isang aksidente sa kalye.
Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?

B. Paglalahad

1. Idikta ang sumusunod na talata/balita
2. Ihambing ang naisulat ng mga bata sa talatang nakasulat sa tsart.

C. Pagtalakay

a. Nagamit ba nang wasto ang mga bantas sa talata[7] Nagamit ba nang wasto ang mala king titik? Nagamit ba nang wasto ang palugit-pasok?

b. Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa pagsulat ng talata?
c. Paano mo maisusulat nang wasto ang idinidiktang talata?
d. Anu-ano ang mga bantas na ginamit sa talata?

D. Paglalahat

Anu-ano ang mga dapat sundin at tandaan kapag susulat nang padikta?

E. Pagsasanay/Paglalapat
Panuto: Isulat ang ididikta ng guro.

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Isulat nang maayos ang ididiktang talata.

*Isang Makasaysayang Pook*

Ang Rizal Park ay isang pook na nagpapaalala sa mga Pilipino tungkol sa bayaning si Jose Rizal na naghandog ng buhay para sa bayan. Naipagmamalaki natin sa ibang bansa ang maganda at malawak na tanawing ito. ang pook na ito ay paboritong pasyalan ng mga tao. Pagsapit ng hapon ay magandang panoorin mula rito ang paglubog ng araw sa Look ng Maynila. Kawili-wiling pasyalan ang makasaysayang pook na ito

V. TAKDANG-ARALIN:

Makinig ng isang balita sa radyo 0 telebisyon at isulat ita nang patalata.

## FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

- Naisusulat ang idiniktang talatang may mga salitang hiram tungkol sa pagbabagong politikal at sosyolohikal sa bansa

*Pagpapahalaga: Kamulatan sa politikal at sosyo/hika/ na pangyayari sa bansa*

II. PAKSA: Pagsulat sa Idiniktang Talatang may mga Salitang Hiram Tungkol sa Pagbabagong Politikal at Sosyolohikal sa Bansa

Sanggunian: BEC-PELC Pagsulat 16

Kagamitan: People's Taliba - Hunyo 24, 2002 pp. 1-2

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak
   Itanong sa mga mag-aaral kung sila'y nanonood, nagbabasa 0 nakikinig ng balita.

B. Paglalahad

Talakayin ang mga balitang kanilang narinig o napanood.

Pangkatin ang mga mag-aaral at hayaang magbigay ng isang pangunahing balita ukol sa suliraning politikal at sosyolohikal ng bansa at ipabigay ang mga posibleng kadahilanan ng mga ito, gumamit ng simbolo sa pag-ulat.

1. Pag-uulat ng bawat pangkat
2. Talakayin ang mga salitang hiram na ginamit ng bawat pangkat. Anu-ano ang mga salitang hiram?
3. Babasahin ng guro ang talata at hikayatin ang bawat pang kat na isulat ang mga salitang hiram na ginamit. (Paramihan ng maisusulat)
4. Ipasulat sa lider ng bawat pangkat ang kanilang naisulat na salitang hiram.

IV. PAGTATAYA:

Iparinig sa mga mag-aaral ang salitang inirekord ukol sa singil sa kuryente. Ipasulat ang lahat ng salitang hiram na ginamit.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Makinig ng balita at isulat ang lahat ng salitang hiram na ginagamit.

# FILIPINO V

Date: _______________

I. LAYUNIN:

● Nagagamit ang mga sangkap o bantas sa pagsulat ng Iiham pangkalakal

*Pagpapahalaga:  Tangkilikin ang sariling atin*

II. PAKSA: Paggamit nang Wasta sa mga Sangkap *a* Bantas ng Liham Pangkalakal
Sanggunian: BEC- PELC Pagsulat 17 Diwang Makabansa Wika 5
Kagamitan: tsart na kinasusulatan ng Iiham pangalakal

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral
   Alamin ang iba't ibang bahagi ng liham na nasa tsart.
2. Pagganyak
   Bakit mahalaga ang pagsulat ng liham? Ano ang mga sangkap o bantas sa pagsulat ng liham pangangalakal?

B. Paglalahad

1. Ipakita ang iba't ibang bahagi ng liham pangkalakal na nakasulat sa strips o putulputol na kartolina.
2. Iayos ita sa pisara ayon sa porma o ayos nito bilang isang liham.
3. Itanong:
   Anu-ano ang bahagi ng liham na isinaayos?
   Anu-ano ang angkop na bantas o sangkap na dapat gamitin sa liham?
4. Suriin muli ang liham upang matandaan ang sangkap o angkop na bantas para sa bawat bahagi.
5. Pagbuo ng klase ng isang huwarang liham batay sa tinalakay o pinag-usapan.

C. Paglalahat

Anu-ano ang mga sangkap at bantas na ginagamit sa pagsulat ng liham pangangalakal?

IV. PAGTATAYA:

Sumulat ng isang liham pangangalakal batay sa sumusunod na impormasyon:

Subskripsyon ng Liwayway Magasin para sa isang taon mula sa Liwayway Publications.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumipi ng iba pang uri ng liham pangangalakal na may mga wastong sangkap ng pagsulat.

3rd

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. LAYUNIN:

- Nagagamit ang iba't ibang antas ng pang-uri sa paghuhubog ng katangian ng tao, bagay, pook at pangyayari.

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa kapwa

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan****:* Paggamit ng iba't ibang antas, ng pang-uri sa paghuhubog ng katangian ng tao, bagay, pook at pangyayari.

2. ***Nilalaman****:* tsart ng kuwento

**Sanggunian:** BEC-PELC; Pagdiriwang ng Wikang Filipino d. 151-158
**Kagamitan:** tsart ng kuwento

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***

Piliin sa mga sumusunod na pangungusap ang mga pang-uri.

a. Masyadong maharot si Felimon
b. Mas mataas ang boses ni Mila kaysa kay Norma
c. May napili ka na bang mahusay na bata?

2. ***Pagganyak***

Kilala ba ninyo si Ernie Baron? Ano ang kanyang ibinabalita?

**B. Paglalahad**

1. Paglalahad ng isang pagbabalita ni Ernie Baron. “Ulat sa Panahon”
2. Itanong:
   a. Ano ang inilalarawan ni Ernie Baron?
   b. Paano niya ito inilarawan?
   c. Anu-anong mga pang-uri ang kanyang ginamit?

**C. Pagtalakay**

1. Angkop ba ang pamagat sa paksang tinatalakay? Bigyang katwiran.
2. Ano ang paliwanag ni Menandro kung bakit ang araw ang pinakamaganda para sa kanya?
3. Sino ang nagbigay-katwiran sa kahalagahan ng kanyang ama?

**D. Panglinang na Kasanayan**

Pumili sa mga sumusunod na paksa at ilarawan ito sa harap ng klase.

1. Ang Aking Kalaro
2. Ang Nagdaang Araw ng Kalayaan
3. Uri ng Panahong Gusto Ko

**E. Paglalahat**

Ano ang dapat tandaan sa mga panguring nasa iba't ibang kaantasan?

**F. Paglalapat:**

Ilarawan ang alinmang sa sumusunod na paksa:

1. Ang Pagputok ng Mt. Pinatubo
2. Ang Ating Kalawakan
3. Ang Kakaibang Mayor

**G. Pagpapahalaga:**

Paano ninyo pakikitunguhan ang inyong kapwa?

## IV. PAGTATAYA:

Piliin ang wastong pang-uri sa panaklong:

1. Nakabubuhat ng dalawang kabang bigas si Tata Berto dahil sila ay(malakas, mas malakas, pinakamalakas)
2. (Maningning, Mas Maningning, Pinakamaningning) ang kanyang mga mata.
3. Mataas at Mabilog ang pangangatawan ni Lucas kaya siya ay (mabigat, mas mabigat, pinakamabigat) sa buong klase.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Ilarawan ang inyong unang pagpasok sa paaralan. Gumamit ng mga pang-uring nasa iba't ibang kaantasan.

# FILIPINO V

**Date:** _______________

## I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nakakukuha ng impormasyon sa tulong ng grap o tsart.

***Pagpapahalaga:*** Pagbibigay halaga sa edukasyon

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan****:* Pagkuha ng impormasyon sa tulong ng grap o tsart.

2. ***Nilalaman****:* pang-edukasyon


**Sanggunian:** BEC-PELC; Diwang Makabansa (Pagbasa) d. 117-125
**Kagamitan:** tsart ng iba't ibang grap (Line Bar at Pictograp)

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***

**Panuto**: Basahin ang marka ni Leah sa Buwanang Pagsusulit sa Matematika.



**Itanong**:


1. Sa anong buwan pinakamababa ang marka sa pagsusulit ni Leah?
2. Anung marka ang nakuha ni Leah sa pagsusulit noong Oktubre?

2. ***Pagganyak***

**Itanong**: Sino sa inyo ang may Poltri? Makatutulong ba ito sa inyong pamumuhay?

**B. Paglalahad:**

Pagpapakita ng grap ng bilang ng batang tumigil.





**C. Pagtalakay**

Sagutin ang mga tanong:

1. Ilang mag-aaral ang tumigil sa pagpasok noong 1990?
2. Anong taon pinakamaliit ang bilang ng mga batang huminto sa pag-aaral?
3. Gaano karami ang mga batang tumigil sa pag-aaral noong 1995?

**D. Panglinang na Kasanayan**

Basahin at bigyang kahulugan ang grap sa ilalim. Sagutin ang mga tanong.





1. sa anong markahan pinakamataas ang kanyang nakuha?
2. Ano ang kanyang markahang pinaka mababa?
3. Ano ang pinakamataas na marka niya?

**E. Paglalahat**

Paano mabibigyang kahulugan ang mga impormasyong nakuha sa grap?

**F. Paglalapat:**

Suriin ang grap at sagutin ang mga tanorlg sa ibaba.





**G. Pagpapahalaga:**

Pangatwiranan:

Paano mo mapatataas pa ang iyong mga marka? Sa anong paraan mo maipakikita ang iyong pagpapahalaga sa edukasyon?

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Bigyang kahulugan ang grap sa ibaba sa pamamagitan ng paglalagay ng *(-J)* sa puwang bago dumating ang titik ng sagot.



1. Ilang bata ang normal ang timbang noong Hulyo.
   a. 25 b. 30 c. 35 d. 40
2. Anong mga buwan pantay ang bilang ng mga batang normal ang timbang?
   a. Oktubre at Hulyo c. Setyembre at Oktubre
   b. Agosto at Setyembre d. Oktubre at Nobyembre

V. TAKDANG-ARALIN:

Punan ang tsart ng mga marka batay sa mga pagsusulit sa Filipino V ng mga batang tinuturuan.

**PAGSUSULIT**

Unang Pagsusulit

Ikalawang Pagsusulit

Ikatlong Pagsusulit

Ikaapat na pagsusulit

## FILIPINO V

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

- ❖ Napapangkat/Nauuri ang pang-uri sa iba't ibang kaantasan.

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa mga pook pasyalan ng bansa.

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan****:* Iba't-ibang Antas ng Pang-uri
2. ***Nilalaman****:* Pangkapaligiran

**Sanggunian:** BEC-PELC; Gintong Aklat sa Wika pp. 182-186; MG pp., 100-102

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***

Ano anhg pang-uri?

2. ***Pagganyak***

Ipakita ang larawan ng mga pook pasyalan ng bansa.
Saan-saang pook pasyalan na kayo nakarating? Bakit mahalaga ang mga pook na inyong pinasyalan?

**B. Paglalahad**

Pagbasa ng talata sa pah. 182 ng B.A. "**Expo Filipino, Clark**"

**C. Pagtalakay**

Itanong:

a. Bakit kahanga-hanga . ang EXPO FILIPINO?
b. Anu-ano ang matatagpuan na kabuuan ng EXPO?
c. Paano natin mapahahalagahan ang pook na ito?

**D. Panglinang na Kasanayan**

Salunguhitan ang pang-uri at isulat ang pang-uring ginamit kung lantay, pahambing o pasukdol.

1. Napakaganda ng Boracay.

2. Pino at puro ang buhangin sa dalampasigan nito.

3. Malakristal ang tubig-dagat nito.

**E. Paglalahat**

Anu-ano ang tatlong antas ng pang-uri?

**F. Paglalapat:**

Uriin kung anong antas ng pang-uri ang mga sumusunod:

1. ubod ng rikit
2. sakdal tamis
3. kasinlayo
4. hugis-puso
5. sing-asim

IV. PAGTATAYA:

Pangkatin ang mga sumusunod na pang-uri ayon sa kaantasan. Isulat ito sa loob ng kahong kinabibilangan.

| | |
|---|---|
| Payak | napakatayog |
| Sinauna | sintibay |
| Malinis | lalong malamig |
| Mabilis | mataas-taas |
| Pangkalinis-linis | hari ng tibay |

| Lantay | Pahambing | Pasukdol |
|---|---|---|
| | | |

V. TAKDANG-ARALIN:

Hanapin sa talata ang mga salitang naglalarawan. Uriin ang mga ito ayon sa kaantasan at isulat sa angkop na kolum ng talahanayan sa inyong kuwaderno. Sundan ang pormat sa ibaba.

| **Lantay** | **Pahambing** | **Pasukdol** |
|---|---|---|
| | | |

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagbasa**

- Natutukoy ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayaring binubuo sa banghay ng kuwento.

***Pagpapahalaga:*** Pagpapanatili sa pagkakaisa at pagmamahalan ng bawat miyembro ng pamilya.

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagtukoy sa pagkakasunudsunod ng mga pangyayaring binubuo sa bang- hay ng kwento.
2. ***Nilalaman:*** Pagmamahalan ng mag-anak

**Sanggunian:** Diwang Makabansa V d. 99-98; TM
**Kagamitan:** mga larawan ng iba't ibang pook sa Lungsod ng Baguio

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***

Sinu-sino sa inyo ang nakapunta na sa Lungsod ng Baguio? Anu-ano ang ginawa ninyo roon?

2. ***Pagganyak***

Kung kayo'y mamamasyal, Anu-ano muna ang inyong gagawin? Alin ang uunahin mo? Ang susunod?

**B. Paglalahad**

Paghahawan ng balakid.

**Panuto:** Hanan sa loob ng panaklong ang kahulugan ng mga salitang salungguhit. Gamitin sa pangungusap pagkatapos ng mg salita.

______ 1. Binuklat ni Sarah ang bayong, gulay at prutas (kinain, tiningnan, kinuha)

______ 2. Malamig ang klima sa lungsod ng Baguio (panahon, ulap, ulan)

2. Paglalahad ng pagganyak na tanong

   Paano hinikayat ni Lola Elang ng mga anak na magbakasyon sa Lungsod ng Baguio?

3. Pagtatakda ng pamantayan sa pagbasa nang tahimik.
4. Pagbasa sa kuwento ng tahimik "Ang Bakasyon nina Lola Elang at Lolo Gorio."

**C. Paglalahat:**

Ano ang dapat tandaan sa pagsusunod-sunod ng mga pangunahing diwa para makabuo ng isang kuwento?

**D. Pagpapayamang Gawain:**

Pagbasa ng maikling kuwentong "Walang Utang na Loob" (pp. 69-170 Banghay Aralin)

**E. Pagpapahalaga:**

Pagbasa ng maikling kuwento ng "Naiinip si Aling Cristina" (TM d. 72) Lagyan ng bilang 1-5 ang mga patlang ayon sa inaasahang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

______ Binigyan ng pera ng magkapatid ang dalawang batang nagugutom.

______ Naawa ang magkapatid na Ronnie at Miriam sa mga batao

______ Nakita nina R.onnie at Miriam nang bulyawan ng may-ari ng panaderya ang dalawang batang payat.

______ May dalawang batang titingin-tingin sa mga tinapay na nakadisplay sa panaderya.

______ Inip na inip si Aling Cristina dahil hindi pa dumarting ang kanyang dalawang anak na sina Miriam at Ronnie.

## IV. PAGTATAYA:

Panuto: Basahin ang maikling kuwento. "Ayaw rnaghapunan" Pagkatapos iayos angmga diwa ng kuwento nang sunud-sunod ayon sa pangyayari (p. 171) Banghay Aralin.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Lagyan ng bilang 1-4 ang mga patlang ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

______ Kailangang kumpunihin ang mga sia ng paaralan upang magamit ang magaaral.
______ Napagkaisahan sa pulong na ipagagawa ang mga sirang paaralan sa pamantasan ng Palusong.
______ Tumawag ng pulong ng mga guro at magulang ang pinsipal na si G. Cortes upang pag-usapan ang problema ng paaralan.
______ Marraming sira ang paaralan dahil sa malakas na bagyo na kararaan lamang.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Naigagawa ng balangkas ang seleksyong nabasa.
**Pagsulat:** Nailalarawan sa isang sanaysay ang nagging saloobin / nadama sa napanood / nabasang isyung panlupunan.

***Pagpapahalaga:*** Pagkakaroon ng Kaalaman sa mga Isyung Panlipunan

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan**:* Paggawa ng Balangkas ang Seleksyong nabasa.
   Paglalarawan ng isang sanaysay ang nagiging saloobin/nadama sa napanood/ nabasang isyung panlipunan.
2. ***Nilalaman**:* Ang Lipunan sa Batas Militar Mga Suliraning Panlipunan (1986-1988)

**Sanggunian:** BEC-PELC Big. Batayang Aklat, Pamana 5 pp. 243-245, 256-257
**Kagamitan:** larawan ni Pangulong Marcos, tsart ng mga seleksyon

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:*** Pagbasa ng talata

2. ***Pagganyak***

   Ipakita ang larawn ni Marcos. Itanong ang mga ss:
   Kilala nyo ba ito? Ano ang pumapasok sa isip nyo kapag nakita o narinig nyo ang pangalan niya? Atbp.

**B. Paglalahad:**

Paglalahad ng Sanaysay "Ang Lipunan sa Ilalim ng batas Militar" pah. 120

**C. Pagtalakay:**

1. Anu-ano ang mga programang inilunsad ni Pangulong Marcos patungkol sa pangkabuhayan?
2. Paano napaunlad ang serbisyo ng paglalakbay, komunikasyon at kalakalan?
3. Paano naisagawa ni Pangulong Marcos ang pagkakaroon ng kapayapaan?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Tungkol saan ang binasang seleksyon? Ano ang pangunahing ideya ang unang talata? Ikalawa? Ikatlo? Ikaapat? Ikalima?

**E. Paglalahat:**

Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagbuo ng balangkas?

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa inyong saloobin sa naganap sa barangay eleksyon.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa napanood na isyung panlipunan.

## FILIPINO V

**Date:** _______________

I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nasusuri kung palarawan o pasalaysay ang pinakinggang talata.
**Pagsasalita:** Nagagamit ang mga pang-uri sa paglalarawan, tao, pook sa bansa sa pagsasalita/ pagsulat na paraan.

***Pagpapahalaga:*** Napapanatili ang kagandahan at kalinisan ng mga Anyong-tubig

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan***: Pagsusuri kung Palarawan o Pasalaysay ang pinakinggang talata. Paggamit ng mga Pang-uri sa Paglalarawan ng Pangyayari, tao, pook sa binasa sa pasalitajpasulat ng paraan
2. ***Nilalaman***: Mga Anyong Tubig

**Kagamitan:** tsart kung saan nakasulat ang mga talata, larawan ng mga pangyayari tulad ng Ati-atihan sa Kalibo o Pahiyas Festival sa Lucban, Quezon

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral***

Piliin ang mga pang-uri sa mga sumusunod na pangungusap:

a. Ang bansang Pilipinas ay maliit lamang.
b. Ito ay sagana sa mga Iikas na yaman.
c. Maraming dayuhan ang pumupunta dito.

2. ***Pagganyak***

Sino sa inyo ang nakapunta na sa dagat? Ano ang masasabi mo rito? Paano mapanatili ang kagandahan nito? atbp.

**B. Paglalahad**

Basahin ang Seleksyon: "**Ang Ilog Pasig, Noon at Ngayon"**

**C. Pagtalakay**

1. Tungkol saan ang seleksyon?
2. Baki hinahangaan ng halat ang Ilog Pasig noong panahon?
3. Anong pagbabago ang nangyari sa paglaki ng Maynila?

**D. Panglinang na Kasanayan**

***Gawain I***

1. Ilang talata mayroon ang seleksyon?
2. Aling talata ang nagsasaad ng isang bagay sa pamamagitan ng mga panguri?
3. Alin ang talatang nagsasalaysay ng mga pangyayari?

**E. Paglalahat**

Ano ang pagkakaiba ng talatang naglalarawan at talatang nagsasalaysay? Ano ang dapat tandaan sa pagsulat ng paglalarawan ng mga pangyayari?

**F. Paglalapat:**

Sumulat ng isang talatang naglalarawan. Pumili ng paksa.

a. Si Andres Bonifacio
b. Ang Paglubog ng araw sa Manila Bay?
c. Si Maria Clara

IV. PAGTATAYA:

Sumulat ng isang talata sa isang lugar na narating mo na.

V. TAKDANG-ARALIN:

Maghanap ng mga talatang naglalarawan at nagsasalaysay. Suriin kung ito ay palarawan o pasalaysay.

# FILIPINO V

**Date:** _______________

I. LAYUNIN:

**Pagbasa**: Nasusuri ang pagkakaiba ng piksyn at di-piksyon.

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa mga Punong-kahoy

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan**:* Pagsusuri sa pagkakaiba ng piksyon at di-piksyon
2. ***Nilalaman**:* Pampanitikan

**Sanggunian:** BEC-PELC

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Pag-ugnayin ang Hanay A at Hany B sa pamamagitan ng guhit

| A | B |
|---|---|
| Talambuhay | Si. Dr. Jose Rizal |
| Historical accounts | Bakit Nangangagat ang Putakti |
| Success stories | Teodoro Yangco; Isang Pilantropo |
| Personal experiences | Edsa 1986 – Tagumpay ng Pilipino |
| Alamat | Abril 9, 142 – Pagbagsak ng Bataan |

2. ***Pagganyak:***

Ano ang alamat? Nakabasa/Nakarinig nab a kayo ng alamat? Tungkol sa ano ang nabasa ninyong alamat?

**B. Paglalahad:**

Pagbasa ng kuwento: “Ang Alamat ng Bayang Cagamutan” pp.125

**C. Pagtalakay:**

1. Pagsagot sa mga tanong na pagganyak.
2. Pag-unawa sa kuwento.
    a. Ano ang masamang nangyari sa mga taong naninirahan sa pook na may makitid na sapa?
    b. Bakit mahalaga ang mga punong-kahoy?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Totoo bang nangyari ang kwento? Anong uri ng babasahin ito? Bakit? Magbalik-aral tungkol sa Talambuhay ni Manuel L. Quezon at itanong kung totoong nangyari ang binasa at anong uri ng babasahin ito.

**E. Paglalahat:**

Ano ang pagkakaiba ng piksyon at dipiksyon?

## IV. PAGTATAYA:

Suriin ang mga sumusunod na babasahin. Isulat sa puwang ang piksyon o di-piksyon.

______ 1. Mga Kwento ni Lola Basyang.
______ 2. Si Dr. Jose Rizal, Ang Ating Pambansang Bayani
______ 3. Tandang Sorar, Ina ng Katipunan
______ 4. Ang Pagong at ang Matsing

_____ 5. Si Agila at Daga

## V. TAKDANG-ARALIN:

Suriin ang mga babasahin sa tatlong halimbawa ng babasahing piksyn at tatlong babasahing di-piksyon.

**FILIPINO V**

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pakikinig:** Naisusulat tang paksang diwa ng pinakinggang teksto
**Pagbasa :** Napapalawak ang talasalitaan sa tulong ng katuturan

***Pagpapahalaga:*** Paggawa ng mabuti sa kapwa

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan****:* Pagsulat ng paksang Diwa sa Pinakinggang Teksto.
   Pagpapalawak ng Talasalitaan sa tulong ng Katuturan
2. ***Nilalaman****:* Pakikipagkapwa

**Sanggunian:** BEC-PELC
**Kagamitan:** tsart ng mga pangungusap

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Makinig sa bigkasang tula.

   Sagutin ang mga tanong.

   a. Tungkol saan ang tula?

   b. Bakit mahirap maging ulila?

2. ***Pagganyak:***

   Sino ang may kasamang lolo sa bahay? May naibibigay ba siyang tulong at saya sa atin?

**B. Paglalahad:**

Iparining sa mga bata ang kuwento. "Ang Sorpresa Kay Lolo Ben" pah. 127

**C. Pagtalakay:**

1. Bakit mahal at iginagalang ng mga taga Sta. Maria si Lola Ben?
2. Paano ipinakita ng mga taganayon na mahal nila si Lolo Ben?
3. Anu-ano ang mga regalo ng mga taganayon sa kaarawan ni Lolo Ben?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

***Gawain I***

Ano ang diwa ng kwento? Anu-ano ang dapat gawin upang malaman ang paksang diwa ng kwento? Anu-ano ang mga detalyeng sumusuporta nito?

**E. Paglalahat:**

Anu-ano ang dapat gawin upang mabigay ang paksa ng kwentong inyong napakinggan? Maaaring bang ang kahulugan ng isang salia nang hindi na sumasangguni sa diksyunaryo? Paano?

**F. Paglalapat:**

Ibigay ang kahulugan na salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.

a. Buong tapang na sinuong ni Lola ang apoy masagip lang ang kanyang apo.

b. Nagtamo ang matanda ng mga puso sa mukha at braso.
c. Ayon sa pagsisiyasat, sirang kawad ang pinagmulan ng sunog.

**G. Pagpapahalaga:**

Anong aral ang napulot sa kwento? Ano ang naidudulot ng paggawa ng mabuti sa kapwa?

IV. PAGTATAYA:

Makinig sa kwento at piliin ang tamang paksa nito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Masipag at matipid si Lisa. Kumikita siva sa pagtitinda ng mga rosas at sampagita. Araw-araw, naghuhulog siva ng dalawang piso sa kanyang alkansiya. Biglang nagkasakit ang nanay niya. Nagkataon wala itong pera. Sa pamamagitan ng naimpok ni Lisa, nabili niya ang gamot ng kanyang nanay.
   a. Pag may itinanim may aanihin.
   b. Ang gawang marangal at dakila, hindi dapat ikahiya.
   c. Pag may sinuksok, may madudukot.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Humanap ng isang kuwento. Babasahin ito sa klase at ibibigay ng mga nakikinig ang paksa ng kuwentong napakinggan.

## FILIPINO V

**Date:** _______________

## I. LAYUNIN:

**Pagsasalita:** Nagagamit nang wasto ang mga uri ng pang-abay sa pagsasa!aysay at pagsulat.
**Pakikinig:** Naitala ang mga pang-abay sa ginamit sa kuwento / iba pang teksto.
**Pagsulat:** napapalawak ang pagsulat ng talata sa tulong ng pang-abay.

***Pagpapahalaga:*** Nakatulong sa pagpapaganda at paglilinis sa pamayanan.

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan****:* Paggamit ng mga uri pang-abay.
   Pagsulat ng Tula sa Tulong ng Pang-abay
2. ***Nilalaman****:* Mga Matandang Kaugalian

**Sanggunian:** BEC-PELC

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Ano ang pang-abay?
   Basahin ang mga parirala at sabihin ang pang-abay.
   a. masyadong lubak-lubak
   b. maginhawang maglakbay
   c. kasiya-siyang mamasyal maglakbay

2. ***Pagganyak:***

   Magpakita ng larawan ng mga batang naglilinis sa pamayanan. Ano ang ginagawa ng mga bata? Paano nila nililinis ang paligid?

B. **Paglalahad:**

Ipabasa ang talata.

C. **Pagtalakay:**

1. Tungkol saan ang talata?
2. Ano ang isang suliranin ng pamahalaan?
3. Kanino humingi ng tulong ang pamahalaan?
4. Ano ang ginawa ng mga mag-aaral sa ikalimang baiting?
5. Sino ang nagbunot ng mga damo at nagwalis sa buong paligid?

## IV. PAGTATAYA:

Makinig ng mabuti sa babasahing seleksyon. Itala ang mga pang-abay na ginamit.
"Ang Harana" pah. 130

## V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng isang talata na ginagamit ang mga pang-abay. Pumilisa mga sumusunod na paksa:

1. Ang Aking Kaarawan
2. Ang Bansang Pilipinas
3. Ang Paborito Kong Alaga

## FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Naigagawa ng balangkas ang seleksyong binasa. Natutukoy ang maikling salita mula sa mahahalagang salita.

**Pagsulat:** Nailalarawan sa isang sanaysay ang naging saloobinjnadama sa Napanood/ nabasang isyung panlipunan

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa gawin

## II. PAKSANG-ARALIN:

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan**:* Pagagawa ng balnagkas sa seleksyong binasa.
   Pagtukoy ng maikling salita mula sa mahahalagang salita.
2. ***Nilalaman**:* Kasipagan/Katiyagaan

**Sanggunian:** Diwang Makabansa Pagbasa d. 172-176
**Kagamitan:** tsart

## III. PAMAMARAAN:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga kaisipan batay sa wastong pagbabalangkas. Isulat sa patlang ang bilang 1-6.

**Pagsasaing**

______ pagtatakip
______ pagsasalang ng bigas
______ paghuhugas ng bigas
______ pag-aalis ng mga maliliit na bato at palay
______ pagtatakal ng bigas
______ paglalagay ng angkop na tubig

2. ***Pagganyak:***

**Itanong**: Kung kayo'y may binabasang kuwento, madali ba ninyo itong mauunawaan o naiintindihan?

**B. Paglalahad:**

1. ***Paghahawan ng balakid:***

   **Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.

   a. May nabasa akong artikulotungkol sa makabagong paraan ng pangingisda.
   b. Dahil sa makabagong teknolohiyanaging masagana ang ani ng palay sa ating bansa.
2. P***aglalahad ng tanong pagganyak***

   Bakit hindi tinulungan ni Aling Nelia si Pablito sa paggawa ng balangkas? Ikaw, inaasa mo ba sa iba ang paggawa ng iyong takdang aralin? Bakit?
3. Pagbasa ng tahimik sa kuwerito Tingnan sa D.M. Pagbasa d. 172176 (Kapag May Tiyaga, May Nilaga)

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa pagganyak na tanong at iba pa.

a. Bakit hindi tinulungan ni Aling Nelia si Pablito sa paggawa ng balangkas?
b. Paano nakatutulong ang makabagong teknolohiya sa ibang bansa?
c. Paano nakatulong ang Pilipinas sa daigdig sa pamamagitan ng IRRI?

**D. Paglalahat:**

1. Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng balangkas.
2. Ano ang mahahalagang bagay na dapat tandaan upang mailarawan ang sang sanaysay at ang naging saloobin dito? Paano mo pinahahalagahan ang iyong gawain?

## IV. PAGTATAYA:

Basahin ang talata

1. Isulat ang balangkas ng talata.
2. Piliin ang mahahabang salita at bilugan ang maikling saliatng nakapaloob dito.
3. Sumulat ng isang sanaysay ang iyong saloobin sa talatang binasa. “Ang Kalori”

## V. TAKDANG-ARALIN:

Humanap ng isang aklat o babasahin ng talambuhay ng isang bayani. Sumulat ng isang 6 na

balangkas batay sa kanyang talambuhay.

## FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagsulat**: Naitatala ang mga pang-a bay na ginamit sa kuwento/iba pang teksto

**Pakikinig** Natutukoy ang mga salitang binibigyang-turing ng mga pang-abay na itinala sa pinakinggang teksto

***Pagpapahalaga:*** Pagpapanatili sa Kagandahan at Kaayusan ng Ating Kapaligiran.

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan***: Pagtatala ng mga Pang-abay na Ginagamit sa Kuwento/iba pang Teksto
2. ***Nilalaman***: Pagtukoy sa mga Salitang Binibigyang-turing ng mga Pang-abay na Itinala sa Pinakinggang Teksto.

**Sanggunian:** BEC-PELC Bld. __ d. __ Diwang Makabansa Wika p. 120-123; FM p. 123/Likha 6 p. 333

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Panuto: Salungguhitan ang pang-abay sa mga sumusunod na pangungusap.

   a. Masyadong malakas ang ulang kagabi.

   b. Mapitagang bumati si Pablito sa kanyang guro.

2. ***Pagganyak:***

   **Itanong:**

Sino sa inyo ang nakapagbakasyon na sa ibang lalawigan? Anu-ano ang masasabi mo sa lugar na ito?

**B. Paglalahad:**

Iparinig "Ang Liham ni Nito" (DM Wika p. 120)

**C. Pagtalakay:**

**Itanong**:

1. Paano nakarating sa Cabanatuan sina Nito at Lolo Genio?
2. Ano ang bunga ng pagkakaayos ng mg kalsada?
3. Alin ang naging sementad na ngayon?

**D. Paglalahat:**

Ano ang pang-abay?

Ang pang-abay ay salitang naglalarawan sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

**E. Pagpapahalaga:**

Pangatuwiranan:

Bakit kailangang panatilihing maayos at malinis ang ating kapaligiran?

## IV. PAGTATAYA:

Panuto: Salungguhitan ang bawat pangabay at bilugan ang salita o mga salitang tinuturingan. (DMW p. 124)

## V. TAKDANG-ARALIN:

*Panuto:* Bilugan ang mga pang-a bay sa pangungusap at salungguhitan ang mga salitang tinuturingan nito. Isulat sa patlang kung pandiwa, pang-uri o kapwa pang-a bay ito.

______ 1. Mataimtim na umusal ng panalangin si Nikko.
______ 2. Magalang na yumukod ang bata.
______ 3. Taos-pusong bumati ang panauhin.
______ 4. Tunay na malakas na tumunog ang kampanan.
______ 5. Talagang mabilis magpasya ang kanyang ama.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagsasalita**

- ❖ Naipakikita ang pagkakaiba ng gamit ng pang-uri at pang-abay sa salita o parirala

***Pagpapahalaga:*** Pagmamahalan at Mabuting Pagsasamahan ng Mag-anak

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagpapakita sa Pagkakaiba ng Gamit ng Pang-uri at Pang-abay sa Salita o Parirala.
2. ***Nilalaman:*** Mga Pangungusap

**Sanggunian:** BEC-PELC Blg. ___d.___ Likha 6 p. 345-347
**Kagamitan:** larawan

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Pangkatin ang mga batao Ipatala sa HUWARAN o PATTERN ang sumusunod na mga salita

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| nagbigay | nagdarasal | kami | Nena | siya |
| makinis | maliwanag | matamlay | manggagamot | |

| Pangngalan | Panghalip | Pandiwa | Pang-uri |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

2. ***Pagganyak:***

Ipakita ang larawan ng isang maganak. Bumuo ng pangungusap na may salitang naglalarawan.

| |
|---|
| |
| |
| |
| 65 70 75 80 85 90 95 |



**B. Paglalahad:**

1. Ipabasa ang mga pangungusap na nabuo.
   a. Malinis ang bahay.
   b. Masaya ang mag-anak.
   c. Tuwang-tuwang nanonood ang nanay.

### C. Pagtalakay:

**Itanong:**

1. Alin ang malinis? Alin ang salitang naglalarawan sa bahay? Anong bahagi ng pananalita ang bahay?
2. Sino ang masaya? Ano ang salitang naglalarawan sa maganak? Ano ang bahagi ng pananalita ang mag-anak?

### D. Panglinang na Kasanayan:

**Itanong:**

1. Ano ang salitang naglalarawan sa pangungusap a at b? Aling salita ang binibigyang turing nito? Anong bahagi ng panalita ito?
2. Ano ang salitang naglalarawan sa titik c, d at e? Aling salita ang binibigyang turing nito? Anong bahagi ng pananalita ito?

### E. Paglalahat:

Ano ang pagkakaiba ng parig-uri at pang-abay?

### F. Pagpapayamang Gawain:

Isulat sa patlang kung pang-uri o pang-a bay ang salitang may salungguhit.

______ 1. Ang dalaga ay <u>mahinhin</u>.
______ 2. Ang napiling lakambini ay <u>mahinhing</u> lumakad.
______ 3. Ang maysakit ay <u>matamlay</u> pa rin hanggang ngayon.

### G. Pagpapahalaga:

1. Paano naipapakita ang pagmamahalan ng mag-anak sa isa't isa?
2. Paano mapauunlad ang mabuting pagsasamahan ng mag-anak?
3. Anong kabutihan ang magaganap sa pagkikita at pagsasama-sama ng pamilya?

## IV. PAGTATAYA:

Panuto: Bilugan ang salitang naglalarawan kung ito ay ginamit bilang pang-uri. Salungguhitan kung ang salita ay ginamit bilang pang-a bay.

1. Madali ang pagsusulit.
2. Madali naming tinapos ang pagsusulit.
3. Malakas ang tinig ng guro.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na mga salita bilang pang-uri at pang-abay.

1. makupad
2. maluwang
3. makinis
4. mabagal
5. mabilis

# FILIPINO V

**Date:** _______________

## I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nabibigyang kahulugan ang mga salitang kaugnay ng iba't ibang asignatura

***Pagpapahalaga:*** Pagtatanim at Pangangalaga sa mga Halaman

## II. PAKSANG-ARALIN:

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan***: Pagbibigay Kahulugan sa mga Salitang Kauganay ng Iba't ibang Asignatura
2. ***Nilalaman***: Pangangalaga sa mga Halaman

**Sanggunian:** BEC-PELC Blg. __d. __ Diwang Makabansa Pagbasa p. 17-19
**Kagamitan:** tsart ng kuwento

## III. PAMAMARAAN:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

   1. Itanong: Anu-ano ang iba't ibang asignatura na ating pinag-aaralan?
   2. Ipabasa nang may wastong bigkas at mabilis ang sumusunod na mga salita.
      kilos lokomotor

sagisag kromatiko

pamatay kulisap

2. ***Pagganyak:***

Mahilig ba kayong magtanim sa inyong bakuran? Anu-ano ang mga. uri ng gulay na inyong itinanim? Paano ito nakakatulong sa inyong kabuhayan?

**B. Paglalahad:**

Basahin: Kayamanan sa Bakuran DM Pagbasa p. 17

**C. Pagtalakay:**

1. **Itanong:**
   a. Sinu-sino ang nc:ging bisita nina Mang Reynaldo at Aling Nelia?
   b. Bakit hindi kasama sina Ronnie at Rodel?
   c. Bakit mabuti ang nahihilig sa palakasan?
   d. Anu-ano ang ipinakita nina Mang Reynaldo at Aling Nelia sa bakuran kina Tiyo Carding at Tiya Amparo? Paano nakatulong ang mga pananim na ito sa kanila?

**D. Paglalahat:**

Paano nabibigyang kahulugan ang mga salitang kaugnay ng iba't ibang asignatura?

**E. Pagpapayamang Gawain:**

Isulat sa HUWARAN 0 PATIERN ang mga sumusunod na salita.
Basketball alto balag ornamental narseri

***Halimbawa:***

| Salita | Kaugnay na Asignatura | Kahulugan |
|---|---|---|
| Balag | Eduk. Pang-Agrikultura | Pagapangan |
| | | |

**G. Pagpapahalaga:**

Bakit kailangan tayong magtanim ng mga halamang-gulay sa ating bakuran? Ano ang kahalagahang dulot sa atin ng pagtatanim?

IV. PAGTATAYA:

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na salita na tinutukoy ng mga sumusunod na

kahulugan. Isulat ang tamang salita at ang kaugnay na asignatura nito

Pagsusulsi      Prayle      Punla      Bandurya      Pandiwa

| **Mga Salita** | **Kaugnay na Asignatura** | **Kahulugan** |
|---|---|---|
| 1. | | Nagsasaad ng Kilos |
| 2. | | Bagong sibol na halaman |
| 3. | | Misyoneryong pari |
| 4. | | Pagkukumpuni sa punit na damit |
| 5. | | Pinakamataas na tinig ng mga lalaki sa pag-awit. |

## V. TAKDANG-ARALIN:

Pagsulat ng limang salita sa kaugnay ng iba't ibang asignatura at hanapin ang kahulugan ng mga ito. Gamitin sa pangungusap ang bawat salita.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagsulat**: Nakasusulat ng mga biro at anekdota na ginagamitan ng mga pang-abay

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa Ating mga Bayani at Pangulo

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan****:* Pagsulat ng mga Biro at Anekdota na Ginagamitan ng mga Pang-abay.
2. ***Nilalaman****:* Ang Panitikan Anekdota: Ilan sa Kanyang mga Katangian

**Sanggunian:** BEC-PELC Blg. __ d. __ Diwang Pilipino Sining ng Komunikasyon Panitikan p. 118-120

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Itanong: Saan karaniwang nakaririnig ng biro? Ano ang karaniwang sagot sa biro?

2. ***Pagganyak:***

   Sinu-sino ng mga bayaning kilala ninyo? Magbigay ng mga mahahalagng pangyayaring nagawa nila.

**B. Paglalahad:**

1. Basahin: (Nakasulat sa Tsart)

   Anekdota: Ilan sa Kanyang Mga Katangian – Manuel L. Quezon

C. **Pagtalakay:**

1. **Itanong:**
   a. Sino si Pangulong Manuel L. Quezon?
   b. Bakit mahalaga na malaman natin ang magagandang katangian ng ating mga bayani at pangulo?

D. **Panglinang na Kasanayan:**

1. Ipasuri ang biro na nasa Balik-aral.
   Pagsasalaysay ng mga mag-aaral ng ilang biro na kanilang alam o " napanood sa telebisyon.

E. **Paglalahat:**

Ano ang dapat tandaan sa pagsulat ng biro at anekdota?

***Tandaan:***

Ang **biro** ay maikling katha na nagbibigay ng saya at galak.

Ang **anekdota** ay nagbibigay sa mga mambabasa ng pagkakataong lalong makilala ang pansariling buhay ng taong iyon sapagkat ang mga pangyayari'y naglalarawan sa katauhan nito.

G. **Pagpapahalaga:**

Paano natin maipapakita pagpapahalaga sa ating mga bayani?

IV. PAGTATAYA:

1. Sumulat ng isang biro na napanood na sa telebisyon. Lagyan ito ng angkop na pang-abay.
2. Bumu ng isang anekdota. Gawing modele ang napiling anekdota tungkol kay Pangulong Quezon.

V. TAKDANG-ARALIN:

Magsaliksik ng anekdota tungkol kay Dr. Jose Rizal.

# FILIPINO V

**Date:** _______________

## I. LAYUNIN:

**Pagsasalita**: Nakikilala ang mga sugnay na pangabay sa pangungusap at ang mga salitang bumubuo dito

***Pagpapahalaga:*** Pagiging Matulungin at Masikap

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan***:
   - ❖ Pagkilala sa mga Sugnay na Pang-abay sa Pangungusap at ang mga Salitang Bumubuo dito
   - ❖ Pagsulat sa angkop na Sugnay na Pang-a bay sa mga di-tapos na talata

2. ***Nilalaman***: Pagiging Matulungin

**Sanggunian:** BEC - PELC d. Filipino sa Makabagong Panahon (Wika) d. 154-155 FM p. 130-131

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

(Nakasulat sa tsart)

Sabihin ang pang-abay na ginamit sa mga sumusunod na pangungusap.

a. Maingat niyang inilapag ang baso.

b. Dahan-dahan naupo si Rosita

c. Banayad na nagsalita ang guro.

2. ***Pagganyak:***

**Itanong:**

Tumutulong ba kayo sa mga gawaing bahay? Paano ka nakakatulong?

**B. Paglalahad:**

a. Nang dLimating siva mula sa paaralan, itinabi niya ang dalang gamit at nagsinop siya ng mga nakakalat na gamit sa sala.
b. Kung araw ng Sabado at Linggo, tumutulong siya sa paglilinis ng bahay.
c. Nagtataglay siva ng isang talaan ng kanyang mga Gawain upang maisagawa ita sa takdang panahon.

**C. Pagtalakay:**

1. Ipasuri ang mga pangungusap:
2. Itanong:
   a. Bakit maagang umuuwi si Nestor mula sa paaralan?
   b. Anong pang-ugnay ang ginamit sa unang pangungusap?
   c. Ano ang tawag natin sa mga pangungusap na binasa ninyo?
   d. Paano ninyo nasabi na ang mga ito ay hugnayang pangungusap?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

1. Pag-usapan ang mga sugnay. na ginamit sa pangungusap.
2. Uriin ang mga ita at kilalanin ang mga salitang bumubuo rito.

**E. Paglalahat:**

**Itanong:**

Paano mo nakikilala ang mga sugnay na pang-abay sa pangungusap?

**Tandaan:**

Nakikilala ang mga sugnay na pangabay sa pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangatnig.

**F. Pagpapahalaga:**

**Ipaliwanag:**

Dapat ba tayong tumulong sa nga gawain sa bahay at sa paaralan? Bakit?
Bakit kailangan tayong magsumikap para sa ating kinabukasan?

## IV. PAGTATAYA:

**Panuto:**

Salungguhitan ang sugnay na pang-abay na sumusunod na pa gungusap.

1. Ibig na niyang umayaw sa lara subalit nahihiya siva sa riatatalong kalara.
2. Napakahusay niyang lumangoy kasi bata pa siya ay sa nay na sanay na siya.
3. Pipilitin kong makaalis nang maaga upang makarating sa oras.
4. Ako ay sasali sa sayaw kung pahihiramin mo ako ng damit.
5. Dahil mahusay siyang bumigkas ng tula, napili siya sa balagtasan.

## V. TAKDANG-ARALIN:

**Panuto:**

Sumulat ng Iimang pangungusap na may sugnay na pang-abay.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nakapagbibigay ng palagay sa maaaring kalabasan ng kuwento kung may pagbabago sa banghay o tauhan

***Pagpapahalaga:*** Pagmamahal sa mga magulang

## II. PAKSANG-ARALIN:

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan**:* Pagbibigay ng Palagay sa Maaring Kalabasan ng Kuwento kung may Pagbabago sa Banghay o Tauhan
2. ***Nilalaman**:* Pagbibigayan

**Sanggunian:** BEC - PELC __d.__ Diwang makabansa Pagbasa p.96-97

## III. PAMAMARAAN:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

   Naranasan naba ninyong masorpresa? Ano ang naramdaman ninyo? Bakit?

2. ***Pagganyak:***

   Ibigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit. Maaaring gamitin ang "CLINING" o KLINO.

   a. <u>Abala</u> ang Kapisanan ng Kababaihan sa aming pook sa nalalapit na pista.
   b. <u>Matamlay</u> ang pakiramdam ng isang taong may sakit.
   c. <u>Pinatalastasan</u> ni Bb. Villanueva ang mga magulang ni Nestor na tatanggap siya ng medalyang ginto dahil sa katalinuhan.

### B. Paglalahad:

Bashin: Ang Sorpresa Kay Lolo Ben"

C. **Pagtalakay:**

Maaaring magkaroon ng pangkatang Gawain sa pagsagot sa mga tanong na may kaugnay na ibat ibang presentasyan.

**Itanong:**

a. Bakit mahal at iginagalang ng mga taga Sta Maria si Lolo Ben?
b. Paano ipinakita ng mga taganayon na mahal nila si Lolo Ben?
d. Anu-ano ang mga regalo ng mga taganayon sa kaarawan ni Lolo Ben?

E. **Paglalahat:**

**Itanong:**

Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng palagay tungkol sa maaaring kalabasan kung may pagbabago sa banghay 0 tauhan?

**Tandaan:**

Dapat isaalang-alang ang pagbabago sa katangian ng tauhan at pangyayaring naganap sa tauhan sa pagbibigay ng palagay.

F. **Pagpapayamang Gawain:**

Panuto:

Sabihin ang palagay sa maaaring kalabasan sa sumusunod na pagbabago.

1. Si Lita ay isang mag-aaral sa ikalaimang baitang. Marunong ngunit walang hilig magbasa ng aralin. Isang araw, nagbigay ng pagsusulit ang guro. Hindi siya nakapasa. Kaya siya ay naging masipag sa pag-aaral at nagbasa ng aralin, makapapasa kava siya? Bakit?

G. **Pagpapahalaga:**

**Itanong:**

Paano natin maipapakita ang pagmamahal sa ating mga magulang? Paano natin pakikisamahan ang ating mga magulang kung sila ay matanda na?

IV. PAGTATAYA:

**Panuto**:

Isulat ang inyong palagay sa maaaring kalabasan ng kwento.

1. Si June ay nakatira sa tabing dagat. Dito siya nagtatapon ng mga basura. Kaya ilang taon ay naging marumi ang tubig. Kaya sa palagay ninyo gumawa siya ng hukay at doon nagtapon ng basura. Dudumi kaya ang tubig? Bakit?

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumawa ng isang kuwento sa inyong buhay . na .inyong pinagsisihan. Paano ninyo ito itutuwid?

# FILIPINO V

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pakikinig:** Naitatala ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa tekstong napakinggan.

***Pagpapahalaga:*** Pagmamahal sa Bayan

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan***: Pagtala ng pagsunod-sunod ng mga pangyayari.
2. ***Nilalaman***: Panahon ng mga Espanyol

**Sanggunian:** BEC-PELC blg. __ d. __
**Kagamitan:** Larawan, tsart, Batayang Aklat PMANA pahin 61-63

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Magbigay ng mga dayuhang gustong sumakop sa ating bansa.

Papayag ba kayong sakupin nila ang ating bansa.

2. ***Pagganyak:***

Ipakita ang mga larawan ng mga dayuhang sumakop sa bansang Pilipinas. Kilalanin kung sinu-sino sila. Saang bansa sila nakatira?

3. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

Isulat ang titik ng salitang kasingkahulugan ng salitang nasa Hanay A. piliin ang salita sa Hanay B.

A

| | | | |
|---|---|---|---|
| _____ | 1. | Ekspedisyon | a. rebulto na kawangis ng isang di malilimutang tao |
| _____ | 2. | Archipelago | b. grupo ng mga isla na napaliligiran ng tubig |
| _____ | 3. | Imahen | c. paglalakbay na may layuning tumuklas |

4. ***Pagtatakda ng Layunin:***

a. Ipakita ang larawan ng Eskpedisyon ni Magellan.

b. Ipakita ang pamagat ng teksto

1. Sino ang unang dayuhang sumakop sa Pilipinas?
2. Sino ang pangalawang sumakop?
3. Sino ang sumunod sa mga Amerikano?

**B. Paglalahad:**

Pagbasa ng guro sa isang tekstong hango sa aklat. "Ang Pagdating ng mga Espanyol", Batayang aklat, PAMANA pahina 61-63

**C. Pagtalakay:**

**Itanong:**

1. Kailan sinimulan ni Magellan ang paglalayag patungong silangan?
2. Ano ang pangunahing layunin sa pagtungo sa Silangan?
3. Bakit .napunta ang grupo ni Magellan sa Isla ng Samar?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Batay sa tekstong napakinggan, isulat ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod. Pag-usapan ang mga ita batay sa layunin.

**E. Paglalahat:**

Paano inaaayos ang teksto? Ano ang dapat tandaan tungkol dito?

**G. Pagpapahalaga:**

| Sang-ayon ka ba rito? | Oo | Hindi | Di-tiyak |
|---|---|---|---|
| 1. Unahin ang bansa bago ang sarili<br>2. Ipagtanggol ang bansa sa pananakop ng dayuhan.<br>3. Sumama sa mga dayuhan bilang pakikiisa sa kanila. | | | |

## IV. PAGTATAYA:

Bumasa ng isa pang teksto habang nakikinig ang mga batao Ipatala ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Humanap ng mga sipi tungkol sa mga dayuhang sumakop sa ating bansa. Itala ang pagdating ng mga ito ayon sa pagkakasunudsunod na panahon/taon.

**FILIPINO V**

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pagsasalita:** Nagagamit ang pang-abay sa pagsasalaysay.

**Pagsulat:** Pagsusulat ng natatanging pangyayari sa binasa

***Pagpapahalaga:*** Pagpapanatili sa Kulturang Pilipino

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan**:* Paggamit ng pang-abay sa pagsasalaysay at pagsulat ng natatanging pangyayari sa binasa.
2. ***Nilalaman**:* Kulturang Pilipino

**Sanggunian:** BEC-PELC Blg. __d.__ Aralin 20 Diwang Makabansa Wika V p. 124 Bagong Siglo V. p. 322

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

**Panuto -** Salungguhitan ang mga pang-abay sa sumusunod na talata.

Nagmamadaling (umalis) si tata Juan. Sa tingin niya, mabili (lumakad) ang oras sa lungsod. Kanyang kinainipan ang mabagal na takbo ng kanyang sinasakyan. Dali-dali siyang (bumaba) nang makita ang gusaling pupuntahan…….pah.53

2. ***Pagganyak:***

Magpakita ng larawn ng mga kalalakihang naghaharana.
Itanong: Ano ang ginagawa ng mga kalalakihan sa larawan.

3. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

Tanungin ang mga bata ng mga bagay na maiuugnay nila sa Salitang harana. Gamitin ang istrateheyang World Association or Word Network.

4. ***Pagtatakda ng Layunin:***

Itanong kung ano ang alam nila tungkol sa harana, kung ano at kung ano ang nais nilang malaman tungkol dito.

| ALAM KO | NAIS MALAMAN | ALAM KO NA |
|---|---|---|
| | | |

**B. Paglalahad:**

Ipabasa sa isang mag-aaral na mahusay bumasa ang teksto na nakasulat sa tsart. Ang Harana

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa teksto.

1. Kailan nagsimula ang harana?
2. Sino ang nagsasagawa nito?

3. Paano at bakit ginagawa ito?
4. Bakit laganap ang harana noon?
5. Bakit unti-unting nawawala ang harana?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Ipasuri sa bawat pang kat ang mga nahangong pang-abay.

Tumawag ng kinatawan sa bawat pangkat na magsasalaysay sa mga pangyayari sa binasa na gamit ang mga pang-abay.

**E. Paglalahat:**

Paano ginamit ang mga pang-abay sa tekstong binasa? Ano ang dapat tandaan sa paggamit ng mga pang-abay?

**F. Pagpapayamang Gawain:**

**Panuto:**

Punan ng angkop na pang-abay ang mga patlang upang malinaw na maisalaysay ang nilalaman ng talata.

"Remy, Remy!" ang ______ na sigaw ni Ester. "Totoo ba ang nasagap kong balita na ikaw raw ay nang mag-aaral ngayon?" "Kung gayon hindi nakapagtatakang ikaw ay nakakakuha ng matataas na mi1rka sa ating pagsusulit," ang ______ sinabi niya.

**G. Pagpapahalaga:**

Ipaliwanag:
Ang harana ay tunay na magandang dapat nating kaugaliang Pilipino na panatilihin.

## IV. PAGTATAYA:

Panuto:
Sumulat ng mga pangungusap at gamitin ang mga sumusunod na mga salita bilang mga pang-abay.

1. Marahan
2. Magaling
3. Bigla
4. Dahan-dahan
5. Unti-unti

## V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng inyong natatanging karanasan na gamit ang hanggang limang pang-abay.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pagbasa:**

- ❖ Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga salitang hiram na bernakularjwikang banyaga

***Pagpapahalaga:*** Pangangalaga sa Kalikasan

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan***: Pagpapaliwanag ng Kahulugan ng mga Salitang Hiram sa Bernakular/ Wikang Banyaga
2. ***Nilalaman***: Pangangailangan at Imbensyon

**Sanggunian:** Bagtas sa Pagbasa 5 pahina 219-220, Pilipinas: "Ang Lupang Hinirang" 5 pahina 163

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Pagbigayin ang mga salitang hiram o banyaga.

2. ***Pagganyak:***

   - ❖ Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang imbensyon.
   - ❖ Itanong:
     a. Ano ang kabutihang naidudulot nito?
     b. Ano  ang kasamaan o masamang epekto nito sa tao, hayop at kapaligiran?

**B. Paglalahad:**

1. Pagbasa ng Seleksyon “Pangangailangan at Imbensyon”

**C. Pagtalakay:**

Ilahad ang seleksyon na ipinaririnig. Ipabasa ito nang pabigkas sa ilang bata.

a. Ano ang karaniwang paraan ng paglalakbay ng mga tao noon? Paano nalunasan ang suliraning ito?
b. Paano napadadali ang gawain sa mga tahanan? Sa bukid? Sa mga palimbagan?
c. Ano ang nagtulak sa tao para magsagawa ng iba't ibang uri ng imbensyon?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

- ❖ Pangkatin ang mga bata sa tatlo.
- ❖ Bawat pangkat ay bubunot ng gawain.
- ❖ Pag-usapan at pagtutulungang gawin o sagutin itong mga kasapi ng bawat pangkat

**Itanong:**

1. Anu-ano ang mga salitang hiram na matatagpuan sa seleksyon? Ipaliwanag ang mga kahulugan nito sa bernakularjwikang banyaga.
2. Sinu-sino sa inyo ang mayroon sa bahay ng mga nabanggit na imbensyon o kagamitan?

**E. Paglalahat:**

Ano ang tawag sa mga salitang pressure cooker, computer, washing machine at mimeograph machine?

Anu-ano naman ang kahulugan ng mga salitang hiram na ito sa bernakular/ wikang banyaga?

**F. Pagpapahalaga:**

Kailangan ba ang mga imbensyon para sa pagpapabilis ng ating pangangailangan?
Anu-ano ang mga gawaing kailangan para hindi magkaroon ng masamang epekto sa mga tao, hayop, pananim at kapaligiran?

## IV. PAGTATAYA:

Ipabasa sa mga bata ang nakasulat na mga talata sa tsart. Ipasalungguhit ang mga salitang hiram at ipapaliwanag ang kahulugan nito sa bernakular/wikang banyaga. “Pamumuhay na Sosyal” pah. 157

## V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng 2 talatang binubuo ng 10 pangungusap na ginagamitan ng salitang hiram. Ipapaliwanag ang kahulugan ng mga ito sa bernakularjwikang banyaga.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nabibigyan ng wakas ang di-tapos na seleksyon

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa mga Magagandang Kaugaliang Pilipino

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagbibigay ng Wakas sa Di-tapos na Seleksyon
2. ***Nilalaman:*** Kaugaliang Pilipino

**Sanggunian:** BEC-PELC __d.__ Diwang Makabansa Pagbasa p. 127-129 FM 161-163
**Kagamitan:** tsart

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   **Panuto:**
   Isulat ang angkop na sugnay na pang-abay.
   a. Masayang-masaya si Adelfa dahil ________.
   b. Ang mga tao ay nalulungkot kapag ___________.
   c. Ganadong-ganado siyang kumain kapag ____________.

2. ***Pagganyak:***

   Mayroon ka bang mga kaibigan? Paano kayo nagkakasayahan ng iyong mga kaibigan?

3. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

   Ibigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

a. Si Pepito ay <u>soloista</u> ng kanilang kombo dahil magnda ang boses. (isang mag-aawit, isa sa dalawang mag-aawit, solong mambibigkas)
b. Si julian ang <u>binatilyong</u> anak nina Mang Sergio at Aling Minda. (nag-iisa, lalaking tinedyer, suwail)

4. ***Pagtatakda ng Layunin:***

a. Ano ang nangyari sa panghaharana ng Kuwatro Primos?

b. Bakit natigilan si Pablito nang kunin niya ang baso ng inumin?

**B. Paglalahad:**

Basahin. “Ang Kuwarto Primos” (DM Pagbasa p. 127-129)

**C. Pagtalakay:**

**Itanong**:
1. Sinu-sino ang kasama sa Kuwatro Primos?
2. Bakit silatinawag na Kuwatro Primos?
3. Bakit nagsasanay ng mga awiting pamasko ang Kuwatro Primos?

**D. Paglalahat:**

Paano nabibigyang wakas ang isang di-tapos na kuwento.

**E. Pagpapayamang Gawain:**

Basahin at isulat ang angkop na wakas (FM p. 164)

**F. Pagpapahalaga:**

Kailangan ba nating panatilihin ang kaugaliang Pilipino, tulad ng paghaharana? Bakit?

IV. PAGTATAYA:

Panuto:
Basahin at isulat ang angkop na wakas.

**Ulirang Bata**

Mahirap lang sina Aling Cita at Mang Idel. Labandera si Aling Cita at traysikel drayber naman si Mang Idel. Ngunit mapalad sila sa pagkakaroon ng isang anak na babae na masasabing ulirang batao Ito ay si Paz.

"Inay, ako nap o ang gagawa niyan," ang kusang loob na sinabi ni Paz kapag kaya niya

ang ginagawa ng ina.

"Mag-aral ka na lang ng mga liksiyon mo. Gusto naming ng tatay mo na makatapos ka ng pag-aaral. Maganda ang kinabukasan ng taong may natapos na kurso."

## V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng isang kuwentong dati mo nang nabasa at sabihin kung ano ang wakas nito.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nabibigyan ng sariling palagay ang mga pangyayari.

**Pagsulat:** Naisusulat ang reaksyon sa isang natataning pangyayari sa binasa kaugnay ng mga pagbabagong naganap sa pamumuhay sa bansa.

***Pagpapahalaga:***

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan**:* Pagbibigay ng sariling palagay sa mga pangyayari.
Pagsulat ng reaksyon sa isang natatanging pangyayari sa binasa kaugnay ng mga pagbabagong naganap sa pamumuhay sa bansa.
2. ***Nilalaman**:* Pagbabago sa Pananampalataya ng mga Pilipino sa Panahon ng Kastila.

**Sanggunian:** BEC-PELC Blg. __ d. __ Aralin 23 Pamana V. p. 86-88; 154-155

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Pagganyak:***

Magpakita ng isang larawang nagpapahiwatig ng Katolisismo. Itanong ang mga bagay na makikita dito at kung ana ang ipinahihiwatig nito?

2. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***
Ayusin ang mga pinaghalu-halong titik upang makuha ang mga salitang tinutukoy ng mga sumusunod na katuturan.
a. mga taong nagpapalaganap YNMOSIREO
b. mga paring Katoliko LPAREY

3. ***Pagtatakda ng Layunin:***
Ano ang alam ninyo tungkol sa paglaganapng Kristiyanismo sa bansa?
Ano ang nais ninyo pang malamn tungkol dito?

**B. Paglalahad:**

Ipabasa ang lunsarang aralin nang malakas sa isang batang magaling bumasa.

**C. Pagtalakay:**

Panglahatang Gawain:

1. Ipasagot ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasa.
   a. Paano nagsimula ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa bansa?
   b. Anu-anong mga dasal natutunan ng mga Pilipino?
   c. Anu-ano ang ginamit ng mga Kastila sa paghikayat sa mga katutubo na yakapin ang Kristiyanismo?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

1. Ipabasang muli ang lunsarang aralin sa isang batao Pangkatin ang mga bata at hayaang isulat nila sa manila paper ang kanilang mga reaksyon o palagay sa mga sumusunod na pangyayari:
   a. Pagbabago sa pamumuhay ng mga Pilipino .nang maipalaganap ang Kristiyanismo.
   b. Ang pagsasama ng babae at lalake nang walang bendisyon ay ipinagbabawal.

**E. Paglalahat:**

Bakit mahalaga ang maipahayag ninyo ang sarili ninyong palagay o reaksyon sa iba't ibang pangyayari?

**F. Pagpapayamang Gawain:**

Isulat ang inyong palagay sa mga sumusunod na pangyayari:
a. Pagdarasal ng orasyon
b. Kung walang apelyido ang mga mamamayan
c. Di ipinagdiriwang ang mga pistang nayon

**G. Pagpapahalaga:**

Paano tayo tinuruan ng mga Kastila ng paniniwala sa Diyos?

IV. PAGTATAYA:

Iparinig sa mga bata ang sumusunod na talata at ipasulat sa kanila ang mga reaksyon nila dito.

***Ang Protestantismo***

Ang pagdating ng mga Amerikano ay siva naming pagwawakas o paghihiwalay ng estado at ng simbahan. Sa kanilang pananakop ay binigyang diin ng mga Amerikano ang pagtatatag ng demokratikong pamahalaan at ang patuturo sa mga Pilipino ng paraan ng pamamahala. Hindi sinakop ng mga Amerikano ang usa ping relihiyon. Dito nagkaroon ng laya ang mga mamamayang mamili ng

kanilang relihiyon at sumamba ayon sa kanilang pagnanais…..pah. 164

## V. TAKDANG-ARALIN:

Magtanong sa inyong mga magulang tungkol sa mga pangyayari noong Rebolusyong Edsa. Ibigay ang inyong reaksyon tungkol sa panawagan ng simbhan na suportahan sina Juan Ponce Enrile at Fidel V. Ramos. Ano sa palagay ninyo ang nangyari kung hindi naikalam ang simbahan?

## FILIPINO V

**Date: _______________**

I. LAYUNIN:

**Pagbabasa:**

- Nabibigyang katuturan ang mga salitang matalinghaga at nagagaamit ito sa pagsasalita at pagsulat.

***Pagpapahalaga:*** Pagiging masigasig sa pag-aaral

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan**:* Pagbibigay ng katuturan sa mga salitang matalinghaga at paggamit ng mga ito sa pagsasalita at pagsulat.
2. ***Nilalaman**:* Kahalagahan ng Edukasyon

**Sanggunian:** BEC PELC Big. d. Aralin 24 Pllipino sa Makabagong Panahon V pp.38-43
Balarilang Pang-a raw-a raw VI pp.41-42

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

**Panuto:**

Suriin ang mga sumusunod na pangungusap at salungguhitan ang mga matatalinghagang salita. Ibigay ang kahulugan ng bawat isa.

a. Ang binatilyo ay naniningalang pug ad na.

b. Huwag kang magtaingang-kawali sa aking mga sinasabi.

c. Ang buhay ng mag-anak na iyan ay isang kahig isang tuka.

2. ***Pagganyak:***

May kakilala ba kayong taong hindi nakatapos ng pag-aaral dahil sa katamaran o kawalang interes na magaral? Ano ang katayuan niya ngayon sa buhay?

**B. Paglalahad:**

1. Ipabasa ang kwento nang tahimik gamit ang pamaraang Pag-iisip nang Pabigkas (Think Aloud) "Litong-Lito si Ben"
2. 1. Halos **mamuti ang mata** ni Ruel sa kahihintay sa kapatid.
      a. Naiinip na siya.
      b. Napuwing ang kanyang mata.
      c. Hirap na hirap na siya sa pagtingin sa daan.
   2. **Bulang-gugo** si Dante
      a. Masayahin si Dante
      b. Mahilig siyang gumamit ng gugo sa paliligo
      c. Galante at malakas siyang gumasta

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa teksto.

1. Sino ang batang di mahilig mag-aral sa kwento?
2. Ano ang sinabi ng kanyang guro dahil palagi siyang walang takdang aralin?
3. Ano interpretasyon ni Ben sa sinabi ng guro?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

***Pangkatang Gawain:***

Hayaang piliin ang bawat pangkat ang matatalinghagang salita sa kwentong binasa. Isusulat nila ang kahulugan ng bawat isa sa manila paper.

Hayaang gumawa ang bawat pangkat ng gma pangungusap gamit ang mga matatalinghagang salitang hinango mula sa kwento.

**E. Paglalahat:**

Ano ang tawag sa mga salitang ginamit ninyo sa pangungusap at hinango ninyo sa kwento? Bakit tayo gumagamit ng mga matatalinghagang salita?

**F. Pagpapahalaga:**

Ano ang dapat gawin ni Ben upang di siYa makakuha ng kalabasa sa Marso? Bakit dapat tayong mging masigasig sa ating pag-aaral?

## IV. PAGTATAYA:

Basahin ang sumusunod na pangungusap, salungguhitan ang matatalinghagang salita at sagutin ang mga tanong na sumusunod dito.

______ 1. Ikatlo ng hapon ang uwian ng mga bata. Ikalima na ya wala pa si Ester. Namumuti na ang mata ni Aling Selya sa paghihintay. Ano ang gagawin mo kung ikaw si Aling Selya?

a. Hihintayin mo pa rin si Ester.
b. Hindi mo ita papansinin.
c. Pupuntahan mo si Ester sa paaralan.

______ 2. Bukas ang palad ni Mang Cesar sa mga nangangailangan.Isang araw ay isang kapitbahay ang dumating. Kailangang-kailangan nito ang pera dahil sa anak na maysakit. Kung ikaw si Mang Cesar, alin dito ang gagawin mo?

a. Palalayasin mo siya.
b. Bibigyan mo siya ng pera.
c. Sasabihin mong saka na siya magbayad

## V. TAKDANG-ARALIN:

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na matalinghagang-salita.

1. **Agaw – buhay** na ang kanyang loob.
2. Bakit ka mukang **Biyernes Santos**?
3. **Patakbuhin** ang telang nabili mo?
4. **Nakapamburol** ng lumakad si Pedro.
5. **Malamig ang kamay** ng nanay ni Rosa.

**FILIPINO V**

**Date: ______________**

I. LAYUNIN:

**Pagbasa:** Nababalangkas ang mga kaisipan/pangyayari sa seleksyong nabasa.

***Pagpapahalaga:*** Pagpapahalaga sa ating pangulo

II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagbabalangkas sa Kaisipan/Pangyayari sa Seleksyong Nabasa.
2. ***Nilalaman:*** Pangulo ng Pilipinas

**Sanggunian:** BEC-PELC Blg. __ d. __

III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Ano ang natatandaan ninyo sa paggawa ng balangkas? magbigay nga kayo ng bahagi ng isang balangkas.

2. ***Pagganyak:***

   Ipakita ang mga larawan ng naging Pangulo sa ating bansa. Kilala ba ninyo ang mga nasa larawan? Sinu-sino sila? Anu-ano ang kanilang nagawa sa panahon ng kanilang panunungkulan?

3. ***Pagtatakda ng Layunin:***

   Ipakitang muli ang mga larawan. Sabihin ang pamagat ng teksto. Sa palagay ninyo sino ang unang naging pangulo ng Pilipinas? Pangalawa? At iba pa.

**B. Paglalahad:**

1. Basahin ang pangyayari sa panahon ng pamamahala ni Manuel A. Roxas sa pahina 227 ng batayang aklat, PAMANA V.
2. Ipakita ang tsart na halimbawa ng balangkas ni Manuel A. Roxas.

**C. Pagtalakay:**

1. Pag-usapan ang balangkas sa tsart
2. Itanong:
    a. Sa pangunahing paksa anong uri ng bahagi ang ginamit sa pagsulat?
    b. Ang kasangay na paksa, anong uri ng titik ang ginamit sa pangunahing paksa?
    c. Anong bantas ang ginagamitan pagkatapos ng Bilang Romano? Bilang Arabiko?
    d. Paano naisusulat ang mahahalagang salik sa mga paksa sa mga bilang Romano?

**D. Paglalahat:**

Ipabasa sa mga bata ang nakasulat sa tsart tungkol kay Pqngulong Elpidio Quirino ng batayang aklat, PAMANA V pahina 224. Gawan ito ng balangkas.

**E. Pagpapahalaga:**

Paano natin pinahahalagahan ang ating mga pangulo?

## IV. PAGTATAYA:

Basahin ang batayang aklat, PAMANA pahina 229 tungkol sa Pamamahala ni Diosdado Macapagal. Gawan ito ng balangkas.

## V. TAKDANG-ARALIN:

Ipabasa ang tungkol sa Pamamahala ni Ferdinand E. Marcos sa batayang aklat, PAMANA pahina 230. Gawan ito ng balangkas.

# FILIPINO V

**Date: _______________**

## I. LAYUNIN:

**Pakikinig:** Nakapagbibigay-lagom o buod sa tekstong napakinggan

**Pagsulat:** Nakapagbubuod ng isang kwento/sanaysay at naisusulat ang kaugnay nito sa mga isyung panlipunan.

***Pagpapahalaga:*** Panangutan sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng bansa.

## II. PAKSANG-ARALIN:

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan***: Pagbibigay lagom o Buod sa Tekstong Napakinggan/Pabubuod ng Kwento/Sanaysay
2. ***Nilalaman***: Pangangalaga sa Kapaligiran

**Kagamitan:** larawan, tsart, aklat: Pilipinas, "Ang Lupang Hinirang," pahina 316-319, Hiyas ng Filipino 5 (Wika) pahina 113-114

## III. PAMAMARAAN:

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Magbigay nga mga pamagat ng kwentong inyong narinig at kinagiliwan.

   Ibigay ang buod ng kuwentong narinig.

2. ***Pagganyak:***

   Ibig ba ninyong makinig ng isang kwento/sanaysay tungkol sa isyung panlipunan?

Pagkatapos makinig ay isulat ninyo ang buod ng kwento.

3. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

   Ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga salitang may salungguhit.

   a. Lumahok ang maring tao sa isinagawang demontrasyon dahil sa pagtaas ng presyo ng langis at bilihin.

   b. Magkakaroon ng kumperensya ang mga opisyal ng pamahalaan tungkol sa mga suliranin ng bansa.

**B. Paglalahad:**

1. Basahin ang kwentong "Ang Pagbagsak ng Ekonomiya 1988".
2. Ano ang dahilan ng pagbagasak ng Ekonomiya? Bakit kaya ganito ang nangyari?
3. Ipabasa uli sa isang batang marunong at malinaw bumigkas ang kuwento.

**C. Panglinang na Kasanayan:**

Ipasulat sa mga bata ang buod ng kwento at ipabigay ang kaugnayan nito sa isyung panlipunan.

**D. Paglalahat:**

1. Ano ang ibig sabihin ng paglalagom o pagbubuod?
2. Ano ang dapat tandaan sa paggawa nito?
3. Ano ang kahalagahan ng paggawa ng lagom o buod?

**E. Pagpapayamang Gawain:**

Iparinig ang isang kwento, ipasulat sa mga bata ang buod at ang kaugnayan nito sa mga isyung panlipunan sa isang manila paper.

**F. Pagpapahalaga:**

Lagyan ng tsek ang hanay ayon sa iyong sagot.
LSA – lubos na sumasang-ayon
LA – sang-ayon

DA – di sumasang-ayon
LDA – lubos na sumasang-ayon

| Mga Gawain | LSA | LA | DA | LD A |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pagsama sa rali. | | | | |
| 2. Paglaban para makuha ang karapatan. | | | | |
| 3. Paglalahad ng reklamo laban sa Pamahalaan sa Telebisyon. | | | | |
| 4. Pagsapi sa mga kilusang komunista. | | | | |
| 5. Pagsira ng mga kagamitang publiko. | | | | |

## IV. PAGTATAYA:

Pakinggan ang isang sanaysay. Pagkatapos isulat ang buod at ang kaugnay nito sa mga isyung panlipunan. “Ang Polusyon” pah. 173

## V. TAKDANG-ARALIN:

Sumipi ng isang kwento/sanaysay sa pahayagan o magazine. Isulat ang buod ng kwento at ang kaugnay nito sa mga isyung panlipunan sa isang buong papel.

4th

# FILIPINO V

**Date:** ______________

## I. Layunin

**Pagsasalita:** Nakabubuo ng mga pahayag na naglalahad ng sariling katwiran, pagpapasya at paniniwala.

**Pakikinig:** Naibibigay ng malinaw ang ulat sa balitang narinig

**Pagpapahalaga:** Ipagmalaki ang lahing Pilipino

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan**:*
    a. Pagbuo ng mga pahayag na naglalahad ng
        - sariling katwiran
        - sariling pagpapasya
        - sariling paniniwala
    b. Pagbibigay ng malinaw ang ulat sa balitang narinig.
2. ***Nilalaman**:* Pagka-Pilipino

**Sanggunian:** BEC-PELC blg. __ d __
**Kagamitan:** tsart ng kuwento

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

   Hingan ang mga bata ng maikling pahayag ukol sa naganap sa EDSA II at ang proklamasyon ni Pangulong Gloria M. Arroyo.

   **Itanong:** Kailan naganap ang EDSA II? Bakit. nagkaroon na naman ng EDSA II? Saan at sino ang iprinoklama na pangulo ng bansa pagkatapos ng EDSA II?

2. ***Pagganyak***

   Bakit dapat natin ipagmalaki sa mundo na tayo ay lahing Pilipino? Ano mang pagkaiba ng Pilipino sa ibang lahi?

## B. Paglalahad

Makinig sa awiting patugtugin ng guro mula sa cassette.
Awit: "Ako ay Pilipino"


## C. Pagtalakay

Pagkatapos nannlg ang awitin, talakayin ang mga sumusunod:

1. Ano ang pangunahing mensahe ng awit?
2. Malinaw ba ang pagbigkas ng mangaawit sa kataga?
3. Gaano kalawak at makulay ang mga sa!itang ginamit ng komposer?

## D. Panglinang na Kasanayan

a. Pangkatang Gawain:
   - Pangkatin ang mga bata sa tatlo.
   - Ipagawa ang Word Map sa bawat pangkat.
   - Ipasulat ang mga katangian ng isang Pilipino.
   - Ipaulat ang ginawa.



## E. Paglalahat

**Itanong**:

1. Ano ang naging basehan ng mga pahayag na naglalahad ng sariling katuwiran, pagpapasya at paniniwala?

2. Paano ang pagbibigay nang malinaw na ulat sa balitang narinig:

**Tandaan**:

- Ang pahayag ng isang tao nagiging basehan pa ito kung paano sinusukat ang kagandahang asal at edukasyon nito.
- Ang ulat na binibigay ay dapat tiyak, maikli at walang paligoy-ligoy.

## F. Pagpapayamang Gawain:

1. Pakinggan ang ulat na basahin ng isang bata.

**Ang Bagong Bayaning Pilipino**

Ang mga bagong bayaning Pilipino ay ating mga kababayan nagtatrabaho sa ibang bansa na ang tawag sa kanila ay "OFW". Sila ay nagpapakasakit para mabigyan ng mabuting kabuhayan ang mga mahal nila sa buhay. Sila rin ang nagbibigay ng malking bahagi sa ating ekonomiya.

Pagkatapos marinig ang ulat ibigay ang sariling pahayag.

## G. Pagpapahalaga:

***Itanong:***

Bakit dapat nating ipagmalaki ang lahing Pilipino? Ano ang pagkaiba ng lahing Pilipino sa ibang lahi? Anu-anong katangian dapat ipagmalaki ng Pilipino?

## IV. Pagtataya

Magbigay ng isang malinaw na ulat sa balitang narinig ukol sa pangyayari sa inyong pamayanan.

1. Proklamasyon ng mga halal na Opisyal ng Barangay.
2. Pagpapaganda at pag-aayos ng pamayanan.

## V. Takdang-Aralin

Makinig o manood ng balita sa radyo o telebisyon. Pumili ng isa sa balitang narinig at gumawa ng malinaw na ulat.

# FILIPINO V

**Date: ______________**

## I. Layunin k

**Pagsasalita:** Natutukoy at nagagamit sa pangungusap ang mga pang-angkop at pang-ukol

**Pakikinig:** Naisasalaysay ang narinig sa kwento o pangyayari ayon sa wastong pangkakasunud-sunod.

**Pagpapahalaga:** Pagtitiyaga sa kasipagan sa trabaho

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan:***
   a. Pagtukoy at Paggamit sa Pangungusap ang mga Pang-angkop at Pang-ukol
   b. Pagsasalaysay ng Narinig na Kwento o Pangyayari sa Pagkakasunud-sunod

2. ***Nilalaman:*** Tungkulin

**Sanggunian:** BEC-PELC blg. __ d ___
Masining at mabisang Pakikipagtalastasa sa Filipino, pah. 200-2006, 214-215 Ruben M. Milambiling

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng sagot sa takdang Gawain ng nakaraang aralin.

2. Balik-aral sa nakaraang aralin

   Pagtukoy sa mga pang-angkop at pang-ukol na ginagamit sa pangungusap

3. Pagganyak

   Pag-uusap tungkol sa larawan ng mga manggagawa

**B. Paglalahad**

Pagbasa sa kwento "Mga Manggagawang Pilipino sa Ibang Bansa".

**C. Pagtalakay at Paglinang sa Kasanayan**

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kwento?

a. Bakit nagtungo ang mga karaniwang Pilipino sa ibang Bansa?
b. Bakit ipinadala nang Ministro ng Paggawa si Jun sa ibang bansa?
c. Kailan makakapiling ni Jun ang kanyang pamilya?
d. Tulad ni Jun, bakit maraming Pilipino ang kinukuha ng mga taga-ibang bansa upang doon magtrabaho?
e. Ano ang naging bunga ng pagtitiisni Jun sa ibang bansa?

**D. Paglalahat:**

1. Anu-ano ang iba't ibang uri ng pang-ugnay na ginagamit sa pangungusap?

2. Kailan ginagamit ang pang-ukol?

3. Kailan ginagamit ang pang-angkop?

**E. Pagpapayamang Gawain:**

**Gawain 1:** Pangkatin sa tatlo ang mga bata:

**Pangkat I:** Basahin ang alamat. Tukuyin ang pang-angkop at pang-ukol na ginamit na binasa.

**Pangkat II:** Isulat ang guhit – banghay ang mga ginamit na pang-angkop at pang-angkop sa alamat at gamitin sa pangungusap.

**Pangkat III:** Isalaysay ang pangyayari sa alamat ayon sa wastong pagkakasunud-sunod.

### E. Pagpapahalaga:

Ipaliwanag:

1. Bakit kailangan ang pagtitiyaga at kasipagan sa trabaho?
2. Ano ang maidudulot sa ating bansa, kung ang mga manggagawa nating Pilipino ay mangingibang bansa?

## IV. Pagtataya

**Gawain 1:**

**Panuto:** Iparinig ang talambuhay ni Graciano Lopez Jaena at ipatukoy sa mga bata ang mga ginamit na pang-ukol at pang-angkop.

## V. Takdang-Aralin

Ipaliwanag kung bakit dapat o di dapat magtrabaho ang mga Pilipino sa ibang bansa. Salungguhitan ang lahat na ginamit na pangukol at bilugan ang lahat na ginamit na pangangkop.

# FILIPINO V

**Date:** ______________

## I. Layunin

**Pagsasalita:** Nagagamit ang mga pangatnig sa hugnayang pangungusap

**Pagsulat:** Nakasusulat ng talata sa parehong istilo

**Pagpapahalaga:** Pagtulong sa kapwa sa oras ng kagipitan

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan**:*
   a. Paggamit ng mga pangatnig sa hugnayang pangungusap
   b. Pagsulat ng talata sa parehong istilo

2. ***Nilalaman**:* Pagiging matulungin

**Sanggunian:** BEC-PELC blg. __ d __
Diwa ng makabansa Wika d. 127-129, Filipno Wika d. 332
**Kagamitan:** larawan ng iba't ibang bulkan

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral***

Sabihin kung ano ang tambalan o hugnayang mga sumusunod na pangungusap.

a. Natuyo ang mga pananim dahil sa matinding init  ng lava na ibinubuga ng bulkan.

b. Ang bumababa sa kabayanan ay putik kapag ang pagbuga ng bulkan ay nasabayan ng ulan.

2. ***Pagganyak***

Ipakita ang larawan ng Bulkang Pinatubo.

**Itanong:**

a. Anong bulkan sa Zambales ang pumutok noong Hunyo 12, 1991?
b. Anong epekto ang idinulot ng pagsabog ng Bulkang Pinatubo sa anyong lupa ng lalawigan ng Pampanga?

**B. Pagtatakda ng Layunin:**

**Itanong:**

- Ano ang alam mo tungkol sa bulkan?
- Ano ang nais mong malaman tungkol sa bulkan?

**C. Paglalahad:**

Ipabasa ang ulat: "Mga uri ng Buldan"

**D. Patalakay:**

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa ulat.

1. Ano ang bulkan?

2. Anu-ano ang uri ng bulakan?

3. Ano ang ibig sabihin ng patay na bulkan?

4. Paano masasabi na ang bulkan ay patay?

5. Bakit mahalaga ang pagtulong sa kapwa sa oras ng kagipitan?

## E. Paglinang sa kasanayan:

Pagbasa ng isang talataan. TM pah. 180

**Tanong:**

1. Anong uri ng talataan ito?
2. Anu-anong kaisipan tungkol sa ating katutubong kaugalian ang inilalahad sa talataang binasa?
3. Paano binuo ang mga kaisipang ibinigay?

## F. Paglalapat:

**Itanong:**

- Paano nagagamit ang mga pangatnig sa hugnayang pangungusap?

- Paano ang pagsulat ng talata sa parehong istilo?

## G. Pagpapahalaga:

**Itanong**: Bakit mahalaga ang patnulong sa kapwa? Anong mga kataga o pahayag ang ginagamitan natin kung humihingi tayo ng tulong?

# IV. Pagtataya

Piliin ang tamang pangatnig sa loob ng panaklong. Salungguhitan ang sagot.

1. (kung, dahil, kaya) sa kanyang pagkahuii ng dating, ang lahat ay hindi nakaalis.
2. May masasakyan tayo (kasi, sapagkat, sana) darating si Danny ngayon.
3. Magsikap kayong mag-aral (sapagkat, kasi, upang) maging maganda ang buhay.
4. Maganda nga siya (datapwat, bagaman, ngunti) suplada naman.

5. Nag-aaral ako (subalit, ngunit, dahil) gusto kong magtagumpay.

# V. Takdang-Aralin

Sumulat ng isang talata tungkol sa "Ang pagtulong sa kapwa ay mahalaga" Gamitan ang mga pangatnig na:

| | | |
|---|---|---|
| at | kasi | dahil |
| ngunit | sapagkat | kung |
| samantala | upang | |

# FILIPINO V

**Date:** ______________

## I. Layunin

**Pagsulat:** Nakasusulat ng poster, tagubilin, patalastas atbp.

**Pakikinig:** Nakasusunod sa panutong napakinggan

**Pagpapahalaga:** Pagbabahagi ng Talino sa kapwa ay tanda ng Pagmamahal sa kapwa

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan:*** Pagsulat ng Poster, Tagubilin, Patalastas atbp.

2. ***Nilalaman:*** Kakayahan

**Sanggunian:** BEC-PELC blg. ___ d ___

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. ***Pagganyak***

Anu-ano ang mga nababasa ninyo sa ating bulletin board sa bawat buwan?

Ilarawan kung papano nakasulat ang mga nababasa sa bulletin board.

### B. Paglalahad

Ipabasa sa mga bata ang nakasulat na "Patalastas" sa tsart.

### C. Pagtalakay at Paglinang sa Kasanayan

*Panglahatang Gawain:*

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang patalastas:

1. Ano ang pangalan ng ikinakampanyang klab?
2. Sinu-sino ang maaaring sumali rito?
3. Kailan sila nagpupulong?

### D. Paglalahat:

Tawagin muli ang pansin sa patalastas na pinag-aaralan.

**Itanong:**

1. Anu-anong mga impormasyon ang maaaring taglayin ng isang patalastas?
2. Saan-saan nakikita ang karaniwang patalastas?
3. Gaano kahaba ang karaniwang patalastas?

### E. Pagpapahalaga:

Matalino ka at may maraming alam na pagsasagawang gawain. Bilang kasapi sa samahang magsagawa ng programa, ano ang dapat mong gawin?

## IV. Pagtataya

Sumulat ng isang panuto sa sumusunod na paksa.

1. Paggawa ng atsara.
2. Paggawa ng parol
3. Paggawa ng personalized card.

## V. Takdang-Aralin

Bumuto ng patalastas tungkol sa mga sumusunod na sitwasyon.

Panahon ngayon ng kolera. Tiyaking hindi mikrobyo ang kasalo mo.

Ang mikrobyo ay nagmumula sa maruruming kasangkapang tulad ng plato, baso, kawali, kaldero, kutsilyo at iba pa. Upang makaiwas sa kolera, tiyaking malinis ang iyong kamay bago magluto. Tayo'y tulung-tulong, kaya natin ito.

# FILIPINO V

**Date:** _______________

## I. Layunin

**Pagsasalita:**

Nakapagbubuod ng naglalarawan (deskriptib), nagpapaliwanag (eksplanatori), nagsusunod-sunod (sekwensya), naglalahad (ekspositori).

**Pagpapahalaga:** Pakikilahok sa malayang pakikipagtalastasan.

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan:***
   a. Pagbubuod ng mga Talatang Naglalarawan, Nagpapaliwanag, Nagsusunod-sunod at naglalahad

**Sanggunian:** BEC - PELC Pakikinig, Diwang Makabansa - Wika 5, Pah. 79; Komunikasyon sa Filipino - Wika 4, pah. 88; Filipino sa Bagong Siglo - 6, pah. 270-280, 283

## III. Pamamaraan

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

   Magpakita ng larawan ng bawat kuwentong ipababasa. Ano ang mailalarawan ninyo sa mga larawang nakikita ninyo ngayon?

2. ***Pagganyak***

Sino sa inyo ang dumalo na sa isang Birthday Party? Kayo ba ay nawalan ng pera? Mayroon ba kayong matalik na kaibigan? At naranasan nyo naba ang magdiwang ng ating kalayaan?

**B. Paglalahad:**

Ipabasa sa mga bata ang mga sumusunod na talata. At ipapili kung alin sa mga sumusunod ang nagialarawan, nagpapaliwanag nagsunod-sunod o naglalahad.

Mga talata babasahin: TM pah.186

1. Ang Kaarawan ni Ate
2. Kahit Isang Sentimo
3. Ang Magkakaibigan
4. Pagdiriwang ng kalayaan

**C. Pagtalakay:**

Sagutin ang mga tanong:

1. Anong arawang kaarawan ng kanyang ate?
2. Ilan sa bisita ang umawit?
3. Bakit mahalaga ang isang sentimo kay Esteban?

**D. Paglalahat:**

Gumawa ng mga talata gaya nang:

a. **Naglalarawan**
   Pagmamahal sa isang kapatid

b. **Nagpapa1iwanag**
   Nabundol mo ang isang tao

c. **Nagsusunod-sunod**
   Pamamasyal sa isang lugar

d. **Naglalahad**
   Pagdiriwang sa araw ng mga pusa

**E. Pagpapayamang Gawain:**

Piliin kung alin ang naglalarawan, nagpapaliwanag, nagsusunod-sunod o

naglalahad.

1. Siya ay may magandang mukha.
2. Nagdiriwang ang mga tao tuwing fiesta ng bayan.
3. Ipinaliliwanag niya na hindi siya ang may gawa.
4. Maraming mga kaibigan ang kuya ko.
5. Ang ating  bahay ay malaki.
   - Paano nagagamit ang mga pangatnig sa hugnayang pangungusap
   - Paano ang pagsulat ng talata sa parehong istilo?

## IV. Pagtataya

Sumulat ng isang talata. Pumili sa mga sumusunod:

a. Ang Kaarawan ng Nanay – naglalarawan

b. Nakapulot ka ng pera – nagpapaliwanag

c. Naglalaro kayo ng inyong mga kaibigan – pagsusunod-sunod

d. Pagdiriwang sa araw ng mga puso – naglalahad.

## V. Takdang-Aralin

Maghanap ng isang kuwento sa mga teksto tungkol sa paglalarawan, pagpapaliwanag, pagsusunod-sunod at paglalahad. At isulat ang buod nito sa papel.

# FILIPINO V

**Date:** ______________

**I. Layunin**

**Pagbasa:**

- Nakikilala kung ang mga impormasyong nasa pahayagan ay opinion o katotohanan

**Pakikinig:**

- Naitatala ang mga pahayag ng positibo/negatibo sa napakinggang teksto

**Pagpapahalaga:** Pagpapahalaga sa edukasyon

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:***
    a. Pagkilala kung ang Impormasyon sa Pahayagan ay Opinyon o Katotohanan
    b. Pagtatala ng mga Pahayag sa Positibo /Negatibo na napakinggang teksto

**Sanggunian:** BEC - PELC Pagbasa blg._d_ Pahayagan:

**III. Pamamaraan**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak :***

a. Sino sa inyo ang may pangarap na makapag-aral sa kolegio?
b. Ano naman ang gusto ninyong matapos paglaki ninyo?

2. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan :***

Ibigay ang kahulugan ng bawat salita at gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita:

salutatoryan balediktoryan maykaya
napatunayan permit
pinamulta

**B. Paglalahad**

1. Pagbasa sa mga pagganyak na tanong
   - Paano mo makikilala ang mga impormasyon sa pahayagan kung ito ay opinion o katotohanan.

**C. Pagtalakay:**

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Taga-saan ang mga estudyanteng Koreano?

2. Bakit ayaw ipatanggap ang mga mag-aaral na Koreano?

3. Sino ang kalihim ng Bureau of Imbestigation?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Pagtalakay sa narinig at binasang balita

Anong uri ng pagpapahayag ang napakinggan ninyo sa A? Ito ba ay positibong pagpapahayag o negatibong pagpapahayag?

Anong uri ng balita ang B? Ito ba ay opinion o katotohanan?

**E. Paglalahat:**

Basahin at suriin kung ang mga pamagat ng artikulo ay nagpapahayag ng positibo o negatibong pagpapahayag.

1. Anomalya sa Drug Testing
2. China, Sumusuporta sa Anti-Terrorist Drive
3. Tiwaling SSS Official, ikakalaboso.

## IV. Pagtataya:

Kilalanin ang pamagat ng artikulo. Isulat ang O sa puwang kung ang balita ay opinion at K naman kung ang balita ay katotohanan.

1. Unano nagging Higante ____________.
2. Pagbubukas ng Sobre galing PCI Bank, pinagtatalunan ______________.
3. LPG sa ,Kyusi, Dapat timbangin. _____________.

## V. Takdang-Aralin

Gumupit ng balita tungkol sa opinion at katotohanan. Sumulat ng mga artikulong positibo at negatibong pagpapahayag.

# FILIPINO V

**Date:** ______________

**I. Layunin:**

Natutukoy ang mga kaalaman sa mga bahagi ng pananaliksik (term paper)

**Pagpapahalaga:** Katipiran/paggamit muli ng mga patapong bagay.

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:***
   Pagtukoy sa mga kaalaman sa mga bahagi ng pananaliksik

**Sanggunian:** BEC- PELC Pagsulat Sandigan pah. 313-316
**Kagamitan:** Halimbawa ng pananaliksik –zerox copy strip na papel – bahaging pananaliksik

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak :***

   Anu-ano ang mga bahagi ng isang mabisang kasangkapan upang maihatid ang pinakabagong kaalaman, impormasyon o imbensyon?

**B. Paglalahad:**

Ipabasa ng tahimik / pabigkas ang isang halimbawa ng pananaliksik

## C. Pagtalakay/Paglinang sa Kasanayan:

1. Paglalaro ng pahulaan

    - Pangkatin ang mga bata
    - Ibigay ang iba't ibang bahagi ng pananaliksik na nakasulat sa strip ng papel
    - Ipatukoy ang mga bahagi ng pananaliksik sa pamamagitan ng larong pahulaan.

2. Ipasagot

    a. Ano ang inyong binasa?

    b. Anu-ano ang mga bahagi ng pananaliksik?

    c. Anong bahagi kung saan makikita ang mga katanungan?

## D. Paglalahat:

Tawagin muli ang pansin sa binasang pananaliksik:

Anu-ano ang mga bahaging dapat tandaan sa pananaliksik.

## E. Pagpapahalaga:

*Ipaliwanag*

1. Ang pagiging mapamaraan ay isang bagay na makatutulong sa katipiran.

2. Nakatutulong din ito sa pagbawas sa mga basura na itatapon/polusyon.

## IV. Pagtataya:

Isulat kung anong bahagi ng pananaliksik ang tinutukoy ng mga sumusunod: Piliin ang wastong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| panimula | pamamaraan | pangalan ng proyekto |
| layunin | rekomendasyon | |

_____ 1. Guptin ang plastik ng maliit. Ilagay sa lata ang plastic. Haluin ng mabuti ang plastik na gamit ang patpat hanggang malusaw.

_____ 2. Shoe Polish Mula sa Plastik

_____ 3. Ang kerosene/gas ay mapanganib. Gawa ito na may kasamang nakatatanda.

_____ 4. Ang pakay nito ay makatulong sa pagbabawas ng basurang plastik.

_____ 5. Isa sa problema n gating bansa ay ang basura lalung-lalo na ang plastic na isang non-biodegradable na material.

## V. Takdang-Aralin:

Sumulat ang isang payak na pananaliksik sa alin man sa sumusunod na paksa na ginagamitan ng mga bahagi nito.

1. Ang kapakinabangan ng mga lumang papel.
2. Ang kapakinabangan ng mga balat ng lansones

# FILIPINO V

**Date:** _______________

**I. Layunin:**

**Pagsasalita:** Natutukoy ang mga hakbang sa pagbuo ng talata

**Pagsulat:** Nakasusulat ng isang talata na may wastong bantas

**Pakikinig:** Nakukuha ang mga mahahalagang detalye sa talatang napakinggan

**Pagpapahalaga:** Pagbabahagi ng talino sa kapwa tanda ng pagmamahal sa kapwa.

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:***
   a. Pagtukoy sa mga Hakbang sa Pagbuo ng Talata at Pagsulat ng Isang Talata na may Wastong Bantas
   b. Pagkuha ng Mahahalagang Detalye sa Talatang Napakinggan

2. ***Nilalaman:*** Ang Ating Pambansang Watawat

**Sanggunian:** Diwang Makabansa (Wika) p. 14-17, Filipino 5 (Wika) ni Alladin de Guzman p. 351-365

**Kagamitan:** larawan ng watawat ng Pilipinas, mga halimbawa ng talata na nakasulat sa manila paper.

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***

    Anu-ano ang mga bantas? Kailan natin ginagamit ang bawat isa?

2. ***Pagganyak:***

    Pagapakita ng larawan ng watawat ng Pilipinas. Hayaan ang mga batang ilarawan ito o sabihin kung ano ang nasa isip nila tuwing makikita nila ang pambansang watawat.

3. ***Pag-alis ng sagabal:***

    Hanapin ang kalahati ng ginupit na puso upang malaman ang kahulugan ng mga salita:
    Halimbawa:

    Silahis ng araw – sinag ng araw

    Sagisag – simbolo

    Lalawigan –syudad

**B. Paglalahad:**

Iparinig, "Ang watawat ng Pilipinas"

**C. Pagtalakay:**

1. Anu-ano ang kulay ng watawat ng Pilipinas?
2. Ano ang kahulugan ng bawat kulay sa ating watawat?
3. Ilang silahis mayroon ang araw sa ating watawat?
4. Ano ang sinasagisag ng walong silahis ng araw?
5. Paano isinusulat ang pamagat ng talatang, "Ang Watawat ng Pilipinas".

**D. Paglalahat:**

Anu-ano ang mga hakbang sa pagbuo ng talata? Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat nito?

**E. Pagpapayamang Gawain:**

Gumawa ng isang talata tungkol sa isa sa Paksa. Lagyan ng tamang bantas.

1. Maganda ang Bayan Kong Pilipinas
2. Ang Aking Guro ay isang Huwaran
3. Mga Bayani ang aking Nanay at Tatay

**F. Pagpapahalaga:**

Dapat ba natin pahalagahan at igalang ang ating pambansang watawat? Paano?

**IV. Pagtataya:**

Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong.

Paborito kong pasyalan ang bayabasang iyon. Ang malalabay na sanga ay hitik na hitik na bunga na halos sumayad sa lupa sa hampas ng malakasna hihip ng hangin. Tuwang-tuwa ang mga ibon sa pagdapo rito dahil sa mabangong amoy ng mga hinog na bunga. Kapag taglagas, ang mga tuyong dahong nalaglag ay animo karpet na nakalatag sa lupa. Sa ilalim ng punong bayabas na iyon, ay presko, malilim at tahimik dito ko pinalipas ang maraming masasayang araw ng aking kabataan.

1. Aling pangungusap ang pinakabuod ng talata?

2. Ano ang tawag sa pangungusap na iyon?

3. Sa palagay mo angkop kaya ang pangwakas na pangungusap? Bakit?

**V. Takdang-Aralin:**

Pumili ng isa sa mga paksang pangungusap sa ibaba. Bumuo ng talata batay sa naipiling paksa.

1. Ang kasipagan ay susi ng tagumpay.
2. Panatag ang aking kalooban kung kasama ko ang aking magulang.
3. Masarap mamuhay sa lalawigan

# FILIPINO V

**Date: _____________k**

**I. Layunin:**

**Pakikinig:** Naitatala ang mga napakinggang pamilyar/di pamilyar na salita

**Pagbasa:** Nagagamit ang talatinginan (diksyunaryo) sa paghahanap ng kahulugan

**Pagpapahalaga:** Pagiging matiisin

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan**:* Pagtatala ng mga napakinggang pamilyar/di pamilyar na salita.

2. ***Nilalaman**:* Paggamit ng Talatinginan (diksyunaryo)

**Sanggunian:** Batingaw, Aklat sa Pilipino p. 244 ni Gregorio M. Rodillo
**Kagamitan:** larawan ng isdang Ayungin, talatinigan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***

Pagbibigay ng kahulugan sa mga salita ayon sa gamit sa pangungusap.

1. Puno na ang tubig sa <u>dram.</u>

2. Masarap matulog sa papag.

3. Nagpapalakas ng katawan ang gulay at isda.

2. ***Pagganyak:***

Ano ang paborito nyong ulam? Bakit? Pagpapakita ng larawan ng isdang Ayungin.

**B. Paglalahad:**

1. Pagbasa ng tula: “Paksiw na Ayungin”.
2. Pagsagot sa mga tanong:
    1. Ano ang isdang tinutukoy sa tula?
    2. Paano ang pagkain ng paksiw na Ayunin ?
    3. Bakit sa ganitong paraan dapat kainin ang isdang ito? Ano ang ibig ipahiwatig ng tula?

**C. Pagpapahalaga:**

Ano ang katangiang Pilipino ang ipinakikita sa tula?

**D. Pagsasanay:**

Hanapin sa tula ang mga pamilyar at di pamilyar na salita.

**E. Paglalahat:**

Paano ginagamit nang wasto ang talatinginan?

## IV. Pagtataya:

Hanapin sa talatinginan ang kahulugan ng mga sumusunod:

1. saloobin
2. himpilan
3. inampalan
4. kabangyaman
5. mataman

## V. Takdang-Aralin:

Hanapin sa talatinginan ang mga salitang hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan.

# FILIPINO V

**Date: _____________k**

## I. Layunin:

**Pagsasalita:** Napapaikli/nabubuod ang mga nabasa/napakinggang teksto pagkatapos ng talakayan.

**Pagbasa:** Naisasagawa ng pahapyaw at mabilis ang pagbasa

**Pagpapahalaga:** Ipamahagi ang kaalaman upang marami ang makinabang

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan**:* Pagpapaikli/Pagbubuod ng mga Nabasa/Napakinggang Teksto.
   Pagsasagawa ng Pahapyaw at Mabilis na Pagbasa

2. ***Nilalaman**:* Pagbibigay ng Kaalaman sa Kapwa

**Sanggunian:** BEC-PELC Masining at Mabisang Pakikipagtalastasan – Pagbasa 5, pp. 116 at 299, Ugnayan sa Pagbasa 5 pp. 178
**Kagamitan:** larawan ng gagamba at manila paper

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain:

1. ***Pagganyak :***

   a. Magpakita ng larawan ng isang gagamba na may hawak na supot.

b. Tatalayin ang larawan.

2. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

kaalaman, haligi, pangamba, palumpong

1. Anong k ang hindi mananakaw sa isang tao?
2. Anong p ang nagpapatibay sa bahay?
3. Anong t ang mararamdaman kung may nagawang kasalanan?
4. Anong h ang nagbibigay ng hangin?

3. ***Pagtatakda ng Layunin:***

a. Ipabasa ng pahapyaw ang kuwento. (Ang Supot ng Kaalaman)
b. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang gusto nilang malaman sa kuwentong babasahin.
c. Isusulat ng guro sa pisara ang mga tanong at pipili ng isa na sasagutin sa pagtatalakayan.

**B. Paglalahad:**

1. Pagbasa ng kuwento/Pakikinggan ang kuwento:

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa mga tanong:

1. Ano ang pinangangambahan ng Gagamba?
2. Bakit ayaw niyang magkaroon ng kaalaman ang mga tao?
3. Ano ang ginawa niya sa kaalaman?
4. Saan-saan niya itinago ang kaalaman?
5. Ano ang ipinayo ng anak sa kanya?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

1. Ilang pangungusap ang bumubuo sa unang talata?

2. Ano ang ginawa upang maibigay ang buod?

3. Ilang pangungusap ang bumubuo sa ikalawang talata?

**E. Paglalahat:**

1. Paano maibibigay ang buod ng isang sanaysay, kuwento?
2. Ano ang pahapyaw na pagbasa?

**Tandaan**:

- Sa pagbubuod, ang mga mahahalagang kaisipan lamang ang dapat isulat.
- Iwasan ang pagbibigay ng mga mahahabang pangungusap, sa halip ay paikliin lamang ang mga ito sa pamamagitan ng pagkuha ng mahalagang detalye.

**F. Pagpapahalaga:**

1. Ano an kahalahan ng mga pagmamahagi ng kaalaman?
2. Kung ikaw ang may kaalaman, ipapamahagi mo ba ito? Bakit?

**IV. Pagtataya:**

Mabilisang basahin ang kuwento. Ibigay ang buod ng nito.

Isang lalaki sa China ang bibili ng sapatos. Sinukat niya ang paa sa isang papel. Naiwan niya ito sa upuan sa bahay. Pagdating sa indahan ng sapatos ay hindi tuloy siya nakabili. Bumalik siya ng bahay upang kunin-ang sukat ng paa. Pagbalik niya sa tindahan ay sarado na ito. Ang sabi sa kanya ng tao sa labas, "Bakit hindi mo sinukat ang sapatos sa paa mo?" Ang kanyang sagot, "Mas mapagkakatiwalaan ko ang sukat sa papel kaysa sa aking sarili".

**V. Takdang-Aralin:**

Maghanap ng isang maikling kuwento o sanaysay. Isulat ang buod nito.

# FILIPINO V

**Date: ______________K**

## I. Layunin:

**Pagsasalita:**

- Nakikilala ang mga pahayag/talatang positibo, negatibo

**Pagsulat:**

- Nakasusulat ng isang talatang sanaysay tungkol sa pangangalaga sa luntian at malinis na kapaligiran.

**Pagpapahalaga:** Pangangalaga sa kapaligiran

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan:*** Pagkilala sa mga pahayag/talatang positibo, negatibo
   Pagsulat ng isang talatang sanaysay tungkol sa pagpapahalaga sa luntian at malinis na kapaligiran.

2. ***Nilalaman:*** Pangkapaligiran

**Sanggunian:** BEC-PELC Pamana d. 281 Makabagong Aralin sa Balarila d. 123
**Kagamitan:** strip ng manila paper/aklat

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain:

1. ***Balik-aral:***

    Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng talata?

**B. Paglalahad/Pagtalakay/Paglinang na Kasanayan:**

1. Ipabasa "Ang Pamamahala ni Ferdinand E. Marcos". TM pah. 205

2. Itanong:

    - Ano ang napansin ninyo sa ating talata?
    - Ano ang paksa ng unang bahagi?
    - Sa ikalawang bahagi, anu naman ang inyong napansin?
    - Tama ba ang pagkakasunud-sunod ng mga paksa?
    - Ano ang ibig sabihin ng positibo at negatibong paksa?

**C. Pagpapahalaga:**

Ipaliwanag

1. Bakit dapat nating pahalagahan ang ating kapaligiran?
2. Ang Kapaligiran ay kayamanan na dapat pahalagahan pagkat dito nakasalalay ang ating pag-unlad at higit sa lahat ito'y bigay ng Maykapal.

**D. Paglalahat:**

Tawagin muli ang pansin sa talatang pinag-aralan.

Itanong:

Anu-ano ang dapat tandaan sa paggawa ng talata?

**E. Pagpapayamang Gawain:**

Basahin ang talata at kilalanin kung positibo o negatibo.

Sa panahong ito na napakarami ng tao sa mundo ay siyang dahilan ng pagdumi ng ating kapaligiran, pati na rin ng mga ilog at dagat. Isa ito sa mga dahilan ng polusyon ng hangin na ating nalalanghap at ng tubig na ating

inlinom. Ang walang pakundangang pagputol ng mga puno sa kabunduakan…….TM pah. 205

## IV. Pagtataya:

Sumulat ng isang talata tungkol sa kapaligiran.

## V. Takdang-Aralin:

Pumili ng isang paksa sa ibaba na gagamitin sa pagsulat ng talata.

- Green Revolution
- Tapat ko, Linis ko
- Malinis at Luntiang Pamayanan

# FILIPINO V

**Date: ______________K**

## I. Layunin:

**Pagsasalita:** Natatalakay ang malalim na kahulugan ng binasang pahayag

**Pagbasa:** Nasasagutan ang mga palaisipan/patalinghaga sa pagpapalawak ng talasalitaan.

**Pagpapahalaga:** Tapat na pagtulong sa kapwa

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan:***
   Pagtalakay sa malalim na kahulugan ng binasang pahayag
   Pagsagot sa mga palaisipan / patalinghaga sa pagpapalawak ng talasalitaan

2. ***Nilalaman:*** Panlipunang Katarungan

**Sanggunian:** BEC-PELC Pamana d. 191. Ito an gating Wika p. 147, 167
**Kagamitan:** aklat at istrip ng manila paper

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain:

1. ***Pagganyak:***

- Simulan sa isang larong, "Ani ito?"
- Ipakita ang pinaghalong titik ng salitang pahayag (ayahpga) at

palaisipan (aiailanpp)

- Unahan sa pagsagot.
- Bigyan ng premyo ang unang makasagot.

**B. Paglalahad:**

1. Pagbasa sa pahayag ni Manuel L. Quezon:

   "Nasa karaniwang tao ang kaligtasan ng bansa hindi mag-aalsa ang mga tao kung ang bansa ay may panlipunang katarungan."

   1. Ano ang iyong binasa?
   2. Ano ang paksa ng kanyang pahayag?
   3. Sino ang pinaglalaban niya?
   4. Ano ang dahilan ng pag-aalsa ng mga tao?

**C. Pagtalakay/Paglinang na Kasanayan**

1. a. Ano ang pahayag

   b. Anu-ano ang dapat gawin upang maunawaan ang isang pahayag?

2. a. Ano ang salitang patalinghaga?

   b. Paano natin ito mauunawaan?

**D. Pagpapayamang Gawain:**

Piliin ang kahulugan ng mga nakasalungguhit na talinghaga at ipaliwanag.

1. Siya ay <u>hari ng yaman</u> sa aming lugar kanya lahat ang mga bahay paupahan ditto.

   a. isang haring asawa ng reyna

   b. mayamang-mayaman

   c. kayamanang pag-aari ng hari.

2. <u>Maitim ang puso</u> ng batang iyan kaya siya'y walang kaibigan.

a. batang kulay itim ang puso

b. batang maawain

c. batang salbahe

## E. Pagpapahalaga:

Ipaliwanag:

1. Si Manuel L. Quezon ay isang kilalang tagapagtanggol ng kapakanan ng mga mahihirap.
2. Tiniyak din niya na mapagtibay ng kanyang pamunuan ang magkaroon ng katarungang panlipunan ang lahat ng mamamayan lalung-lalo na ang mga mahihirap.

## IV. Pagtataya:

Piliin at salungguhitan ang kahulugan ng mga nakasalungguhit na talinghaga.

1. Bale wala lahat ang sasabihin mo, sapagkat siva ay <u>may taingang kawali</u>.
   a. may sugat ang tainga
   b. ayaw makinig sa pangaral
   c. hawakan ng kawali
2. <u>Di-maliparang</u> uwak ang kanilang lupain sa probinsya
   a. makipot na lupain
   b. malawak na lupain
   c. maraming uwak sa lupain

## V. Takdang-Aralin:

Isulat ang kahulugan sa patlang ng mga salitang may salungguhit.

1. Tanghali na pala, ika-labindalawa na ng tanghali, kaya pala <u>mahapdi na ang aking sikmura.</u> __

2. Pakinggan mong magsalita iyong bata. Talagang <u>may sinasabi.</u>

__________________.

3. <u>Agaw-buhay</u> ang nanay ko sa ospital. Naroon kaming lahat at siya'y binabantayan. ___________

4. Kaawa-awang mag-anak. Naulila na sila ng <u>haligi ng kanilang tahanan</u>.______________.

5. Ang <u>basag-ulo</u> ay dapat iwasan ng sinumang mamamayan. ______________.

# FILIPINO V

**Date: ______________K**

**I. Layunin:**

**Pagsulat:**

- Nakasusulat ng isang kathambuhay at talambuhay na ginagamit ang mga patern ng pagsulat ng talata

**Pakikinig:**

- Naitatala ang mga paksang diwang tuwiran at di-tuwirang inilalahad.

**Pagpapahalaga:** Pagpapakumbaba/pagkamakabayan

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagsulat ng isang kathangbuhay at talambuhay na gumagamit ng mga patern ng pagsulat ng talata
Pagtala ng mga paksang diwang tuwiran o di-tuwirang inilalahad

2. ***Nilalaman:*** Kabayanihan

**Sanggunian:** BEC-PELC Pagsulong sa Pagbasa VI pp. 23-26,
Pilipino sa Makabagong Panahon V pp. 252

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak:***

   Sinu-sino ang mga naging pangulo ng ating bansa? Sino sa kanila ang anak-mahirap at kilala sa kanyang pagiging mapagkumbaba?

2. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

   Isulat sa patlang ang titik ng kasingkahulugan ng salitang sinalungguhitan sa bawat pangungusap.

   _____ 1. Si Ramon Magsaysay ay isa sa mga naging <u>bantog</u> na pangulo ng Pilipinas.

   a. tanyag c. matalino
   b. mahusay d. mapagkawanggawa

   _____ 2. Dapat <u>sugpuin</u> ang mga taong sumisira sa katahimikan ng bayan.

   a. ibilanggo c. pabayaan
   b. pigilin d. pagbigyan

3. ***Pagtatakda ng Layunin:***

   Anu-ano ang alam ninyo tungkol kay Ramon Magsaysay? Ano pa ang nais ninyong malaman tungkol sa kanaya?

## B. Paglalahad:

1. Ipabasa ng tahimik ang talambuhay ni Ramon Magsaysay.

2. Pagsagot sa mga tanong.

   - Saan at kailan isinilang si Ramon Magsaysay?
   - Sa anong pamilya siya nabibilang?
   - Pang-ilang pangulo siya ng republika ng Pilipinas?
   - Ano ang nagawa niya sa bayan bago siya nagging pangulo?

## C. Panglinang na Kasanayan:

Hati-hatiin ang talambuhay sa bawat talata at ipasuri sa bawat pangkat. Ipatukoy ang paksang diwa ng bawat talata. Ipasuri sa mga bata kung ang paksang diwa ay tuwiran o di-tuwirang inilahad.

### D. Paglalahat:

Ano ang talambuhay? Ano ang ginamit na mga patern sa pagsulat ng talata ng talambuhay?

### E. Pagpapahalaga:

Ano ang katangiang parehong taglay nina Ramon Magsaysay at Melchora Aquino? Dapat ba silang tularan? Bakit?

Paano mo maipapakita ang iyong pagpapakumbaba tulad ni Ramon Magsaysay?

## IV. Pagtataya:

Isulat ang paksang diwa ng bawat talata at tukuyin kung ito ay tuwiran o di tuwirang inilalahad.

1. Minsan ay sinabi ng Pangulong Quezon na kailangang ang Pilipinas ang magkaroon ng isang wikang sarili. Hindi maari ang Kastila sapagkat ito'y hindi rin atin. Ang kailangan ay isang wikang Pilipino na maiintindihan ng lahat ng Pilipino.

   Piliin ang paksang-diwa ng talatang ito.

   a. Ang katangian ni Pangulong Quezon
   b. Anong wika ang kailangan natin
   c. Ang mga katangian ng iba't ibang wika

## V. Takdang-Aralin:

Pumili ng isa sa mga sumusunod na bayani at magsaliksik tungkol sa kanyang buhay. Isulat ang kanyang talambuhay.

1. Jose Rizal
2. Andres Bonifacio
3. Gregorio del Pilar
4. Apolinario Mabini
5. Antonio Luna

# FILIPINO V

**Date: ______________K**

**I. Layunin:**

**Pagsasalita:**

- Naiuugnay ang Dewey Classification System sa Call Number

**Pagpapahalaga:** Pagiging maayos

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pag-uugnay ng Dewey Classification System sa Call Center

**Sanggunian:** BEC-PELC
Likha VI pp. 27-31

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak :***

Sino sa inyo ang mas madalas pumunta sa aklatan?

Ano ana napansin ninyo sa paraan ng pagkakaayos ng mga aklat sa silid aklatan?

**B. Paglalahad:**

Pangkatin ang mga bata, dalhin sila sa silid aklatan. Ipapansin sa kanila ang pagkakaayos ng mga aklat. Hayaang manghiram ng isang aklat ang bawat pangkat sa sumusunod na paksa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| General Works | Siyensa | Sining | Kasaysayan |
| Pilosopiya | Teknolohiya | Literetura | Agham Pangsosyal |

### C. Pagtalakay/Paglinang na Kasanayan:

Hayaang mag-ulat muna ang lider ng bawat pang kat tungkol sa mga naobserbahan ng mga bata sa loob ng silidaklatan. Bigyang pansin ang mga sagot sa mga sumusunad na mga katanungan:

1. Paano nakaayos ang mga aklat?
2. Ano ang napansin ninyo sa mga aklat na may bilang?
3. Ano ang mga paksa ng aklat na hiniram ninyo at ang numero nila?
4. Ano ang tawag natin sa ganitong uri na pag-aayos ng mga aklat?
5. Saan nakasulat ang mga numero?

### D. Paglalahat:

Ano ang tawag sa talaan na ginagamit sa pag-aayos ng mga aklat? Ano ang kaugnayan nito sa Call Number?

### E. Pagpapahalaga:

Ano ang dapat gawin matapos gamitin ang mga librong hiniram? Bakit dapat ayusin ang mga ito?

## IV. Pagtataya:

Kunin ang Call Number ng mga sumusunod na aklat at isulat kung sa anong pangkat sila matatagpuan.

1. Science for Active Learning
2. Ang Lahing Pilipino sa Ikatlong Milenyo
3. Likha
4. Language Arts
5. $21^{st}$ Century Mathematics

## V. Takdang-Aralin:

Humiram ng limang aklat sa silid-aklatan. Kopyahin ang Call Number at isulat kung anong pangkat sila matatagpuan.

# FILIPINO V

**Date: ______________k**

## I. Layunin:

**Pagbasa:**

- Nakikilala at nabibigayang kahulugan ang impormasyong nasa iba't ibang tsart/grap

**Pagpapahalaga:** Pagpapahalaga sa kalusugan

## II. Paksang Aralin

### A. Deskripsyon:

1. ***Kasanayan:***

Pagkilala at Pagbibigay Kahulugan sa mga Impormasyong Nasa iba't ibang Tsart/Grap

**Sanggunian:** BEC-PELC
Diwang Makabansa, Pagbasa pahina 148
**Kagamitan:** Kwentong "Iba na ang Matangkad"

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain:

1. ***Balik-aral:***

Maikling pagsusulit sa nakaraang aralin.

2. ***Pagganyak :***

Gusto ninyo bang tumangkad? Anu-ano ang mga dapat gawin para tumangkad?

3. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

Piliian ang kahulugan ng salitang nakasalungguhit.

a. Kinagawian nang tatay ang magbasa ng dyaryo pagkagaling sa opisina sa hapon.

(kinagisnan, kinamihasnan, kinalimutan)

b. Masarap ang ginatang kuhol na may dahon ng malunggay. (suso,hipon, isda)

4. ***Pagtatakda ng Layunin:***

Marunong ka bang gumawa ng tsart o grap?

Ano ang tsart o grap? Anong impormasyon ang makikita sa mapa.

**B. Paglalahad:**

Pagbasa ng pabigkas sa kuwento sa pagbasa pahina 148-150.

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa mga tanong:

a. Bakit gustong-gusto ni Pablito na tumaas na gaya nina Ronnie at Rodel?
b. Anong uri ng pagkain ang kailangang kainin ng isang bata para siva lumaki at tumaas?
c. May pag-asa kava si Pablito na maging manlalaro ng basketball na tulad ni Ronnie at Rodel? Bakit?

**D. Paglalahat:**

Ang grap ay isang dayagram o balangkas na nasa parisukat na papel na nagpapakita ng kaugnayan ng dalawa o higit pang mga bagay o dami sa pamamagitan ng mga tuldok at guhit. Tulad ng tsart, nagbibigay ng ilang impormasyon.

**E. Pagpapahalaga:**

Ano ang pagkakaiba ng grap sa tsart? Madali bang gumawa ng grap kung may datos?

**IV. Pagtataya:**

Si Mang Sidro ay nagtitinda ng gulay. ibig niyang malaman ang kanyang kinikita sa buong linggo. Narito ang kanyang tubo sa anim na araw.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Php | 500.00 - | Lunes | |
| | 400.00 - | Martes | |
| | 385.00 | - | Miyerkules |
| | 450.00 | - | Huwebes |
| | 350.00 | - | Biyernes |
| | 375.00 | - | Sabado |

Ipawa ng tsart ang mga datos sa itaas at sagutin ang mga sumusunod na tanong?

1. Magkano ang kinita ni Mang Sidra sa araw ng Martes?
2. Magkano lahat ang kinita ni Mang Sidra sa buong Linggo?

## V. Takdang-Aralin:

3. Magkano ang kinita niya sa araw ng Huwebes? Ilan ang ibinaba ng kita ni Mang Sidro mula sa araw na ito?
4. Anong araw ang pinakamalakas ang kita?
5. Magkanoang kinita niya sa araw ng Huwebes? Ilan ang ibinaba ng kita ni Mang Sidro mula sa araw na ito?

# FILIPINO V

**Date: ________________k**

**I. Layunin:**

**Pagbasa:**

- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa mga impormasyong napapaloob sa grap, tsart atbp.

**Pagpapahalaga:** Kasipagan

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:***
   Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa mga Impormasyong Napapaloob sa Grap, Tsart
2. ***Nilalaman:*** Mga Halamang Gulay

**Sanggunian:** BEC-PELC
Diwang Makabansa, Pagbasa pahina 160-165

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak :***

Anong gulay ang masarap sawsawan ng mga pagkaing pinirito? Sino sa inyo ang may tanim na kamatis? Anong pakinabang ang nakukuha ninyo dito?

**B. Paglalahad:**

Ipabasa nang tahimik ang kwento. Maaari ring gamitin ang Ginanyak na Pagbasang Malakas.
Kuwento: "May Pera sa Kamatis"

## C. Pagtalakay:

Magkaroon ng lahukang gawain tungo sa pagsagot sa mga tanong patnubay.

1. Sinu-sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Saan galing si Mang Reynaldo? Ano ang ginawa niya doon?
3. Sino ang nasalubong niya sa kanyang pag-uwi?
4. Saan siya kinumbida ni Mang Quintin? Bakit?
5. Ano ang masasabi ninyo kay Mang Quintin?

## D. Panglinang na Kasanayan:

Si Mang Liloy ay may malaking manukan. Kumikita siya nang malaki sa mga manok at itlog na kanyang ipinagbibili. Gumawa siva ng larawang grap ng kinita niya sa loob ng anim na buwan, mula Oktubre hanggang Marso. Heto ang grap na ginawa niya.

| **Kinikita sa pinagbilihan ng itlog at manok mula Oktuble hanggang Marso** | |
|---|---|
| Oktubre | PPPPPPPP |
| Nobyembre | PPPPPPPPPP |
| Disyembre | PPPPPPPPPPPPP |
| Enero | PPPPPPPPPPPP |
| Pebrero | PPPPPPPPP |
| Marso | PPPPPPP |
| Bawat Pay Isandaang piso ang katumbas | |

## E. Paglalahat:

Paano itinatala ni Mang Quintin ang napagbili niyang kamatis bawat linggo? Ipaliwanag ang gamit ng grap o tsart.

### F. Pagpapahalaga:

Paano ipinakita ni Mang Quintin ang kanyang kasipagan? Bakit dapat maging masipag?

## IV. Pagtataya:

Basahin ang kalagayan sa ibaba at pagaralan ang tsart. Isulat pagkatapos ang sagot sa mga tanong na kasunod ng tsart.

Napansin ni Aling Pining na mahina sa matematika at pumayat ang anak niyang si Lea. Tuwing may eksamen sa Matematika mababa ang nakukuha nito. Dahil dito, pinatingnan ni Aling Pining ang kanyang anak sa doktor. Si Lea pala ay mahina ang resistensya dahil mahina siyang kumain bukod pa sa pagpupuyat. Binigyan ng bitamina si Lea at hindi na rin siva nagpuyat…….TM pah. 221

1. Sa anong buwan pinakamababa ang marka sa pagsusulit ni Lea?
2. Anong marka ang nakuha ni Lea sa pagsusulit noong Oktubre?
3. . Ano ang pinakamataas na markang nakuha ni Lea sa pagsusulit sa Matematika?
4. ula Agosto hanggang Oktubre, Hang porsyento ang itinaas ng marka ni Lea sa pagsusulit?
5. Sa anong buwan nakuha ni Lea ang markang 90%?

## V. Takdang-Aralin:

Pag-aralan ang grap sa ibaba at sagutin ang mga tanong na kasunod nito.
Si Mang Diego ay may malaking poltri.
Inirarasyon niya ang mga itlog sa mga tindahan tuwing Linggo. Ibig niyang malaman kung ilang itlog ang nairasyon niya sa buwan ng Enero.

1. Ilang itlog ang nairasyon ni Mang Diego sa unang linggo?
2. Kailan mas mar::uning itlog ang nairasyon ni Mang Diego?
3. Ilan ang nairasyong ikalawa at ikatlong lingo?
4. Ilan lahat ang nairasyong Itlog ni Mang Diego sa Buwan ng Enero?
5. Kailan pinakaunti ang nairasyong tubig.

# FILIPINO V

**Date: ______________k**

## I. Layunin:

**Pagbasa:**

- Nakabubuo ng mga tanong tungkol sa impormasyong napapaloob sa mapa, atlas at tsart

**Pagpapahalaga:** Pagpapaunlad ng mga likas na yaman

## II. Paksang Aralin

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagbubuo ng mga tanong tungkol sa irnpormasyon napapaloob sa mapa, atlas at tsart
2. ***Nilalaman:*** Likas na Yaman

**Sanggunian:** BEC-PELC
Pagsulong sa Pagbasa pp. 87-90

## III. Pamamaraan:

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak :***

Saang bahagi ng Pilipinas matatagpuan ang Samar? Upang madaling matunton ang mga lugar anong instrumento ang ginagamit?

**B. Paglalahad:**

Ipabasa ang kuwento ng tahimik. "Samar"

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kwento.

1. Sino ang kauna-unahang dayuhang natalang nakarating sa samar?
2. Anong 3 probinsya ang bumubuo sa Samar?
3. Bakit itinuturing itong nawawalang paraiso?
4. Bakit ang mga tao ay naninirahan lamang sa tabing-dagat at tabing-ilog?
5. Ano ang sagabal sa kaunlaran ng Samar?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Ipakita ang mapa ng Samar at ng isang tsart. Hayaang bumuo ng sarili nilang katanungan ang mga bata na masasagot sa pamamagitan ng mapa at ng tsart.

**E. Paglalahat:**

Ano ang kahalagahan ng may kasanayan sa paggamit ng mapa, atlas at tsart?

**F. Pagpapahalaga:**

Ang kapaligiran ay dapat nating pagyamanin. Paano natin ito mapapunlad? Paano natin mapapanatili ang kaayusan nito?

**IV. Pagtataya:**

Bumuo ng limang katanungan batay sa mapa sa Timog Silangang Asya.

**V. Takdang-Aralin:**

Tingnan ang mapa ng Pilipinas. Ano ang mga maaaring itanong batay sa mga sumusunod na sagot na makikita sa mapa?

1. Karagatang Pasipiko
2. Davao
3. Bulkang Mayon
4. Palawan
5. Leyte

# FILIPINO V

**Date: _____________k**

**I. Layunin:**

**Pagsusulat:**

- Nakasusulat ng biro, palaisipan at ipa pa.

**Pagpapahalaga:** Kahalagahan ng pagngiti

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagsulat ng biro, palaisipan at iba pa.
2. ***Nilalaman:*** Kahalagahan ng Pagngiti

**Sanggunian:** BEC-PELC
Pilipino sa Makabagong Panahon V p. 28

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak:***

Sinu-sino ang mga kilala ninyong komedyante? Ano ang nagagawa nila sa buhay natin? Paano nila tayo napapasaya?

2. ***Pagpapalawak ng Talasalitaan:***

Ibigay ang kahulugan ng nakasalungguhit na salita.

- Nakapagpapagaan ng ating kilos ang pagngiti.
- Huwag kang pilosopo kapag kausap ng nakatatanda.

**B. Paglalahad:**

Ipabasa sa mga bata ang sumusunod na kwento.

"Mga Palaisipan"

**C. Pagtalakay/Paglinang sa Kasanayan:**

Pangkalahatang Gawain

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kwento.

1. Ano ang aralin ng mga bata para sa araw na iyon?
2. Bakit daw mahalaga ang pagngiti ayon sa guro?
3. Sino ang namilosopo sa kwento? Bakit siva tinawag na pilosopo?
4. Ano ang ginawa ng klase upang sila ay matawa?
5. Anu-anong mga biro ang nabanggit sa kwento?

**D. Paglalahat:**

Ano ang mga biro o palaisipan? Paano sila nagpapagaan sa ating buhay?

**F. Pagpapayaman ng Gawain:**

Bakit dapat tayong nakangiti palagi? Paano ito nakatutulong sa atin?

**IV. Pagtataya:**

Sagutin ang mga sumusunod na palaisipan o biro.

1. Kung ang isang aso ay nakakulong at ang isa naman ay pinakawalan, sino ang sisigaw ng "Pakawalan ninyo ako!"?

2. Ano ang tawag sa kalabaw na lampas na sa apat na taong gulang

3. Pag nagtapon ka ng bato sa dagat, ano ang mangyayari ditto?

4. Sino lamang ang lalaking nag-aahit ng maraming beses sa loob ng isang araw?
5. Kung pawawalan mo ang isang kabayo sa kagubatan, hanggang saan ito maaaring pumasok sa loob ng gubat?

## V. Takdang-Aralin:

Gumawa ng album ng mga palaisipan o biro.

# FILIPINO V

**Date: ______________k**

**I. Layunin:**

**Pagsulat:**

- Naksusulat ng maikling balita tungkol sa mga pangyayaring nagaganap sa paligid

**Pagpapahalaga:** Paglaban sa Moralidad

**II. Paksang Aralin**

**A. Deskripsyon:**

1. ***Kasanayan:*** Pagsulat ng Maikling balita Tungkol sa mga Pangyayaring Nagaganap sa Paligid.
2. ***Nilalaman:*** Mga Kaganapaan sa Panitikan

**Sanggunian:** BEC-PELC
Landas ng Wika at Panitikan pp. 105-109

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagganyak :***

Anu-anong mga pahayagan ang kilala ninyo? Anu-ano ang mababasa natin ditto? Sinu-sino sa inyo ang nais maging tagasulat ng balita?

**B. Paglalahad:**

Ipabasa ang sumusunod na balita sa pamaraang pinatnubayang pagbasa.

"Pope, Man of the Year"

**C. Pagtalakay:**

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa balitang binasa.

1. Ano ang sinasabi sa ulo ng balita?
2. Ano ang impormasyong napapaloob sa unang talata?
3. Anong karagdagang impormasyon ang inilalahad sa mga sumusunod na talata?
4. Ano ang magandang halimbawang ipinakita ng Santo Papa?
5. Paano nilabanan ng Santo Papa ang pagpapalaganap ng imoralidad?

**D. Panglinang na Kasanayan:**

Pangkatang Gawain

Ipasuri muli sa bawat pangkat ang balitang binasa at ipasagot ang sumusunod na tanong:

1. Aling talata ang nagtataglay ng mahahalagang diwa/detalye ng balita?
2. Anong mga pangungusap sa balita ang sumasagot sa tanong na ano, sino, kalian, saan at paano naganap ang balita?

**E. Paglalahat:**

Bigyang pagkakataon ang bawat pangkat na ipaliwanag ang paraan ng pagsulat ng balita ayon sa ginawa nilang pagsusuri.

**F. Pagpapahalaga:**

Tawagin muli ang pansin sa balitang pinag-aralan at itanong kung ano ang magandang nagawa ng Santo Papa na naging dahilan upang tanghalin siyang Man of the Year?

## IV. Pagtataya:

Sumulat ng balita hinggil sa alinmang paksa:

1. Ang di pagtakbo ni Gloria Macapagal Arroyo sa 2004 election.
2. Ang paglilitis kay Mark Jimenez.
3. Ang selebrasyon ng Bagong Taon.

## V. Takdang-Aralin:

Gumupit ng tatlong mahahalagang balita sa isang pahayagan na inaakala mong nagtataglay ng mga bagay na natalakay sa aralin?